

DILIMAN GENDER REVIEW

Bol. 3

2020



Karapatang sipi © 2020
UP Diliman Gender Office (UPDGO)
Unibersidad ng Pilipinas

Reserbado ang lahat ng Karapatan
ISSN No. 2619-7014

Inilalathala ng:
UP Diliman Gender Office (UPDGO)
Unibersidad ng Pilipinas
2/F Benton Hall, M. Roxas Street,
UP Diliman, Quezon City; 1101
(8)981-8500 loc. 2467
updgo@up.edu.ph

UP Diliman Gender Review

Ang Diliman Gender Review (DGR) ay upisyal na journal ng UP Diliman Gender Office (UPDGO) na inilalathala isang beses bawat taon. Bilang pagsasagawa ng mandato nitong gender mainstreaming, naglalathala ito ng mga pangkasariang pananaliksik, mapanlikhang sulatin, rebyu ng mga tesis, disertasyon, aklat, at produktong pangmidya. Layon nitong magtanghal at magpalaganap ng mga bagong kaalaman at mapalakas ang talastasang pangkasarian na maaaring gamitin sa gawaing pagtuturo, administrasyon at ekstensiyon. Nag-aambag ito sa layunin ng Unibersidad na maging mayabong ang gawaing pananaliksik at paglalathala sa usapin ng kasarian at kaunlaran.

Tungkol sa Pabalat

Sinisimbolo ng pabalat ang sari-saring representasyon ng kababaihan, kalalakihan, at LGBTQ+ na nakapaloob sa patriyarkal na lipunan. Bagaman mayroon nang nakamit na pagkilala sa mga miyembro ng LGBTQ+, nananatili ang konserbatismo at heteronormatibong kultura na nagluluwal ng pagsasantabi at 'di pagkilala sa ibang kasarian. Itinatampok ng pabalat ang umiiral na pamantayan at imahen sa midya–lalaking malakas, maskulado at dominante. Samantala, ipinapakita naman ang pagtrato sa kababaihan bilang kasangkapan, ang papel bilang "ina", at pagiging "mahina". Sa realidad, hindi kailanman maikakahon ang kababaihan at ibang kasarian sa mga kahong nabanggit. Patunay ang taglay na husay at lakas ni Hidilyn Diaz, ang tapang ng kababaihan sa larangan ng serbisyo publiko at pamahalaan, ang kababaihan sa agham, at marami pang iba. Likhang sining ito ni Ma. Angela Luz Espinosa.

Copyright © 2020
UP Diliman Gender Office (UPDGO)
University of the Philippines

All rights reserved
ISSN No. 2619-7014

Published by:
UP Diliman Gender Office (UPDGO)
University of the Philippines
2/F Benton Hall, M. Roxas Street,
UP Diliman, Quezon City; 1101
(8)981-8500 loc. 2467
updgo@up.edu.ph

UP Diliman Gender Review

Diliman Gender Review (DGR) is the official journal of the UP Diliman Gender Office and is published annually. As part of the UPDGO's fulfillment of its mandate of gender mainstreaming, DGR features articles on gender research, creative works, and reviews of theses, dissertations, and media productions and releases. It aims to showcase, strengthen, and disseminate new knowledge on gender, which can be applied in teaching, administration, and extension work. DGR contributes to the University's production and publication of research on gender and development.

About the Cover

The cover represents the different representations of women, men and the LGBTQ+, in a patriarchal society. Although our country is very open to people who are LGBTQ+ we are still highly religious and heteronormative which leads to their ostracization. The artwork showcases how in media men are seen as strong, muscular, and more dominant from women. Meanwhile women in media displayed as objects, as mother figures and as the weaker sex. In reality though, women can never be boxed into these stereotypes since they are more than that. This can be seen through Hidilyn Diaz and her amazing strength, women leaders in the government, women in the sciences and many more. The cover is an artwork by Ma. Angela Luz Espinosa.

DILIMAN GENDER REVIEW

DILIMAN GENDER REVIEW 2020

LUPONG TAGAPAGPAGANAP (EXECUTIVE BOARD)

Kristel May Gomez-Magdaraog, RSW, MAWD
Tagapangulo (Chair)

Ma. Stephanie Joy A. Andaya
Cindy Cruz-Cabrera
Concepcion T. Marquina
Kasapi (Members)

LUPONG NG PATNUGUTAN (EDITORIAL BOARD)

Nancy Kimuell-Gabriel, Ph.D.
Punong Patnugot (Editor-in-Chief)

Ma. Stephanie Joy A. Andaya
Katuwang na Patnugot (Associate Editor)

Cindy Cruz-Cabrera
Katuwang na Patnugot (Associate Editor)

LUPONG TAGAPAYO SA PATNUGUTAN (EDITORIAL ADVISORY BOARD)

Brenda Rodriguez Alegre, Ph.D, Gender Studies, Faculty of Arts,
The University of Hongkong

Joi Barrios-Leblanc, Ph.D., Lecturer, University of California Berkeley

Gonzalo A. Campoamor II, Ph.D., CAL/OVCRD, UP

Teresa Paula S. De Luna, Ph.D., CAL/OASH, UP

Odine Maria M. De Guzman, Ph.D., CAL, UP

Rey C. Iletto, Ph.D., Emeritus Faculty, The Australian National University

S. Lily Mendoza, Ph.D., Com/Journ, Oakland University

Ma. Theresa T. Payongayong, Ph.D., CSSP/OVCAA, UP

Joefer B. Santarita, Ph.D., Asian Center, UP

E. San Juan, Jr., Emeritus Professor of English, Comparative Literature, &
Ethnic Studies, University of Connecticut

Rolando B. Tolentino, Ph.D., CMC/Film Institute, UP

Galileo S. Zafra, Ph.D., CAL, UP

MGA REBYUWER (REVIEWERS)

Glecy C. Atienza, Ph.D., CAL, UP Diliman

Peñafrancia Raniela E. Barbaza, Ph.D., CAL, UP Diliman

José S. Buenconsejo, Ph.D. CMu, UP Diliman

Flaudette May V. Datuin, Ph.D., CAL, UP Diliman

Michael Fast, Ph.D., South East Asian Theological Schools, Inc.

Vladimir B. Gonzales, Ph.D., CAL, UP Diliman

Jovy M. Peregrino, Ph.D., CAL, UP Diliman

Jayson D. Petras, Ph.D. CAL, UP Diliman

Ma. Luna Sicat-Cleto, Ph.D., CAL, UP Diliman

Joefer B. Santarita, Ph.D., AC, UP Diliman

Sir Anril Pineda Tiatco, Ph.D., CAL, UP Diliman

Beatriz A. Torre, CSSP, UP Diliman





PAMBUNGAD (Introduction)

- 20** Imahen ng Kababaihan sa mga Aklat
Paglalakbay sa Harap ng Imperyalismong
Amerikano: Isang Feministang Pagsusuri
(Images of Women in Travel Books during
American Imperialism: A Feminist Analysis)
Mary Dorothy dL. Jose, Ph.D.
- 52** Maginoo Kahit Pa Niloko? Pagbibigay-
kahulugan ng mga Lalaki sa Pangangaliwa
ng Kanilang Relasyon
(Gentlemen Even When Cheated On?
Men's Interpretation of Being Cheated on
by Their Romantic Partners)
*Princess Lovella Maturan
Mary Angelica Bonifacio
Rashia Andrea Lubuguin*
- 81** MAKUHA KA SA TINGIN: Ang
Deseksuwalisasyon ng Bidang Babae
sa Pagsasalin ng Mga Nobelang Romansa
(MAKUHA KA SA TINGIN: The
Desexualization of the Heroine in the
Translation of Romance Novels)
Mar Anthony Simon dela Cruz
- 107** Ang Boy Love Series Bilang Diskurso:
Isang Komparatibong Analisis ng *2gether
The Series* ng Thailand at *Hello Stranger*
ng Pilipinas
(Boy Love (BL) Series as a Discourse: A
Comparative Analysis of *2gether The
Series* of Thailand and *Hello Stranger* of
the Philippines)
Marvin R. Reyes, Ph.D.

**PASASALAMAT
(ACKNOWLEDGEMENT)**

Taus-puso naming pinasasalamatan ang lahat ng nakatulong
para mailabas ang ikatlong bolyum ng DGR:

sa mga nag-ambag ng artikulo, mga rebyuwer,
lupong tagapayo ng DGR;

kay Maria Christina Pangan para sa pagiging *copyeditor* ng DGR
Bol. 3;

kay Angela Espinosa para sa disenyo at *lay-out* ng aklat;

anumang pagkukulang sa gawaing ito ay nasa amin
pong mga balikat.

**PATNUGUTAN
DILIMAN GENDER REVIEW**

PAMBUNGAD

Ang kasalukuyang isyu ng *Diliman Gender Review* (2020) ay lumalabas sa gitna ng pananalasa ng pandemyang COVID-19 sa buong mundo. Sinikap naming manawagan ng mga papel na pumapaksa sa kasalukuyang kontekstong kinasasadlakan natin subalit marahil nga, bago ang karanasan, nakawiwindang at matindi ang impak sa atin ng pandemya. Nasagasaan nito pati ang ating pagsusulat. Walang naisumiteng isyu tungkol sa *pandemya* at *kasarian*.

Malamang, ngayon pa lamang natin matitipon ang mga datos, at sistematikong mapag-aaralan ang ating naging kalagayan at saka sisimulang talastasin ang impak ng pandemya sa mga kasarian. Sa midya at iba't ibang anyo ng talakayan at kuwentuhan, nangingibabaw ang isyu ng kahirapan at kawalan ng hanapbuhay (De Vera 2020; Purugganan 2020), pagkakasakit, at kamatayan. Ayon sa Center for Women Resources, 16M na kababaihang Pilipino ang "economically insecure," at higit na nakahantad sa pang-aabuso ang mga maralitang kababaihan (CWR 2020). Lubhang kakaunti ang ayuda ng pamahalaan na nagtulak sa pinakabulnerableng sektor sa pamamalimos. Sa maagang bahagi ng *lockdown*, halimbawa, ang pagkakagulo sa Sityo San Roque, Quezon City ay bunga ng gutom at pagnanais na makakuha ng suporta. Hinarap ito ng marahas na *dispersal* at pang-aaresto ng mga kapulisan dahil sa dahilang "illegal na pagtitipon", at mga paglabag daw sa patakaran ng *quarantine*, *curfew*, *mass gathering* at *social distancing*. Dalawampu't isang katao ang hinuli at pinagpiyansa ng P367,500 (\$7,350) bago palayain. Isang kabalintunaang ginawa pa sa hirap na hirap na kalagayan ng ating mga kababayan (Santos 2020a; Aspinwall 2020).

Ayon sa mga ulat, mas lumalâ pa ang *gender-based violence* sa panahon ng pandemya. Pinalalâ ito ng mga *lockdown* at kaakibat na problema sa espasyo, kawalan ng *privacy*, sapin-saping gawaing pambahay, at pagtatrabaho na mahusay na naipapahayag sa ekspresyong *multiple burden*. Bago rin ang senaryo ng mga trabahong dinala sa mga bahay dulot ng malawakang pagsasara ng mga opisina't empresa na nagbigay din ng ibayong kapaguran sa kababaihan sa pag-aasikaso ng pamilya. Sumingaw ang isyu ng *unwanted sex*, *unwanted pregnancy*, at kawalan ng suporta para sa reproduktibong kalusugan.

Masahol ang mga naiulat na kaso ng panggagahasa sa panahon ng pandemya dahil mismong kapulisan ang sangkot (Cimatu 2020; Bajo 2020; Comanda 2020) o kaya ay sa quarantine facility ito naganap (Desacada 2020). Ayon sa ulat ng PNP, 18 ang nagagahasa araw-araw mula Marso hanggang Agosto 2020 (Tupas, 2020). Sa kalagitnaan ng taon, umabot sa 3,600 kaso ng *violence against women and children* (VAWC) ang iniulat ng Philippine National Police (Ramos 2020). Sa Quezon City lamang, umaabot sa 12 kaso ng *domestic abuse* kada linggo ang inirereport sa awtoridad; bago magpandemya, ito ay nasa mga lima lamang (Calleja 2020; ABS-CBN 2020a). Ang marahas na pag-aaway ng mag-asawa at pisikal na pang-aabuso ay dulot ng biglaang pagkawala ng kabuhayan at trabaho ng mga pamilyado, *stress* dulot ng lockdown, at mga pangambang pangkalusugan (Chiu 2020). Pati ang mga nakatagong ekstra-marital na relasyon ay nabunyag din sa panahon ng lockdown at ang mga komprontasyon sa pagitan ng mag-asawa ay nauwi sa pananakit sa kababaihan (Calleja 2020).

Ang *sexual harassment* ay nangyayari sa daan, sa checkpoint operations, at online. Pito sa 10 batang babae sa Pilipinas ay nakararanas ng online harassment (De Vera-Ruiz 2020; Malig 2020; PCW 2020) at tinukoy na rin sa isang pag-aaral ngayong 2020 na ang Pilipinas ay global hotspot para sa online sexual exploitation of children (OSEC), ibig sabihin, ang Pilipinas ang pinakamalaking pinanggagalingan ng mga kaso ng OSEC (Ranada 2020; Rappler.com 2020a; IJM 2020).

Marami pang ibang makikita. Kahit ang pagpaparusa sa *curfew violators* at sa mga lumalabag ng lockdown ay may katangiang seksista din. Kadalasan, ipinapahiya ang mga LGBT sa pamamagitan ng “kiss and dance” number, at ang kalalakihan ay pinapalangoy sa kanal, pinapahiga sa ataul, at ikinukulong sa kulungan ng aso (Rappler.com 2020b; Angchay 2020; ABS-CBN 2020b). Sa kababaihan, nasaksihan din ang hrap sa panganganak sa panahon ng COVID-19 (Abad 2020; Portugal 2020; Valenzuela 2020); kawalan ng akses sa *family planning*; kakapusan ng condom at pills, pagsasara ng mga clinic, at kakulangan ng *health workers* para sa reproduktibong alalahanin (Santos 2020b). Tinatantiyang 3,688,000 o tumaas ng 1/5 ang kababaihang hindi makaakses ng family planning sa panahon ng lockdown. Ayon sa projection ng UP Population Institute at United Nations Population Fund (UNFPA), maaaring may karagdagang 214,000 mga sanggol ang maisisilang sa 2021 bilang resulta ng di-planadong pagbubuntis (Ratcliffe 2020).

Sa gitna ng kalagayang pandemiko, ipinakikilala namin ang pangatlong isyu ng DGR.

Para sa *DGR 2020*, ang tumatahing tema sa mga akda ay ang imahen at representasyon ng mga kasarian sa aktuwal na danas, potograpiya, panitikan, at mga telenobela.

Ang unang artikulo ay tumatalakay sa imahen ng kababaihan sa mga akda sa paglalakbay ng mga Amerikanong dinala ng misyong *benevolent assimilation* at *manifest destiny* at nanakop at nandambong sa ating bayan. Isang feministang pagsusuri ang ginawa ni Mary Dorothy dL. Jose, Ph.D. sa **Imahen ng Kababaihan sa mga Aklat Paglalakbay sa Harap ng Imperyalismong Amerikano: Isang Feministang Pagsusuri**. Ipinakita niya dito na ang potograpiya ay hindi obhetibo at may pinaglilingkurang ideolohiya. Sinuri niya ang mga larawang nakapakete sa mga *travellers' account* noong maagang panahon ng kolonyalismong Amerikano at ibinunyag kung paanong ang mga larawan ay nagpapakita ng rasistang pagtingin sa ating lahi bilang hindi sibilisado, mababangis at uróng na lahi. Pinuna din niya ang seksistang pagtingin—nagmamaliit, nag-i-*stereotype*, nagpapababa ng katayuan ng mga kababaihang lumad, Muslim, at Kristiyano. Sa pamamagitan ng paggamit ng lente ng *feminismong bayan*, sinuri ni Jose ang mga larawan upang ihayag at labanan ang mga pagsasagilid, pagsasamantala, at pagsasawalang-kapangyarihan sa kababaihan sa kasaysayan. Nakita niya ang pagkakaiba ng binuong imahen ng mga Amerikano sa kababaihan na kabaligtaran sa aktuwal na mahalagang papel at iniaambag nito sa lipunan.

Sa artikulong **Maginoo Kahit Pa Niloko? Pagbibigay-kahulugan ng mga Lalaki sa Pangangaliwa ng Kanilang Relasyon**, sinaliksik naman nina Princess Lovella Maturan, Mary Angelica Bonifacio, at Rashia Andrea Lubuguin ang reaksiyon ng kalalakihan sa pangangaliwa ng kanilang asawa at / o karelasyon. May kaugnayan din ang reaksiyon ng mga lalaking kalahok sa imahen ng pagkalalaki sa isang patriyarkal na lipunan. Anila, dahil ang mga lalaki ang inaasahang mas makapangyarihan at dominante sa pribado at pampublikong espasyo, nahahamon nang husto ang kanilang pagkalalaki sa isyu ng pangangaliwa ng babae. Dahil sa pag-iral ng *double standard* sa ating lipunan, ang pangangaliwa ay mas katanggap-tanggap kung ginagawa ng lalaki. Subalit ito ay isang “sugat sa dangal” o pagkapahiya ng kanilang “pagkalalaki” kung mga babae ang gumagawa. Sampung lalaki ang naging kalahok sa pananaliksik na ito na nagpakita ng kanilang pananaw sa

pangangaliwa ng mga babae, paraan ng pagtangan sa problema at pagbangon mula sa ganitong karanasan. Lumabas sa pananaliksik ang sumusunod na tema: ang paninisi sa kaparehang babae ngunit hindi sa karibal na lalaki; ang hindi pagbanggit at hindi pagharap sa karibal, at ang pagsasawalang-bahala sa nangyari. Sa kongklusyon, ipinakita ng mga may-akda na ang pagkapahiya ng kanilang pagkalalaki o ang kabawasan ng kanilang pagkalalaki ang magpapaliwanag sa kanilang mga aksiyon matapos ang ganitong mga karanasan—ang pagtutuon sa pagbuo muli ng kanilang reputasyon o imahen sa lipunan at pagbawi sa kanilang dangal at pagkalalaki.

Representasyon naman ng mga babae sa salin ng mga nobelang romansa ng Precious Hearts Romances ang pinagaralan sa ikatlong akdang **MAKUHA KA SA TINGIN: Ang Deseksuwalisasyon ng Bidang Babae sa Pagsasalin ng Mga Nobelang Romansa** ni Mar Anthony Simon dela Cruz. Ayon sa may-akda, bagaman may mga pag-aaral nang tumatalakay sa usaping pangkababaihan sa mga nobelang romansa, wala pang sumisiyasat sa presentasyon at representasyon ng mga babae sa salin ng mga akdang ito.

Sinuri niya ang ginawang pagsasalin sa 29 na nobelang inilathala ng Harlequin, ang nangungunang tagapaglathala ng mga nobelang romansa sa buong mundo, at sinuri niya ang may markang “Gold Edition” at itinuturing na *bestseller*. Sinuri ni dela Cruz nang maigi ang salin sa mga erotikong deskripsiyon na nakatuon sa seksuwal na pagnanasa ng mga bidang babae, kabilang ang mga tumatakbo sa isip nila kapag kaharap o iniisip ang bidang lalaki. Pinatunayan niya ang “talamak na omisyon sa pagsasalin” na nagreresulta sa deseksuwalisasyon ng kababaihan, o ang pagkitil o pagpapatahimik sa kaakuhang seksuwal ng mga babae. Ibig sabihin, sa mga salin, “nabubura ang danas ng babae bilang aktibo, nag-iisip, at seksuwal na tao.” Pangalawa, “nalulusaw ang marahas na tendensiya ng mga bidang lalaki na karaniwang nagpapakilig sa mga bidang babae.” Sa pagtatapos, ipinahayag sa pag-aaral na ang pagsasalin ay nagiging kasangkapan sa pagtataguyod ng o paghamon sa mga patriyarkal na pananaw. Ipinapalagay din niya na pangunahing salik ang dikta ng komersiyo sa presentasyon at representasyon ng seksuwalidad ng mga babae sa mga salin.

Ang Boy Love Series Bilang Diskurso: Isang Komparatibong Analisis ng *2gether The Series* ng Thailand at *Hello Stranger* ng Pilipinas ni Marvin R. Reyes, Ph.D. ang huling artikulo sa isyung ito.

Sinuri ni Reyes ang tinatawag na Boy Love (BL) Series sa mundo ng *digital entertainment*. Nagsimula sa bansang Thailand ang ganitong mga serye na minsan ding tinatawag na *Y series* (yaoi) dulot na rin ng impluwensiya ng mangá ng mga Hapon at ng Korean Hallyu sa South Korea. Ang dalawa sa BL series na sinuri at ikinompara niya ay ang *2gether the Series* ng Thailand at ang *Hello Stranger* ng Pilipinas. Sa pamamagitan ng komparatibong analisis, ipinakita ng awtor ang pag-usbong ng boy love at ang kabuluhan nito sa pagtanggap sa kasarian at seksuwal na oryentasyon sa lipunan. Binagtas nito ang posisyon ng BL sa industriya ng enterteynment at ipinaliwanag ang impluwensiya at impak ng mga ganitong serye. Ayon sa awtor, ang ipinagkaiba ng BL sa mga “nakagawiang diskursong pambakla” ay “nabuo ito sa perspektiba ng mga babae at para sa mga tagapagtangkilik na mga babae rin subalit nasaklaw nito ang lahat ng mga kasarian dahil sa taglay nitong impak at bagong perspektibo.” Ayon pa sa may-akda, nag-aambag ng bagong lapit ang pag-aaral na ito tungo sa pagtanggap ng kultura ng mga kasarian.

Lubos kong pinasasalamatan ang mga nag-ambag ng artikulo at mga rebyuwer sa isyung ito, gayundin ang Lupon ng Patnugutan at Lupong Tagapayo sa Patnugutan. Kasabay ng *DGR 2020* ang pagtatapos na rin ng aking panunungkulan bilang Punong Patnugot ng Journal at nagpapasalamat ako sa UP Diliman Gender Office sa pagkakataong makapaglingkod sa DGR na nagsimula noong 2018.

Nancy Kimuell-Gabriel, Ph.D.
Punong Patnugot
(Editor-in-Chief)

SANGGUNIAN (References)

- Abad, Michelle. 2020. "Mothers, Health Workers Call for Help in Coronavirus-hit Fabella Hospital." *Rappler.com*. 8 Agosto. <https://www.rappler.com/newsbreak/in-depth/mothers-health-workers-call-for-help-coronavirus-hit-fabella-hospital>. Inakses 13 Oktubre 2020.
- ABS-CBN News. 2020a. "QC Reopens Facility Responding to Gender-based Violence as Cases Spike During Lockdown". 25 Mayo. <https://news.abs-cbn.com/news/05/25/20/qc-reopens-facility-responding-to-gender-based-violence-as-cases-spike-during-lockdown>. Inakses 15 Oktubre 2020.
- ABS-CBN News 2020b. "VIRAL: 5 lalaki ipinasok sa kulungan ng aso dahil umano sa paglabag sa curfew sa Laguna." <https://news.abs-cbn.com/news/03/20/20/viral-5-lalaki-ipinasok-sa-kulungan-ng-aso-dahil-umano-sa-paglabag-sa-curfew-sa-laguna?fbclid=IwAR2ETUKJZ->. Inakses 15 Oktubre 2020.
- Angchay, Berchan. 2020. *ABS-CBN News*. 2 Hunyo. <https://news.abs-cbn.com/news/06/02/20/9-pinaligo-umano-sa-kanal-matapos-lumabag-sa-curfew-liquor-ban-sa-davao-city>. Inakses 15 Oktubre 2020.
- Aspinwall, Nick. 2020. "Coronavirus Lockdown Strikes Fear Among Manila's Poor." *Aljazeera.com*. 14 Marso. <https://www.aljazeera.com/news/2020/3/14/coronavirus-lockdown-strikes-fear-among-manilas-poor>. Inakses 13 Oktubre 2020.
- Bajo, Anna Felicia. 2020. "Admin Charge Vs. Cops in Fabel Pineda Rape-slay Case Not Dismissed--Cascalan". *GMA News Online*. 14 Setyembre. <https://www.gmanetwork.com/news/news/nation/755476/admin-charges-vs-cops-in-fabel-pineda-rape-slay-case-not-dismissed-cascalan/story/>. Inakses 15 Oktubre 2020.
- Calleja, Joseph Peter. 2020. "Domestic violence all the rage in Philippine Lockdown." *Ucanews.com*, 9 Oktubre. <https://www.ucanews.com/news/domestic-violence-all-the-rage-in-philippine-lockdown/89821#>. Inakses 13 Oktubre 2020.
- Center for Women's Resources (CWR). 2020. "Pandemic Tales: Women and Work in the time of COVID-19". Webinar. *Youtube*. 25 Abril. <https://www.youtube.com/watch?v=6XQy6NkjX4g>. Inakses 21 Oktubre 2020.
- Chiu, Patricia Denise M. 2020. "Lockdown Blamed for Cases of Violence Against Women". *Newsinfo.inquirer.net*. 14 Hunyo. <https://newsinfo.inquirer.net/1291289/lockdown-blamed-for-more-vaw-cases>. Inakses 15 Oktubre 2020.
- Cimatu, Frank. 2020. "15 Year-old, Allegedly Molested and Killed by Cops, Buried in Simple Ceremony". *Rappler.com*. 23 Hulyo. <https://www.rappler.com/nation/fabel-pineda-allegedly-molested-killed-by-cops-buried>. Inakses 13 Oktubre 2020.
- Comanda, Zaldy. 2020. "Benguet Rape Cases on the Rise due to Pandemic." *Mb.com.ph*. 8 Oktubre. <https://mb.com.ph/2020/10/08/benguet-rape-cases-on-the-rise-due-to-pandemic/>. Inakses 20 Oktubre 2020.
- De Vera, Ben O. 2020. "Urban Poor More Badly Hit by Coronavirus Crisis -- NEDA Chief." *business.inquirer.net*. 7 Agosto. <https://business.inquirer.net/304696/urban-poor-more-badly-hit-by-coronavirus-crisis-neda-chief>. Inakses 13 Oktubre 2020.
- De Vera-Ruiz, Ellalyn. 2020. "7 in 10 Girls, Women Experience Harassment Online, New Global Study Shows." *Mb.com.ph*. 12 Oktubre. <https://mb.com.ph/2020/10/12/7-in-10-girls-women-experience-harassment-online-new-global-study-shows>.

- ph/2020/10/12/7-in-10-girls-women-experience-harassment-online-new-global-study-shows/. Inakses 19 Oktubre 2020.
- Desacada, Miriam. 2020. "LSI Raped in Leyte Quarantine Facility". *Philstar.com*. 21 Agosto. https://www.philstar.com/nation/2020/08/21/2036759/lsi-raped-leyte-quarantine-facility?fbclid=IwAR2vya2ROwuMgZ11-ey5pNCpg_FfMqh3Up4E4xljJOzvsIKrG0ZJ3Vbx8k0. Inakses 13 Oktubre 2020.
- International Justice Mission (IJM), U.S. State Department of State Office to Monitor and Combat Trafficking in Persons (TIP) & Interagency Council against Trafficking-Philippines (IACAT). 2020. *Online Sexual Exploitation of Children in the Philippines: Analysis and Recommendations for Governments, Industry and Civil Society*. 2020. <https://www.ijm.org/studies/summary-report-online-sexual-exploitation-of-children-in-the-philippines-analysis-and-recommendations-for-governments-industry-and-civil-society>. Inakses 30 Oktubre 2020.
- Malig, Kaela. 2020. "Trolls Hack into Women Rights Group's Online Seminar, Show Lewd Photos and Play Vulgar Sounds." *GMA News Online*. 22 Abril. <https://www.gmanetwork.com/news/hashtag/content/735156/trolls-hack-into-women-rights-groups-online-seminar-show-lewd-photos-and-play-vulgar>. Inakses 21 Oktubre 2020.
- Philippine Commission on Women (PCW). 2020. "Sexual Harassment has No Place During ECQ, Punishable under Safe Spaces Act and other Existing laws." https://pcw.gov.ph/sexual-harassment-has-no-place-during-ecq-punishable-under-safe-spaces-act-and-other-existing-laws/?fbclid=IwAR3l6Y6XiyJq6k4zjn6Or2mTfK7YEeoAbtgPYj3x_xiyiHRC_Sgvp9EXddqM. Inakses 15 Oktubre 2020.
- Portugal, Adrian. 2020. "Fear and Resolve at Philippine Maternity Hospital amid Pandemic." *Reuters*. 18 Setyembre. <https://www.reuters.com/article/us-health-coronavirus-philippines-matern-idUSKBN2691U9>. Inakses 13 Oktubre 2020.
- Purugganan, Joseph. 2020. "Philippines: Informal Workers Face Brunt of COVID-19 Lockdown." 21 April. *Focus on the Global South*. *Focusweb.org*, 21 Abril 2020. <https://focusweb.org/philippines-informal-workers-face-brunt-of-covid-19-lockdown/>. Inakses 13 Oktubre 2020.
- Ramos, Christia Marie. 2020. "Over 3,600 Cases of Violence Against Women, Children Reported Since Lockdown -- Duterte Report." *Newsinfo.inquirer.net*. 8 Hunyo. <https://newsinfo.inquirer.net/1288275/over-3600-cases-of-violence-against-women-children-reported-since-lockdown-duterte-report>. Inakses 15 Oktubre 2020.
- Ranada, Pia. 2020. "During Coronavirus Lockdown: Abused Women, Children More Vulnerable." *Rappler.com*. 9 Mayo. <https://www.rappler.com/newsbreak/in-depth/during-coronavirus-lockdown-abused-women-children-more-vulnerable>. Inakses 15 Oktubre 2020.
- Rappler.com. 2020a. "Online Sexual Exploitation of Children may Rise During Lockdown - NGOs." *Rappler.com*. 15 Abril. <https://www.rappler.com/technology/online-sexual-exploitation-coronavirus-lockdown-child-rights-ngo>. Inakses 15 Oktubre 2020.
- Rappler.com. 2020b. "Barangay Captain makes LGBTQ+ quarantine violators do lewd acts as punishment." 7 Abril. <https://www.rappler.com/nation/barangay-captain-lgbtq-quarantine-violators-lewd-acts-punishment#Echobox=1586261742>. Inakses 31 Oktubre 2020.
- Ratcliffe, Rebecca, Fonbuena, Carmela. 2020. "Coronavirus Lockdown Could Lead to 214,000 Extra Babies in the Philippines". *The Guardian*. 29 Hunyo. https://www.theguardian.com/world/2020/jun/29/coronavirus-lockdown-could-lead-to-214000-extra-babies-in-the-philippines?fbclid=IwAR1_

TNNikUkotmXOMsHZ_7d4F5zCJVlRt15ZQyGhEITBQ_E8-gIZweu0XAw.
Inakses 13 Oktubre 2020.

Regan, Helen. 2020. "Stranded Woman Michelle Silvertino Died After Waiting for Days for a Bus Home During Lockdown." *CNN World*. 12 Hunyo. <https://edition.cnn.com/2020/06/12/asia/philippines-stranded-worker-death-intl-hnk-scli/index.html>. Inakses 15 Oktubre 2020.

Santos, Ana P. 2020a. "Poverty Punished as Philippines Gets Tough in Virus Pandemic." *Aljazeera.com*. 13 Abril. <https://www.aljazeera.com/news/2020/4/13/poverty-punished-as-philippines-gets-tough-in-virus-pandemic>. Inakses 13 Oktubre 2020.

Santos, Ana P. 2020b. "Philippine Faces Baby Boom after Lockdown Hits Family Planning." *Aljazeera.com*. 14 Hulyo. <https://www.aljazeera.com/news/2020/7/14/philippines-faces-baby-boom-after-lockdown-hits-family-planning>. Inakses 13 Oktubre 2020.

Tupas, Emmanuel. 2020. "18 Raped Daily During Quarantine". *Msn.com*. 1 Setyembre. <https://www.msn.com/en-ph/news/national/18-raped-daily-during-quarantine/ar-BB18B9gc>. Inakses 15 Oktubre 2020.

Valenzuela, Nikka G. 2020. "Woman Who had Just Given Birth Dies After Being Rejected by 6 Hospitals". *Newsinfo.inquirer.net*. 27 Abril. <https://newsinfo.inquirer.net/1265145/woman-who-had-just-given-birth-dies-after-being-rejected-by-6-hospitals>. Inakses 20 Oktubre 2020.



IMAHEN NG KABABAIHAN SA MGA AKLAT PAGLALAKBAY SA HARAP NG IMPERYALISMONG AMERIKANO: ISANG FEMINISTANG PAGSUSURI¹ (IMAGES OF WOMEN IN TRAVEL BOOKS DURING AMERICAN IMPERIALISM: A FEMINIST ANALYSIS)

Mary Dorothy dL. Jose, Ph.D.

ABSTRAK

Ang papel na ito ay isang pagsusuri kung paano ginamit ng pamahalaang Amerikano ang potograpiya bilang mabisang instrumentong kolonyal sa pagpapalaganap ng ideolohiyang pangkasarian tungkol sa kababaihan sa Pilipinas sa harap ng imperyalismong Amerikano. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa potograpiyang kolonyal, partikular sa mga akda sa paglalakbay, hinamon ng pag-aaral na ito ang pagiging obhetibo ng potograpiya, at sa halip ay sinipat ang gamit nito sa pagtataguyod ng partikular na propaganda at pagsisilbing midyum sa pagbuo ng “katotohanan” tungkol sa kababaihan na pabor sa layuning imperyalista ng mga Amerikano sa Pilipinas. Sa pagsusuri sa depiksiyon ng kababaihang katutubo, Muslim, at Kristiyano sa potograpiyang kolonyal, nagsilbing komentaryo ang mga larawan sa mga gawaing panlipunan, estado, at lebel ng sibilisasyon (o kawalan nito) hindi lamang sa konteksto ng kasarian kundi maging sa iba pang pagkakakilanlan katulad ng lahi, etnisidad, relihiyon, at maging uring panlipunan. Sa pamamagitan ng paggamit ng

¹ Bahagi ng disertasyon ng may-akda na pinamagatang “Kababaihan, Potograpiya, at Kasaysayan: Isang Pagsusuri sa Imahen ng Kababaihan sa Potograpiyang Kolonyal sa Harap ng Imperyalismong Amerikano.” PhD disertasyon sa Philippine Studies, University of the Philippines Diliman, Quezon City, 2021.

lente ng feminismong-bayan (feminismong mula sa at para sa bayan) bilang talastasang naglalayong magtaguyod ng kagalingan, kapakanan, at karapatan ng kababaihan, sinuri ang mga larawan ng kababaihan sa mga akda sa paglalakbay upang matukoy at malaban ang mga pagsasagilid, pagsasamantala, at pagsasawalang-kapangyarihan sa kababaihan sa kasaysayan. Bagama't ang mga larawan ay produkto ng perspektibang kolonyal na tinitigan ang kababaihan mula sa punto de bista ng mga Amerikanong may bitbit na bagaheng kolonyal, lumilitaw na may pagkakaiba sa kanilang representasyon sa mga larawan at aktuwal na papel sa kasaysayan. Sa huli, ang mga larawan ay mas sumasalamín sa paniniwala ng mga Amerikano tungkol sa kababaihang Pilipino sa halip na tunay na representasyon ng kababaihan sa lipunan. Gayundin, nagsilbing lunsaran ang mga larawan ng pagsusuri sa aktuwal na papel ng kababaihan sa kasaysayan. Sa pamamagitan ng anotasyon ng imahen ng kababaihan sa potograpiyang kolonyal sa harap ng imperyalismong Amerikano, nailantad ang misrepresentasyon ng kababaihan sa mga larawan at naitanghal ang kanilang mahalagang ambag sa lipunan at kasaysayan.

Mga Susing Salita: kababaihan, potograpiya, feminismong bayan, imperyalismong Amerikano, aklat paglalakbay

ABSTRACT

This paper analyzes how the Americans used photography as an effective instrument in propagating gender ideology with regards to the nature of Filipino women at the height of American imperialism. By analyzing how women are depicted in colonial photography, specifically in travel literature during the American period, this study challenges photography's claim to objectivity by analyzing its use in propagating particular agenda and serving as a medium in constructing the "truth" about Filipino women that caters to American imperial interests. By analyzing the depiction of indigenous, Muslim, and Christian women in photographs found in American travelogues, this research explores how they offer commentaries on the social activities, status, and level of civilization (or lack of it) not only in the context of gender but also concerning other identities such as race, ethnicity, religion, and social class. Using the framework of feminismong-bayan

(people's feminism—feminism by the people and for the people) as a discourse that aims to promote the well-being, welfare, and rights of Filipino women, this study analyzes the depiction of women in travel books to identify and counter the marginalization, exploitation, and disenfranchisement of women in history. Although the photographs are products of the colonial perspective where women were seen based on the American travelers' colonial baggage, it appears that there is a gap between women's depiction in colonial photography and the actual roles they played in history. In the end, women's depiction in the travelogues during the American period is more of a validation of the American perception of Filipino women than an actual representation of women's roles and position in society. It also serves as a takeoff point in analyzing their rightful place in history. By annotating the images of women in these travelogues, their misrepresentation was exposed and their significant roles in history were given due recognition.

Keywords: women, photography, people's feminism, American imperialism, travelogues

PANIMULA

Sa maagang panahon ng kolonyalismong Amerikano, gumamit ang mga Amerikano ng potograpiya bilang “kapani-paniwalang” sanggunian ng kaalaman tungkol sa mga Pilipino upang makabuo ng “malinaw” na imahen ng Pilipinas sa pananaw ng mga Amerikano. Sa mga pag-aaral tungkol sa kapangyarihan ng potograpiya kaugnay ng imperyalismong Amerikano at representasyon ng Pilipinas (Vergara 1995; Fermin 2004; Halili Jr. 2006; Ignacio, et al. 2004 ; Rice 2015; at Balce 2017), tinalakay ang representasyon ng mga Pilipino sa potograpiyang kolonyal subalit walang espesipikong tumalakay sa imahen ng kababaihan lamang. Kung kaya’t sa pananaliksik na ito, pinagtuunan ng pansin ang imahen ng kababaihan sa mga akda sa paglalakbay upang masuri kung paano ginawan ng depiksiyon ang kababaihan sa mga larawan at ang naging epekto nito sa paghubog ng ideolohiyang pangkasarian na pabor sa imperyalistang interes ng Amerika sa bansa. Saklaw ng pananaliksik ang mga akda sa paglalakbay na nakalap mula sa

koleksiyon ng *University of Michigan*² (na may maipagmamalaki at natatanging koleksiyon tungkol sa panahong Pilipino-Amerikano) na may petsang 1900 hanggang 1930 at limitado lamang ang diskusyon batay sa etnisidad ng kababaihang nasa mga larawan.

Sa pagsusuri sa imahen ng kababaihan sa mga akda sa paglalakbay, ginamit ang balangkas ng feminismong-bayan³ bilang yunit ng analisis upang maitaguyod ang kagalingan ng kababaihan at malabanan ang pagsasagilid at pagsasawalang-kapangyarihan sa kanila sa kasaysayan at lipunan. Bilang isang malawakang lapit sa pag-aaral at pagkilos ng kababaihan sa kontekstong Pilipino, nakabatay ang feminismong-bayan sa pagkilala sa pagkakaugnay at pag-uugnay sa mga nagsasangandaang diskurso't talastasan tungkol sa feminismo at bayan, maging sa loob man o labas ng bayan. Habang kinikilala at pinapahalagahan nito ang iba't ibang anyo ng feminismo, inaandukha rin ng feminismong-bayan ang iba't ibang anyo ng feminismong ginamit ng mga feministang Pilipino sa pagsusuri sa usapin ng kababaihan na nakasulat sa wikang Filipino—partikular ang mga akda nila Kimuell-Gabriel (2015a; 2015b; 2013; 2012; at 2011), Rodriguez-Tatel (1999 at 2014), Reguindin-Estella (2014 at 2015); at Jose (2008; 2012; at 2015). Kung kaya't masasabing isang mahalagang katangian ng feminismong bayan ang paggamit ng wikang Filipino sa pag-aaral at pagsasalaysay tungkol sa depiksiyon, danas, at papel ng kababaihan sa kasaysayan.

Masasabing may dalawang batayang katangian ang feminismong-bayan: una, ito ay feminismong nagmumula sa at para sa mamamayan/taumbayan; ikalawa, isa rin itong anyo ng feminismong nagsusulong ng pagbubuo ng Inang Bayan, bansa, at sambayanan. Kinikilala nito ang pag-iral ng maagang anyo ng feminismo sa sinaunang bayan na matatagpuan ang mataas na katayuan ng kababaihan sa lipunan (Quindoza-Santiago 1997; Mangahas 2006) habang pinapahalagahan rin ang pakikibaka ng maralitang kababaihan na kadalasang nawawala sa kasaysayan o nagiging biktima ng misrepresentasyon. Samantala, halaw naman ang “bayan” sa mga pag-aaral nina Salazar (1997) na nagsabing bayan ang tawag sa isang grupo ng mga barangay na bumubuo ng alyansa sa panahon ng digmaan, kalakalan, o batay sa pagpapakasal; Rodriguez-Tatel (2000) na nagbigay-kahulugan sa bayan bilang kabuoang kultural na siyang nagtatakda ng pagkakakilanlan ng

² Kung saan nakalap ang mga larawang sinuri bilang *University of Michigan Center for Southeast Asian Studies Research Fellow* noong Enero 2018.

³ Unang dinalumat noong 2010 kasama si Atoy M. Navarro, *Program Manager ng Forum for Ethical Review Committees in Asia and the Western Pacific Region (FERCAP)*.

indibidwal; at Navarro (2003) na nagpalagay na ang pagiging mamamayan ay binibigyang-kahulugan hindi lamang ng kultura kundi maging ng pagkakakilanlan at ugnayang panlipunan. Sa feminismong bayan, iniangkop ang konseptong inihain ni Navarro na tinutukoy ang bayan na pamayanan at taumbayan.

Sa pamamagitan ng paggamit ng feminismong-bayan bilang lente ng pagsusuri, inihayag ang mensaheng maaaring hatid ng imahen ng kababaihan sa mga larawan mula sa mga aklat paglalakbay. Kaakibat ng perspektiba sa potograpiya na nagtataguyod ng paniniwala hinggil sa pagiging *subjective* nito at pagiging kapaki-pakinabang sa pagtataguyod ng mga partikular na adyenda (Butler 2009; Gordon at Kurzwelly 2018), ginamit ang feminismong-bayan upang magbigay ng komento hinggil sa mga kakulangan at misrepresentasyong natagpuan sa mga larawan at itinuwid ang mga ito sa pamamagitan ng pagsasalaysay sa aktuwal na papel ng kababaihan sa kasaysayan at kalinangang Pilipino. Nais sagutin ng pag-aaral na ito kung katulad sa kasaysayan, ang kababaihan ba ay nawawala rin sa mga larawan? Kung hindi, paano silá binigyan ng depiksiyon?

ANG POTOGRAPIYANG KOLONYAL SA KONTEKSTO NG IMPERYALISMONG AMERIKANO

Nang ideklara ang pagsakop ng Amerika sa Pilipinas sa ilalim ng doktrinang “Benevolent Assimilation,” wala pa ring gaanong kaalaman ang mga Amerikano hinggil sa mga tao at kultura ng bagong kolonya. Kung kaya’t agad na inatupag ng mga Amerikano ang pagsasadokumento sa mga Pilipino gamit ang potograpiya, lalo na sa pagkaimbento ng *Kodak* na unang kamerang gumamit ng *film* noong 1888 at ginamit na sa Maynila pagdating ng 1908 (Vergara 1995) na mas nagpabilis at nagpadali sa pagkuha ng larawan. Bukod sa mga opisyal na koleksiyon ng mga larawan ng pamahalaang kolonyal, naging mahalagang bahagi ng arkibong kolonyal ang mga koleksiyon ng larawan kaugnay ng *1904 St. Louis Exposition* at ang koleksiyon ng mga larawan ni Dean Worcester, Kalihim na Panloob ng pamahalaang Amerikano sa Pilipinas mula 1901-1913 (mga koleksiyong sinuri ko rin sa aking disertasyon). Karamihan din sa mga larawan sa huling bahagi ng ika-19 na siglo hanggang sa mga unang dekada ng ika-20 siglo ay mula sa *travel books/travelogues* o mga aklat paglalakbay na nalathala sa nasabing panahon. Bagama’t karamihan ay mga propesyonal na manlalakbay at hindi opisyal na ipinadala ng pamahalaan upang kumuha ng mga larawan sa Pilipinas, dala-dala nilá ang kolonyal na багаhe bilang mga mamamayan ng

bansang nakatakdang maging bagong mananakop ng Pilipinas. Ayon kay Vergara (1995, 76):

"They had arrived carrying luggage and preconceptions. They were not mere foreign travelers either; they were Americans, belonging to the country that was the 'pre-destined master' of the colony. Their writings and photographs were therefore informed by the colonial narrative."

Mahalagang batis ang mga aklat sa paglalakbay para sa mga nais mabatid at masuri ang pananaw ng mga Amerikano tungkol sa Pilipinas sa pangkalahatan, at para sa pag-aaral na ito ay kung paano nilá tiningnan at ipinresenta sa pamamagitan ng mga larawan at teksto ang kababaihang Pilipino sa harap ng imperyalismong Amerikano sa Pilipinas. Mula sa mga akdang ito ay mahihinuha natin kung paano nilá sinuri ang Pilipinas; kung ano ang posisyon nilá hinggil sa pananakop ng Amerika sa Pilipinas; kung paano nilá ikinompara ang mga katutubo sa kanilang mga sarili; kung sinong mga katutubo ang pinagtuonan ng pansin sa pag-aaral at bakit; kung paano silá nangalap ng impormasyon; gayundin, kung ano ang kanilang larangang pinanggalingan at paano naapektuhan ng larangang ito ang kanilang perspektiba tungkol sa Pilipinas at mga Pilipino. Sa paggamit sa mga aklat sa paglalakbay bilang batis ng pananaliksik, tila mas nagkakaroon táyo ng kaalaman hindi sa paksa kundi sa mga may-akda at lipunang kanilang pinanggalingan dahil nagiging mas hayag kung ano ang lenteng ginamit nilá sa pagsusuri sa Pilipinas at mga katutubo nito (Muijzenberg 2016).

Ang mga aklat na isinulat ng mga Amerikanong mula sa iba't ibang propesyon (militar, misyonero, negosyante, atbp.) ang pinagmulan ng mga larawan ng kababaihang Kristiyano, katutubo, at Muslim na sinuri para sa pag-aaral na ito. Mapapansin ding karamihan sa mga aklat sa paglalakbay na isinulat ng mga Amerikano ay nailathala sa mga unang taon ng imperyalismong Amerikano (1898-1913), at sa mga aklat na sinuri ay dalawa lamang ang may petsang 1914 habang isa lamang ang may petsang 1930. Kung isasakonteksto sa Digmaang Pilipino-Amerikano (1899-1902), maaaring sa panahong ito ay maigting ang paniniwala ng mga Amerikanong may pangangailangan upang maipalaganapsa Amerika ang kaalaman tungkol sa bagong kolonya, na siyang pagmumulan ng kanilang pananaw hinggil sa kadahilanan kung bakit "naranapat" sakupin ng Amerika ang Pilipinas (batay sa depiksiyon ng "kawalan ng sibilisasyon" ng mga Pilipino at ang potensiyal ng pamumuhunan sa Pilipinas). Matapos ang Digmaang Pilipino-Amerikano noong

1913, naging matatag na ang pamamahala ng Amerika sa Pilipinas kung kaya't maaaring wala nang matinding pangangailangan pa sa pagpapalaganap ng mga akda sa paglalakbay.

IMAHEN NG KABABAIHAN SA POTOGRAPIYANG KOLONYAL

Sa pagsusuri sa imahen o representasyon ng kababaihan sa tatlong koleksiyon ng mga larawan, ikinategorya ito sa tatlong grupo: katutubo, Muslim, at Kristiyano sa halip na ang categoryang Kristiyano at di-Kristiyano na ginamit ng mga Amerikano sa pagbibigay ng klasipikasyon sa mga naninirahan sa Pilipinas. Isinaalang-alang ang kasarian bilang yunit ng analisis, at tiningnan ang iba pang categorya o pagkakakilanlang maaaring bumagtas dito katulad ng etnisidad, relihiyon, at uring panlipunan. Sa pagsusuri sa mga larawan, isinaalang-alang ang tinuran ni Holt (2002) na ang mga imaheng dulot ng mga larawan ay hindi direktang anyo ng representasyon ng daigdig at ng tao kundi may partikular na kahulugan at lumilikha ng kasaysayan bilang panooring biswal. Habang kinikilala rin ang anumang representasyon ay hindi nagpapahayag ng kabuoang larawan kundi dumadaan din sa maraming salansan ng pagpapagitna o *mediation* ng potograpo, teknolohiya, *subject*, at iba pang salik. Gayundin, isinaalang-alang ang pananamit at kaligiran (halimbawa, bahay, *studio*, o natural na kapaligiran) maging ang pagsusuot o hindi pagsusuot ng tsinelas at ayos ng buhok (nakapusod o nakalugay) bilang *visual cues* na maaaring magbigay ng idea hinggil sa mensaheng inihahatid ng larawan. Isinaalang-alang din ang ekspresyon ng mukha at galaw ng katawan na makikita sa larawan upang makatulong sa pagbuo ng interpretasyon, gayundin ang posisyon ng *subject* (nakatayo, nakaupo, o nakasalampak), at iba pang simbolismong matatagpuan sa mga larawan.

Imahen ng Kababaihang Katutubo

Batay sa mga larawan, ang kababaihang katutubo ay kadalasang walang suot na pang-itaas, nakayapak, may mga palamuti sa katawan, at maaaring ipinakita kaugnay ng partikular na gawain subalit kadalasan ay kinuha ang larawan sa paraang *portrait*. Mahihinuha mula sa ganitong pagsasalarawan ang depiksiyon sa kanila bilang “hindi sibilisado.” Bagama’t nagsimula ang ganitong depiksiyon sa panahon ng kolonyalismong Espanyol, umiaging ang ganitong pananaw sa pagkabuo ng *Bureau of Non-Christian Tribes* (BNCT) sa ilalim ng *Department of the Interior* noong Oktubre 1901,

na agad na naatasang saliksikin ang maliliit na tribu ng mga “pagano” at “Mohammedan” na naninirahan sa mga kabundukan at malalayong lugar sa arkipelago (Barrows 1901). Sa kaniyang pagsusuri sa sirkular na naglalaman ng gabay para sa *field workers* na lumabas sa isang *booklet* na inisyu ng BNCT noong 1901, inilahad ni Rodriguez-Tatel (2010) ang tatlong pangunahing layuning imperyalista sa likod ng nasabing opisyal na imbestigasyong etnograpiko: akademiko/siyentipiko, komersiyal/ekonomiko, at politikal. Masasabing nakapaloob sa ikalawang layunin ang mga larawan sa mga akda sa paglalakbay dahil upang maging mas mabenta ang mga akdang nabanggit, kinakailangan lamang bigyang-diin ang aspekto ng kanilang pisikal na katangian at kultura na pupukaw sa atensiyon at interes ng mambabasa.



Larawan blg. 1: *A Family of Negritos. Apparently the man is only a half-blood.*
(Hannaford 1900, 23)

Sa Larawan 1 ay makikita ang isang pamilyang Negrito (kolonyal na terminong ikinabit ng mga Espanyol sa grupong etnikong binubuo ng mga Aeta, Dumagat, Ati, at iba pa na kalaunan ay inangkin ng mga Amerikano; ito ang gagamiting pantukoy sa

nasabing pangkat etniko sa papel na ito dahil hindi binanggit sa batis kung saang partikular na lugar silá nanggaling) na nakabahag ang lalaki at may hawak na sibat habang ang dalawang bata ay nakasalampak. Ang babae ay nakalantad ang dibdib, may aksesoryang kuwintas, at nakatapis sa ibabang bahagi ng katawan. Pansinin ang depiksiyon sa lalaking Negrito kaugnay ng gawaing pangangaso o pakikidigma (batay sa hawak na sibat) at sa babaeng Negrito na nakatayo lamang at nakatingin sa kamera. Mapapansing nakayapak silang lahat.

Sa Larawan 2 na nagpapakita ng mag-asawang Gaddang na nakatayo ang lalaki at may hawak na sibat at kalasag, nagpapahiwatig naman ito ng kaniyang papel sa pakikidigma habang ang babae ay nakaupo at nakadikit ang kanang kamay sa pisngi. Pansinin din na ang lalaki ay nakabahag at may nakabalot na tela sa ulo habang ang babae ay may suot na pang-itaas at pang-ibaba at may aksesorya sa kaniyang leeg at braso. Pareho siláng nakayapak, nakatingin sa kamera, at mapapansin ang artipisyal na kapaligirang pilit pinalabas na likás na kapaligirang may mga halaman.




Larawan blg. 2: *Head-Hunting Gaddang and Wife.* (Hannaford 1900, 26)

Samantala, sa Larawan 3 ay makikita ang dalawang babaeng Bontoc na walang suot na pang-itaas habang nag-aani ng palay. Ipinakikita naman sa Larawan 4 ang apat na babaeng Igorot at isang lalaking Igorot sa harap ng isang ulog, isang dormitoryo o pansamantalang silungan kung saan pinapayagang manirahan ang magkasintahang nagbabalak nang magpakasal. Maaaring ito ay pagsasalarawan ng seksuwalidad ng kababaihang Igorot.




Larawan blg. 3: *Bontoc girls harvesting rice.* (Barton 1930, 12)



Larawan blg. 4: *The "olag," where certain unmarried women live in Bontoc.* (Boyce 1914, 95)

Sa Larawan 5 ay makikita ang tatlong babaeng Ifugaw na nakalantad ang dibdib, nakaupo ang nasa kaliwa at nakatungo, nakatayo ang nasa gitna at nakangiti, habang ang nasa kanan ay bahagyang nakaupo subalit hindi nakatingin sa kamera. May aksesorya silá sa ulo, leeg, at braso. Nakayapak ang babae sa kaliwa at malamang na nakayapak din ang dalawa pang babae sa larawan. Mapapansing mas “relaxed” ang dalaga sa gitna na nakangiti habang may “resistance” pa rin ang nasa kanan at kaliwa.



Larawan blg. 5: *Ifugao girls.* (Barton 1930, 29)

Mababanaag sa mga larawan ang eksotismo o ang pagpapakita ng kanilang “pagiging iba,” lalo na sa mga larawan na nagpapakita ng nakalantad na dibdib ng mga babaeng katutubo. Nagpapahiwatig ito ng “kawalan ng sibilisasyon” na masasalamain sa kaibahan ng pananamit ng mga katutubo kung ikompara sa pananamit ng mga Amerikano, katulad ng makikita sa pagsusuri ni

Tatel (2011) sa mga katutubong Pilipino sa *National Geographic Magazine* noong maagang ika-20 siglo, na pag-aaral niya sa tinawag ng mga Amerikanong “hindi Kristiyanisadong mga Pilipino” partikular ang pangkat ng mga Igorot, na isinalarawan bilang “a culture more or less frozen in time” (Tatel 2011, 74). Mababanaag sa mga larawan ang depiksiyon sa kababaihang katutubo sa negatibong paraan (pagkakaroon ng kalayaang seksuwal katulad ng pagtatalik bago magpakasal at pagiging pasibo) at sa pangkalahatan, isinalarawan pa rin silá bilang hindi sibilisado.

Imahen ng Kababaihang Muslim

Sa pangkalahatan, ang depiksiyon sa mga Muslim sa mga naratibong kolonyal sa maagang panahon ng imperyalismong Amerikano ay kabilang sa mabangis na lahi at mapamahiin. Tinawag silang tribung Mohammedan, o Moro na naninirahan sa Mindanao. Dahil ang pagsasalarawan sa mga Muslim ay nakatuon sa kanilang pagiging mabangis sa larangan ng digmaan at panatiko sa larangang panrelihiyon, karamihan sa mga larawan sa mga akda sa paglalakbay ay nagpapakita ng imahen ng kalalakihang Muslim na may hawak na mga gamit pandigma. Kung kaya’t kung ikompara sa mga larawan ng kababaihang Kristiyano at katutubo, mas kakaunti ang mga larawan ng kababaihang Muslim sa mga akda sa paglalakbay. Tunghayan natin sa mga larawan sa ibaba kung ano ang depiksiyon sa kakaunting larawan ng kababaihang Muslim sa mga nasabing akda.

Sa Larawan 6 ay makikita ang dalawang babaeng Muslim na nakasuot ng kanilang tradisyonal na kasuotan at nakatayo sa harapan ng bahay kubo, nakapusod ang buhok, nakayapak, at nakatingin sa kamera. Sa Larawan 7 naman ay makikita ang apat na batang babaeng Muslim, ang tatlo ay nakabalot ng tapis mula sa dibdib habang ang isa ay may suot na pang-itaas at tapis bilang pang-ibaba. Nakatayo rin silá sa harap ng bahay-kubo, nakayapak, at nakatingin sa kamera. Sa Larawan 8 ay makikita ang isang babaeng Muslim kaugnay ng gawaing iniuugnay sa kababaihan, ang paghahabi. Samantala, ang Larawan 9 ay nagpapahayag ng tradisyon sa pag-aasawa ng mga Muslim, kung saan makikita ang isang datung Muslim kasama ang tatlong asawa at isang anak na babae. Sinasabing pinapayagan ang kalalakihang Muslim na mag-asawa ng hanggang apat na babae ayon sa isinasaad sa Qur’an. Sa katunayan, maraming datu ang may 20 asawa kung ang batas hinggil sa pag-aasawa ng apat na babae ay para lamang sa karaniwang Moro (Boyce 1914).



Larawan blg. 6: *Moro Women.* (Atkinson 1905, 253)



Larawan blg. 7: *Group of Moro Girls.* (Atkinson 1905, 255)



Larawan blg. 8: *A Moro weaver.* (Atkinson 1905, 253)



Larawan blg. 9: *A Moro dato with his three wives and daughter, Lake Lanao.* (Boyce 1914, 160)



Larawan blg. 10: *The princesa of Cotabato and her attendants.*
(Boyce 1914, 170)

Sa Larawan 10 ay makikita naman ang isang prinsesa ng Cotabato kasama ang kaniyang mga kasambahay. Sinasabing pagdating ng 13 taong gulang ay itinuturing na dalaga na ang isang babaeng Moro at maaari nang tumanggap ng manliligaw. Kinukulayan niya ang kaniyang mga labi at kuko ng matingkad na pula at nilalagyan ng langis ang buhok. Nagsusuot siya ng maluwag na telang tumatakip sa kaniyang katawan mula balikang hanggang tuhod habang iniwang nakalitaw ang kaniyang leeg, braso, at binti. Magbabayad ang kaniyang mapapangasawa—kabayo, kalabaw, sandata, o alipin—sa ama ng babae. Kung natatangi ang kaniyang ganda, kailangang mas magarbo ang alay at maaari itong isagawa sa paraang hulugan. Sa pag-aasawa, hindi rin tiyak ang posisyon ng babae (Boyce 1914, 163):

"The wife's position is never certain. Her husband can divorce her in three seconds if he is a fast talker. All he has to say is 'I divorce you!' three times, with his fingers crossed, and the separation is final. The woman does not lose standing, however, by being divorced, and may join another syndicate of wives, if the opportunity offers."

Sa kabuoan, ang pagsasalarawan sa kababaihang Muslim ay nagpapahiwatig ng di-pantay na katayuan sa lipunan. Ang depiksiyon sa kanila sa mga tradisyonal na gawaing iniuugnay sa kababaihan katulad ng paghahabi ng tela at ang papel bilang isa sa mga asawa ng kalalakihan ay nagbibigay ng idea hinggil sa hindi pantay na relasyon sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan sa lipunang Muslim. Pinagtitibay pang lalo ang di-pantay na ugnayang ito ng kanilang paniniwalang panrelihiyon, bagama't may paniniwalang kung susuriing mabuti ay hindi ang kanilang relihiyon kundi ang interpretasyon ng Qur'an at ang nakagisnan nilang mga tradisyon at paniniwala ang siyang nagpapatibay ng mababang posisyon ng kababaihan sa lipunan (Kunting 2017).

Imahen ng Kababaihang Kristiyano

Sa mga larawan ng kababaihan sa mga aklat paglalakbay, malinaw ang pagkakaiba sa pagitan ng mga Kristiyano, katutubo, at Muslim, at malinaw din ang depiksiyon sa una bilang sibilisado at sa huling dalawa bilang di-sibilisado, na mababanaag hindi lamang sa mga larawan kundi maging sa tekstong isinulat ng mga mayakda upang isalarawan ang mga ito. Kung gayon, ang kababaihang Negrito, Igorot, Ifugaw, at Muslim ay isinalarawan bilang mga barbaro at di-sibilisado habang ang kababaihang Kristiyano na karaniwang matatagpuan sa mga kapatagan ng Luzon gayundin sa Kabisayaan ay sibilisado. Sa mga pagsasalarawang ito, kapansin-pansin ang depiksiyon sa pangkaraniwang kababaihan batay sa kanilang mga gawain habang ang kababaihan mula sa maykayang pamilya ay kinuhanan sa paraang *portrait* sa *studio* o sala ng kanilang bahay-nabato. Kapansin-pansin ding ang karamihan sa mga babaeng mula sa maykayang pamilya ay may suot na sapin sa paa habang ang mula sa mga pangkaraniwang pamilya ay nakayapak.

Sa Larawan 11 ay makikita ang dalawang babaeng magkaterno ang kasuotan. Nakahiga sa duyan ang isang babae habang ang isa ay nakatayo at pinapaypayan ang nakahigang babae. Mapapansing mahaba ang nakalugay na buhok ng nakahigang babae at ang larawan ay kuha sa harap ng isang tipikal na bahay-kubo na yari sa pawid at kawayan. Iminumungkahi ng kapsiyon na ang larawan ay nagpapakita ng isang eksenang ang babaeng nakahiga ay naghahanda para sa kaniyang siesta, o ang pagtulog sa hapon lalo na sa pinakamainit na oras sa mga lugar na may mainit na panahon katulad ng Pilipinas. Maaaring nagpapahiwatig ng katamaraan ang imahen ng babaeng nakahiga sa duyan na mayroon pang tagapaypay. Ang katamaraan lalo na ng kababaihan ay isang

katangiang hindi inaasahang taglayin ayon sa Simbahang Katoliko (de Castro, 1864/2005). Maihahalintulad din sa "Reclining Nude" ng mga *oil painting* ang babaeng nasa duyan, na bagama't hindi hubo ay alam niyang obheto siya ng "male gaze" na ang ideal na manonood ay lalaki at ang imahen ng babae ay nakadiseno upang mabigyan ng kasiyahan ang lalaki (Berger 1972).



Larawan blg. 11: *Filipina Preparing for a Siesta.* (Halstead 1898, 188)

Sa Larawan 12 ay makikita ang isang ina kasama ang kaniyang anim na anak at ayon sa kapsiyon, silá ay mga Tagalog. Kinuhanan ang larawan sa harap ng bahay-kubo at kung ibabatay sa kapsiyon, nais ipakita ng may-akda na pangkaraniwan na sa mga pamilyang Tagalog ang magkaroon ng maraming anak na umaabot diumano ng walo hanggang 10. Isinalarawan din sa kapsiyon ang kababaihang Tagalog bilang mapagmahal, masunurin, at magalang.




Larawan blg. 12: *The Tagal families are large, it being not uncommon for a woman to have eight or ten children. They are affectionate, docile and polite. (Neely 1899, w. pah.)*

Sa Larawan 13 ay makikita ang kababaihang nagtatrabaho bilang *cigarrera* o manggagawa sa pabrika ng tabako. Nakabaro't saya silá, nakapusod ang buhok, nakasalampak sa lapag habang nagtatrabaho sa mababang mesa sa kanilang harapan. Mapapansing may kabataang babae subalit karamihan ay matanda. May isang lalaking nakatayo na tila nagbabantay sa kanilang pagtatrabaho. Ang pagiging manggagawa sa pabrika ng tabako ay isa sa mga gawaing inako ng kababaihan simula huling bahagi ng ika-19 na dantaon. Habang sa Larawan 14 ay makikita ang isang babaeng Bisaya na naghahabi. Sa Kabisayaan ay pinahahalagahan ang paghahabi bilang isang gawain ng kababaihan, at sinasabing ito ay isang gawaing nangangailangan ng ibayong kasanayan.



Larawan blg. 13: *Cigar-Making in Manila Employing Only Women and Girls. The little squares or diamonds in the immense windows have ground concha-shells in lieu of glass. (Hannaford 1900, 72)*



Larawan blg. 14: *Weaver. (Forbes-Lindsay 1906, 486)*

Mapapansin sa mga larawan ang magkaibang depiksiyon sa

kababaihan mula sa maykayang pamilya na kadalasang kinukuhanan ng larawan na nakatayo, nakatingin sa kamera, at nasa *studio* o bahay na bato, habang ang kababaihan mula sa pangkaraniwang pamilya ay kadalasang nasa harap ng kanilang bahay-kubo, mas simple ang pananamit, nakayapak, at ipinakikita kaugnay ng mga partikular na gawain. Sa Larawan 15 ay makikita ang imahen ng kababaihan mula sa maykayang pamilya, na ayon nga sa kapsiyon ay mula sa “better class” o mula sa mas mataas na uring panlipunan. Ayon kay Atkinson (1905), ang kababaihan sa Pilipinas mula sa maykayang pamilya ay mas may kalamangan sa kalalakihan sa usaping ekonomiko, at mas mataas ang posisyon kaysa sa mga kababaihan sa ibang bansang Asyano katulad ng India, at ito ay dahil diumano sa kanilang pagiging Kristiyano bunga ng kolonyalismong Espanyol.



Larawan blg. 15: *Typical Filipino Women of the Better Class.* (Williams 1913, 179)

Sa pangkalahatan, masasabing ang imahen ng kababaihang Kristiyano batay sa mga ipinakitang larawan mula sa mga akda sa paglalakbay ay lumilikha ng depiksyon ng kababaihang Kristiyano bilang sibilisado, disente, at edukado sa kaso ng kababaihan mula sa maykayang pamilya; habang ang mga larawan ng kababaihan mula sa

pangkaraniwang pamilya ay nagpapakita ng imahen ng kababaihang Kristiyano na bagama't sibilisado ay masasabing may kakulangan pa ang natamong sibilisasyon (tamad, nakayapak) at iniuugnay sa iba't ibang gawain at katangian (paghahabi, pagkakaroon ng maraming anak). Bagaman may pagkilala sa sibilisasyon ng kababaihang Kristiyano, may mga pahiwatig si Atkinson (1905) na hindi pa rin ganap ang sibilisasyong natamo ng mga Pilipino sa ilalim ng mahigit 300 taon ng pagiging sakop ng mga Espanyol. Tila iminumungkahi ng awtor na paimbabaw lamang at hindi lubos na nauunawaan at naisasabuhay ng mga katutubo ang sibilisasyong kanilang natamo, katulad ng matutunghayan sa salaysay sa ibaba (Atkinson 1905, 276):

“As a story in point, it is related that a certain American official, who had been attending a banquet which had been as well served as far as silver, fine linen, and glass were concerned as any of our dinners, was obliged to return to his host's house for an article he had left behind; and thereupon found the women of the household, who had acted so gracefully and deftly as waitresses during the meal, all squatting upon the beautifully polished table top eating with their fingers the remnants of the feast.”

ANOTASYON NG MGA LARAWAN: ANG KABABAIHAN SA LIPUNAN AT KASAYSAYAN

Ang mga larawan ng kababaihan sa potograpiyang kolonyal sa harap ng imperyalismong Amerikano ay nagpapahayag ng misrepresentasyon, kundi man nagkukubli ng aktuwal na papel ng kababaihan sa lipunan. Maiuugat natin ito sa naging papel ng mga potograpo, gayundin ng mga may-akda at may kapangyarihang magpalaganap ng mga nasabing larawan, sa pangkabuoang proyektong kolonyal ng Amerika sa Pilipinas. Sa pagtatangkang maging eksperto tungkol sa Pilipinas at sa mga Pilipino at maipahayag ang kanilang kaalaman sa mga kapuwa Amerikano, ang mga pinagmulan ng mga larawan ay naging responsable sa pagkalap ng impormasyon tungkol sa bagong kolonya ng Amerika upang maging batayan ng pananakop dito. Kalaunan, ang pagnanais na makapaglahad ng impormasyon tungkol sa Pilipinas ay hindi na nakaangkla sa pag-impluwensiya sa opinyon ng mga Amerikano hinggil sa pananakop sa Pilipinas, kundi upang mapagkakitahan na ang “ekspertong” kaalamang ito sa pamamagitan ng paglalathala ng mga akda sa paglalakbay.

Upang mapunan kung ano ang kulang at maituwid kung ano

ang mali sa depiksiyon ng kababaihang Pilipino sa mga larawan, mahalagang magawan ng anotasyon ang mga larawan nang sa gayon ay maibigay sa kababaihan ang karampatang espasyo sa kasaysayan. Maisasakatuparan lamang ito sa pamamagitan ng pagtatanghal sa papel ng kababaihan sa kasaysayan, mula sa pagsusuri sa mga epiko at mito hanggang sa pagbabalik-tanaw sa kung ano ang napagtagumpayan ng kababaihan sa sinaunang bayan hanggang sa pagbabagong-anyo ng bayan sa harap ng kolonyalismong Espanyol at imperyalismong Amerikano.

Matutunghayan ang mahalagang papel ng kababaihan sa lipunan sa pagsusuri sa mga mito at epikong nagpapahayag ng pantay na pagpapahalaga sa kalalakihan at kababaihan, katulad ng mito ng mga Bisaya tungkol sa unang lalaki at unang babae na sina Sicalac at Sicavay na sabay na lumabas sa kawayan (Eugenio 2001a); ilang mito ng mga Igorot katulad ng mitong Nabaloi na nagsasalaysay tungkol sa isang sugatang lalaki at isang babae na pinagmulan ng sangkatauhan sa daigdig, ang mito hinggil sa paglabas mula sa puno ng saging si Alelayo (unang lalaki) at Arameya (unang babae), at ang mito sa paglabas mula sa buto ng babaeng si Aran ang unang lalaki na naging asawa niya kalaunan. Ang kahalagahan ng kababaihan ay natagpuan din natin sa mga epiko na kahit na lalaki ang bida bilang bayaning mandirigma ay laging may babaeng tumutulong upang magtagumpay ang bidang lalaki, katulad ng epiko ni Labaw Donggon ng mga Sulod ng Panay na tinulungan si Labaw Donggon ng kaniyang tatlong asawang sina Ginbitinan, Doroonon, at Nagmalitong Yawa; at ang epikong *Hudhud hi Aliguyon* ng mga Ifugaw na makikita ang kapangyarihan ng ina ni Pumbakhayon na si Dangunay at pagpapahalaga sa kapatid na babae na si Bugar (Eugenio 2001b). Bagaman bahagi ng tradisyong pasalita, ang mga alamat at epiko ay maituturing na sinaunang paraan ng pagsasasaksaysayan ng ating mga ninuno dahil taglay ng mga ito ang mga halagahin at konseptong mayroon sila sa panahong hindi pa naisusulat ang kasaysayan (Veneracion, 1983-1984).

Ang pagpapahalaga sa kababaihan sa mga mito at epiko ay masasalamatin din sa sinaunang lipunan na mayroon silang kalayaan at karapatang tinatamasa katulad ng pagpili ng mapapangasawa, pagdiborsiyo, pagpapangalan ng anak, pagpapalano ng pamilya, pagnenegosyo, pagmamana, at iba pa (Jose at Navarro 2010); pangunguna sa larangang panrelihiyon at kultural bilang mga babaylan o katalonan (Salazar 1989; Mangahas at Llaguno 2006); bilang mahuhusay na manghahabi ng tela sa kaso ng mga T'boli (Corre 2000), Bisaya (*Souvenir Visayan Village* 1904), at Bagobo

(Quizon 2012); bilang aktibo sa produksiyon katulad ng kababaihang Ifugaw (Salazar 1989; Corre 1998); at bilang binukot o babaeng anak ng datu o hari na ibinubukod pagkapanganak pa lamang dahil nakitahan ng kakaibang kagandahan, tanyag sa kanilang karangalan at hindi pinapayagang masilayan ng kalalakihan (Abrera 2008-2009 ; Salazar 2010). Sa larangan ng seksuwalidad, masasabing may kalayaang seksuwal na tinatamasa ang kababaihan, katulad halimbawa sa Kabisayaan na ang mga bayaning mandirigma na tinatawag na *pintados* ay naglalagay ng tugbuk at sakra sa kanilang ari upang mabigyan ng kaligayahang seksuwal ang kababaihan (Pigafetta 1524/1975), at sa mga Igorot na kinakailangan munang magtalik ang magkasintahan sa ulog at hangga't maaaari ay mabuntis muna ang babae bago magpakasal (Everett 1904; Quindoza-Santiago 1997).

Isang magandang halimbawa ang lipunang Igorot kung ang mahalagang papel ng kababaihan sa lipunan ang isasaalang-alang. Nabanggit na ang pagiging aktibo ng kababaihang Igorot sa produksiyon gayundin ang pagkakaroon nilá ng kalayaang seksuwal. Maging sa pangangayaw ng kalalakihan ay may bahagi rin siláng ginagampanan sa ritwal na kailangang isagawa upang maging matagumpay ito, at sa katunayan, isa sa mga dahilan kung bakit isinasagawa ang pangangayaw ay ang paniniwalang nagpapaibayo ito sa fertilidad ng kababaihan (Barton 1930). Sa mga Ifugaw, ang kababaihan at kalalakihan ay mayroong pantay na karapatan sa pagmamana ng ari-arian, at magkakaiba subalit minsan ay nagtatagpo/nagsasanib ang kanilang mga gawain sa lipunan, habang ang kababaihan naman ang responsable sa pagtanim, pag-aani, paghahabi, at paggawa ng palayok sa pamamagitan lamang ng kamay nang hindi gumagamit ng gulong (De Villa 1999). Sa Bontoc naman, kinilala ang kahalagahan ng kababaihan sa paghahabi ng tela, paggawa ng palayok, pagbubuhat nito at iba pang produkto upang dalhin sa pueblo at maibenta, pamamahala sa produksiyon ng asin, gayundin ang pagtanim, pag-aalaga, at pag-aani ng palay, at parehong may karapatan sa pagpapabatuk (pagpapatatô) at panggagamot ang kababaihan (Jenks 1905). Sa mga Gaddang, ang kababaihan ay may karapatang magsagawa ng ritwal kasama ang kalalakihan, at ang matatandang kababaihan ay namamahala sa sariling tahanan at taniman habang tinutustusan ang sariling pangangailangang pangkabuhayan (Wallace 1970). May mahalagang papel din ang kababaihan sa pagpapalawak ng ugnayang pangkamag-anakan sa pamamagitan ng pagpapakasal sa tagalabas ng pamayanan, nagpapahiwatig ng malayang pagpapasiya sa pagpili ng mapapangasawa. May karapatan din silá sa pagmamana

ng ari-arian mula sa magulang na natatanggap nilá sa oras na silá ay magpakasal na, habang ang panganay na anak na babae ang tagapagmana ng bahay ng mga magulang. Pinagsasaluhan din ng kababaihan at kalalakihan ang pagiging pinunong panrelihiyon, habang ang kababaihan naman ang namumuno sa ritwal sa kasal, pagtatanim, at pangagamot (De Villa 1999).

Matatagpuan din sa iba pang grupong katutubo ang pantay na pagpapahalaga sa kababaihan at kalalakihan sa lipunan. Sa lipunang Negrito, ang kababaihan ay maaaring lumahok sa mga ritwal, may karapatan sa pakikipagdiborsiyo, at sa agrikultura sa mga pagkakataong pinapraktis nilá ito (Vanoverbergh 1937). Ang kababaihan din ang nagbabatek (nagtatatô) sa kanilang lipunan at may pleksibilidad sa mga papel pangkasarian na ginagampanan ng kababaihan at kalalakihang Negrito na parehong nangangaso, nangingisda, nakikipagkalakalan, at nangangalap ng pagkain. May karapatan din ang kababaihan sa pagdedesisyon sa pagpapakasal, pag-aagwat ng anak, at produkto ng kanilang pagtatrabaho (Griffin at Griffin 1981). Bukod sa mga nabanggit, ang kababaihang Negrito ay maaari ring umakyat sa puno, magtanim at mag-ani, maghanda ng halamang-gamot, magturo sa kanilang mga paaralang pampamayanan, at makipagnegosasyon sa mahahalagang tao (Araneta 2018).

Samantala, makikita naman ang kahalagahan ng kababaihan sa lipunang Muslim sa karapatan niláng makipagdiborsiyo at tumanggap ng bigay-kaya mula sa mapapangasawa sa pagpapakasal (Loarca 1582/1975), katulad ng mga Tagalog at Bisaya. Gayundin, mayroon siláng kalayaang magpasiya hinggil sa kanilang seksuwalidad at kalusugang reprodutibo (Sarenas 2003). Kinilala rin ang kalayaang magpasiya hinggil sa pagsusuot o hindi ng *hijab* ng kababaihang Muslim (Abubakr 1998/2010) na hindi tinatamasa ng mga kapatid na kababaihang Muslim sa ibang bansang Islamiko. Mahalaga rin ang papel ng kababaihan sa larangang kultural bilang mahuhusay na mananayaw sa mga pagdiriwang (Dampier 1697/1906); sa ekonomiya bilang mga mangangalakal (Warren 2009); sa militar bilang mga mandirigma (Boyce 1914); at sa politika bilang Sultana, isang magandang halimbawa si Inchi Jamila na itinuturing na siyang tunay na kapangyarihan sa likod ng anak na Sultan (Worcester 1898; Kunting 2017). Ang pagbaba ng katayuan ng kababaihan sa lipunang Muslim ay maaaring dulot ng interpretasyon ng Qur'an at mga nakagisnang tradisyon at paniniwala (Kunting 2017).

Dahil ang mga katutubo at Muslim ay hindi gaanong naapektuhan ng kolonyalismong Espanyol, ang kultura ng mga grupong direktang napasailalim sa kapangyarihan ng mga Espanyol ang lubhang dumaan sa pagbabago, at kaakibat nito ang pagbabago rin sa katayuan ng kababaihan sa lipunan. Kung kaya't sa pamamagitan ng mga patakarang ipinatupad ng pamahalaan, imposisyon ng Simbahan, at pagpapalaganap ng kulturang Espanyol ay nanaig ang patriyarka at nalimitahan ang espasyong maaaring galawan ng kababaihan. Sa kabila ng pagtanggap ng relihiyong Katolisismo, may kababaihang Pilipinong nanindigan laban sa pagmamalabis ng mga mananakop katulad ni Mother Ignacia del Espiritu Santo, nagtatag ng *Beaterio de la Compania de Jesus* noong 1684, ang kauna-unahang *beaterio* o paaralang pambabae na tumanggap ng katutubong kababaihan sa panahong ang tinatanggap lamang sa mga beaterio na pinamamahalaan ng mga Espanyol ay mga anak na babae ng mga Espanyol sa Pilipinas (Ang Ulihan 1988); si Gabriela Silang na nakilala sa kasaysayan bilang unang babaeng namuno sa paglaban sa mga Espanyol noong 1762 (Cruz 1992); ang mga *cigarrera* na nagsagawa ng unang welga laban sa mga hindi makataong patakaran sa pabrika noong 1816, gayundin ang kababaihang umako ng iba't ibang gawain sa Maynila noong ika-19 siglo (Camagay 1995); kababaihang lumahok sa *Cofradia de San Jose* na itinatag noong 1832 (Boro-Magbanua 2010); dalawampung kababaihan ng Malolos na nagpetisyon at nakapagbukas ng paaralan noong 1888 (Tiongson 2004); at ang kababaihang lumahok sa Katipunan simula 1893 at umako ng iba't ibang gawain hanggang sa pagsiklab ng Himagsikan noong 1896 (Rodriguez-Tatel 1999).

Sa pagpalit ng Amerika sa Espanya bilang bagong mananakop ng Pilipinas simula 1899, nagpatuloy ang pakikibaka ng kababaihan. Sa katunayan, karamihan sa kababaihang lumahok sa Himagsikang 1896 ay ipinagpatuloy ang paglaban at pakikisangkot sa Digmaang Pilipino-Amerikano (Rodriguez-Tatel 1999). Mahalaga ring kilalanin ang papel ng kababaihan sa mga kilusang masa katulad ni Salud Algabe ng Sakdal na nag-alsa noong 1935 laban sa pamahalaang Komonwelt na pinaniniwalaang papet lamang ng pamahalaang Amerikano (Sturtevant 1976; Taguiwalo 2010); at ang papel ng kababaihang manggagawa sa pagsapi sa mga unyon at paglulunsad ng mga welga (Kerkvliet 1992; Taguiwalo 2011). Mahalaga ring kilalanin ang papel na ginampanan ng kababaihang nakinabang sa edukasyong ipinalaganap ng mga Amerikano sa Pilipinas, katulad ng kababaihang nakapagtapos sa

mga pamantasan at kolehiyong ipinatayo batay sa *Act 74 of 1901*, na ang iba ay nakinabang sa patakarang pensionado bilang mga iskolar sa Amerika (Subido 1955). Mula rin sa hanay ng kababaihang edukado magmumula ang tagapagtatag ng mga unang asosasyong feminista at organisasyong pangkababaihan sa Pilipinas, ang *Asociacion Feminista Filipina* na pinangunahan ni Concepcion Felix, at ang *Asociacion Feminista Ilonga* sa pangunguna naman ni Pura Villanueva-Kalaw, ang unang asosasyong feministang nagtaguyod ng karapatang politikal ng kababaihan sa Pilipinas na humantong sa pagkakaroon ng karapatan sa pagboto ng kababaihan noong 1937 (Kalaw 1969). Ang sistemang pang-edukasyong ipinalaganap ng Amerika sa Pilipinas ay pinakinabangan ng mga maykayang kababaihan upang maipaglaban ang mga karapatan at kapakanan ng kababaihan. Sa larangan naman ng isports, mahalaga ring kilalaning ang basketbol na nakasanayan natin bilang larong panlalaki ay unang ipinakilala sa sistemang pang-edukasyon noong 1910 bilang larong pambabae, kung gayon ang kababaihan ang unang naglaro ng basketbol sa Pilipinas (Antolihao 2017).

Sa pagsusuri sa mga larawan ng kababaihan sa potograpiyang kolonyal, mahalagang isaalang-alang kung sino ang kumuha ng larawan, ano ang motibo sa pagkuha ng larawan, at ano ang konteksto sa panahong kinuhanan ang larawan. Mahalaga ring suriin kung sino ang kinuhanan ng larawan, saan at paano silá kinuhanan, at ano ang depiksiyon sa kanila sa larawan. Ang mga konsiderasyong ito ang nagsilbing salalayan sa pagsusuri sa mga larawan ng kababaihan sa potograpiyang kolonyal sa harap ng imperyalismong Amerikano upang matukoy kung ano ang imaheng nalikha tungkol sa kababaihan at kung tumutugma ba ito sa sinasabi ng kasaysayan. Sa pagkokompara sa depiksiyon ng kababaihan sa mga larawan at sa kanilang aktuwal na papel sa kasaysayan, mabibigyan ng angkop na boses ang kababaihan na pinatahimik/ isinagilid ng potograpiyang kolonyal.

KABABAIHAN BILANG “PRODUKTO” SA MGA AKDA SA PAGLALAKBAY

Bagaman maaaring sabihing parehong nagsilbing “produkto” ang kalalakihan at kababaihan batay sa depiksiyon sa mga akda sa paglalakbay, maituturing na may pagkakaiba ang “pagkakabenta” sa kanila kung ang mga larawan ang pagbabatayan. Sa mga larawan, binigyan ng depiksiyon ang kalalakihan batay sa mga larangang “panlalaki” katulad ng pangangaso at pakikidigma, habang ang kababaihan ay isinalarawan batay sa kanilang kagandahang panlabas. Kung mayroon mang mga larawan ng kababaihan kaugnay

ng mga gawaing “pambabae” katulad ng paghahabi at pagtatanim, hindi pa rin sapat ang mga ito upang mabigyan ng hustisya ang aktuwal na papel ng kababaihan sa lipunan. Kapansin-pansin din ang pagsasalarawan sa “pag-unlad” ng kababaihang Kristiyano sa larangan ng relihiyon at edukasyon, habang ang kababaihang katutubo ay tila walang pagbabago sa kanilang pamumuhay kung ang mga larawan ang pagbabatayan (tingnan ang Jose 2021). Samantala, tila hindi na gaanong pinagtuonan ng pansin ang kababaihang Muslim na bukod sa mas kakaunti ang larawan kompara sa kababaihang Kristiyano at katutubo, ay halos puro sa estilong *portrait* kinuhanan ng larawan, at kung mayroon mang ipinahayag tungkol sa kulturang Muslim ay kaugnay naman ng poligamiya o pag-aasawa ng marami ng kalalakihan.

Kung ipinakita ng mga akda sa paglalakbay ang konsepto ng mga Amerikano tungkol sa Pilipinas, ipinakita rin nito ang kanilang konsepto ng kababaihang Pilipino batay sa kanilang bitbit na ideolohiyang pangkasarian o ang paniniwala hinggil sa papel ng kababaihan at kalalakihan batay sa kasarian. Katulad ng paghusga sa sibilisasyon (o kawalan nito) ng mga Pilipino gamit ang pamantayang Kanluranin, hinusgahan din ang kababaihan batay sa kanilang nakagisnang ideolohiya hinggil sa nararapat maging kilos, anyo, at papel ng kababaihan sa lipunan. Kung kaya’t mapapansin sa mga akda ang pagsasalarawan sa mga “negatibong” katangian ng kababaihan habang itinataguyod naman ang mga “ideal” na katangian na nararapat taglayin ng kababaihan. Kung ang katawan ng babae ang representasyon ng kolonya, nararapat lamang palitawin ang imahen ng kababaihan bilang mas mababa ang katayuan kaysa sa kalalakihan. Tumutugma ito sa naratibong kolonyal (ang paniniwala hinggil sa pangangailangang sakupin ang Pilipinas upang magawang sibilisado ang mga Pilipino) na pinanggagalingan at siyang itinataguyod ng mga akda sa paglalakbay.

Ang mga binanggit na halimbawa ay hindi sapat upang maibigay sa kababaihan ang karampatang espasyo sa kasaysayan. Bagama’t ang pananaig ng patriyarkal na pananaw sa pagsusulat ng kasaysayan ay isang pangunahing salik sa pagkawala ng kababaihan sa mga naratibo, ang misrepresentasyon sa kanila sa mga larawan ay maituturing ding isang paraan ng patuloy na pagsasagilid, pagsasantabi, at pagpapatahimik sa kababaihan sa kasaysayan. Para sa mga pananaliksik kaugnay ng parehong tema sa hinaharap, hinihikayat ang mas masusing pagsusuri sa iba’t ibang pagpapagitna katulad ng teknolohiya at sining ng potograpiya mismo, gayundin ang ugnayan ng potograpo at *subject* at ang lawak ng kanilang

pagkakakilala sa isa't isa, at iba pang salik para sa mas detalyadong pagsusuri sa representasyon ng kababaihan sa potograpiya. Sa pagkokompara sa depiksiyon ng kababaihan sa mga larawan at sa kanilang aktuwal na papel sa kasaysayan, mabibigyan ng angkop na boses at espasyo ang kababaihan na pinatahimik/isinagilid ng potograpiyang kolonyal.

SANGGUNIAN (REFERENCES)

Primaryang Sanggunian (Primary Sources)

- Atkinson, Fred. 1905. *The Philippine Islands*. Boston: Ginn and Co.
- Barrows, David. 1901. *The Bureau of Non-Christian Tribes for the Philippine Islands*. Manila: Bureau of Non-Christian Tribes.
- Barton, Roy. 1930. *The Half-way Sun: Life Among the Headhunters of the Philippines*. New York: Brewer & Warren Inc.
- Boyce, William. 1914. *The Philippine Islands*. Chicago: Rand, McNally.
- Dampier, William. 1906. Dampier in the Philippines. Nasa E. H. Blair at J.A. Robertson (pat. at tsln.), *The Philippine Islands, 1493-1898*, Tomo XXXIX (pah. 21-121). Cleveland: Arthur H. Clark Company. (Orihinal na inilathala noong 1697).
- De Castro, Modesto. 2005. *Pagsusulatan ng Dalauang Binibini na si Urbana at ni Feliza*. R.P. Baquiran, Jr. (pat). Quezon City: UP Sentro ng Wikang Filipino. (Orihinal na nailathala noong 1864). (Correspondence between Two Young Ladies, Urbana and Feliza. Originally published in 1864).
- Everett, Marshall. 1904. *The Book of the Fair: The Greatest Exposition the World Has Ever Seen Photographed and Explained, a Panorama of the St. Louis Exposition*. Philadelphia: P.W. Ziegler.
- Forbes-Lindsay, Charles Harcourt. 1906. *The Philippines Under Spanish and American Rules*. Philadelphia: The J.C. Winston Co.
- Halstead, Murat. 1898. *The Story of the Philippines: Natural Riches, Industrial Resources, Statistics of Production*. Chicago: Our Possessions Pub. Co.
- Hannaford, Ebenezer. 1900. *History and Description of the Picturesque Philippines*. Springfield, O: The Crowell & Kirkpatrick Co.
- Jenks, Albert. 1905. *The Bontoc Igorot*. Manila: Bureau of Public Printing.
- Loarca, Miguel de. 1975. Relations of the Philippine Islands. Nasa F.L. Jocano (pat. at tsln.), *The Philippines at the Spanish Contact*. 81-107. Manila: MCS Enterprises, Inc. (Orihinal na inilathala noong 1582). (Originally published in 1582)
- Neely, Frank. 1899. *Fighting in the Philippines*. London, Chicago, etc.: F.T. Neely.
- Pigafetta, Antonio. 1975. First Voyage Around the World. Nasa F.L. Jocano (pat. at tsln.), *The Philippines at the Spanish Contact*. 44-80. Manila: MCS Enterprises, Inc. (Orihinal na inilathala noong 1524). (Originally published in 1524)
- Vanoverbergh, Morice. 1937. Negritos of Eastern Luzon. *Anthropos*, Tomo 32 (5/6). 905-928.
- Sawyer, Frederick. 1900. *The Inhabitants of the Philippines*. London: Sampson Low, Marston and Company Limited.

Souvenir Visayan Village 1904. St. Louis: Freegard Press.

Williams, Daniel. 1913. *The Odyssey of the Philippine Commision*. Chicago: A.C. McClurg & Co.

Worcester, Dean. 1898. *The Philippine Islands and their People*. New York: The Macmillan Co.

Sekundaryang Sanggunian (Secondary Sources)

Abrera, Maria Bernadette. 2008-2009. Seclusion and Veiling of Women: A Historical and Cultural Approach. *Philippine Social Sciences Review*, 60 (1). 33-56.

Abubakar, Carmen. 2010. Wither the Roses of Yesteryears: An Exploratory Look into the Lives of Moro Women During the Colonial Period. Nasa M.L. Camagay (pat.), *More Pinay than We Admit. The Social Construction of the Filipina*. Quezon City: Vibal Foundation, Inc. 3-15. (Unang nailathala sa *Review of Women's Studies* 8 (2) 1998. 119-132/First published in *Review of Women's Studies* 8 (2) 1998, 119-132)

Ang Ulliran (official newsletter of the National Movement for the Beatification of Mother Ignacia del Espiritu Santo, 10 (4) (1998). Nasa A. Pecson-Fernandez (pat.), *Review of Women's Studies*, 8(1). 8-16. (The Model)

Antolihao, L. 2017. *Playing with the big boys: basketball, American imperialism and Subaltern discourse in the Philippines*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Balce, Nerissa. 2017. *Body Parts of Empire: Visual Abjection, Filipino Images, and the American Archive*. Ann Arbor: University of Michigan Press.

Berger, John. 1972. *Ways of Seeing*. United Kingdom: Penguin Books.

Best, Jonathan. 1998. 19th-Century Philippine Photography. *Kasaysayan: The Story of the Filipino People*, Tomo 4. Hong Kong: Asia Publishing Company Limited. 166-167.

Boro-Magbanua, Ma. Reina. 2010. Mga Ginampanang Papel at Tungkulin ng Babae sa Cofradia de San Jose. Nasa M.D. Jose at A. Navarro (pat.), *Kababaihan sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino*. Quezon City: C&E Publishing, Inc. 119-123. (Roles and Duties of Women in the Cofradia de San Jose. In M.D. Jose and A. Navarro (eds.), *Women in Philippine Culture and History*)

Butler, J. 2009. *Frames of War: When is Life Grievable?* London: Verso.

Camagay, Maria Luisa. 1995. *Working Women of Manila in the Nineteenth Century*. Quezon City: University of the Philippines Press.

De Villa, Jill Gale (pat.). 1999. *Masferre: A Tribute to the Philippine Cordillera*. Makati: Brier Projects Inc.

Eugenio, Damiana (pat.). 2001a. *Philippine Folk Literature: An Anthology*. Quezon City: University of the Philippines Press.

——(pat.). 2001b. *Philippine Folk Literature: The Epics*. Quezon City: The University of the Philippines Press.

Fermin, Jose. 2004. *1904 World's Fair: The Filipino Experience*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Griffin, Agnes Estioko, at P. Bion Griffin. 1981. Woman the Hunter: The Agta. Nasa F. Dahlberg (pat.), *Woman the Gatherer*. New Haven, CT: Yale University Press. 121-152.

Guardiola, Juan. 2006. *El Imaginario Colonial: Fotografia en Filipinas durante el periodo espanol. Catalogo El Imaginario Colonial, 1860-1898*. Barcelona: Casa Asia.

Halili, Servando Jr. 2006. *Iconography of the New Empire: Race and Gender Images and the American Colonization of the Philippines*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Holt, E. M. 2002. *Colonizing Filipinas: Nineteenth-Century Representations of the*

- Philippines in Western Historiography*. Ateneo de Manila Press.
- Ignacio, Abe, Enrique de la Cruz, Jorge Emmanuel, at Helen Toribio. 2004. *The Forbidden Book: The Philippine-American War in Political Cartoons*. California: T'Boli Publishing and Distribution.
- Jose, Mary Dorothy. 2021. Kababaihan, Potograpiya, at Kasaysayan: Isang Pagsusuri sa Imahen ng Kababaihang Pilipino sa Potograpiyang Kolonyal sa Harap ng Imperyalismong Amerikano. PhD Disertasyon sa *Philippine Studies*, University of the Philippines Diliman, Quezon City. (Women, Photography, and History: An Analysis of the Images of Filipino Women in Colonial Photography during American Imperialism. PhD Dissertation in Philippine Studies, University of the Philippines Diliman, Quezon City)
- Jose, Mary Dorothy, at Atoy Navarro. 2010. *Kababaihan sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino*. Quezon City: C&E Publishing, Inc. (Women in Philippine Culture and History)
- Jose, Mary Dorothy. 2008. Kamalayang Sektoral at Feminista sa Pananaliksik at Pagtuturo ng Kasaysayan. Nasa A. Navarro, A. Campomanes, at J.L. Candelaria (pat.), *Kaalaman at Pamamaraan sa Pagtuturo ng Kasaysayan*. Quezon City: UP Lipunang Pangkasaysayan. 79-85. (Sectoral and Feminist Awareness in Historical Research and Teaching. In A. Navarro, A. Campomanes, and J.L. Candelaria (eds.), *Knowledge and Methods in Teaching History*)
- . 2012. "Imahen ng Kababaihan sa mga Piling Epikong Filipino." *Dalumat Ejournal*, 3(2). 105-117. (Images of Women in Selected Filipino Epics)
- . 2015. Pagsisimula ng Kilusang Feminista sa Pilipinas at Indonesia: Panimulang Paghahambing. *Saliksik E-Journal*, 4 (2). 27-58. (Beginning of the Feminist Movement in the Philippines and Indonesia: A Preliminary Comparison)
- Kalaw, Teodoro. 1969. *The Philippine Revolution*. Kawilihan: Jorge Vargas Filipiniana Foundation.
- Kerkvliet, Melinda. 1992. *Manila Workers' Unions, 1900-1950*. Quezon City: New Day Publishers.
- Kimuell-Gabriel Nancy. 2015a. Ang Kababaihan ng Tundo Pagkatapos ng Digma. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, Espesyal na Isyu 2, pah. 110-148. (The Women of Tundo after the War)
- . 2015b. Prosopograpiya sa Kilusan ng Maralitang Kababaihan. *Review of Women's Studies*, 23 (1 & 2), pah. 9-57. (Prosopography in the Poor Women's Movement)
- . 2013. Hunyo. Ang Kababaihan ng Tundo sa Ilalim ng Batas Militar. *Scientia Journal*, pah. 10-41. (The Women of Tundo under Martial Law)
- . 2012. Pook at Pagsasakapangyarihan: Ang Kababaihan ng Tundo, 1946-2008. PhD disertasyon sa Philippine Studies, University of the Philippines Diliman, Quezon City. Place and Empowerment: The Women of Tundo, 1946-2008. PhD dissertation in Philippine Studies, University of the Philippines Diliman, Quezon City)
- . 2011, Hunyo. Asawa at Inaasawa: Ang Kalaguyo sa Kasaysayan mula Pre-kolonyal hanggang Pananakop ng Kastila. *Scientia Journal*, pah. 153-190. Wife and Mistress: The Paramour in History from Pre-colonial to Spanish Conquest.
- Kunting, Ayshia. 2017. Inchi Jamila: Asawa, Sultana, Ina (1881-1913). N. Kimuell-Gabriel (pat.), *Saliksik E-Journal*, 6 (2). 175-196. (Inchi Jamila: Wife, Sultan, Mother (1881-1913)).
- Mangahas, Fe. 2006. The Babaylan Historico-Cultural Context. Nasa F. Mangahas at J. Llaguno, (pat.). *Centennial Crossings: Readings on Babaylan Feminism in the Philippines*. Quezon City: C&E Publishing, Inc. 21-46.
- Mangahas, F. at Llaguno, J. (pat.). 2006. *Centennial Crossings: Readings on Babaylan Feminism in the Philippines*. Quezon City: C&E Publishing, Inc.
- Mojares, Resil. 1997. "Photography and Rape." *House of Memory*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc. 40-43.

- Muijzenberg, Otto van Den. (pat. at tsln.). 2016. *Colonial Manila 1909-1912: Three Dutch Travel Accounts*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- . 2003, May. Bagong Kasaysayan at Kasaysayang Bayan: Pambungad sa Pag-aaral ng Kabuuang Kasaysayang Pilipino. *Balitang ADHIKA*, Tomo 5, Blg. 1. (New History and People's History: An Introduction to the Study of a Comprehensive Philippine History)
- Quindoza-Santiago, Lilia. 1997. *Sa Ngalan ng Ina: Sandaang Taon ng Tulang Feminista sa Pilipinas, 1889-1989*. Quezon City: University of the Philippines. (In the Name of the Mother: 100 Years of Feminist Poem in the Philippines, 1889-1989)
- Quizon, Cherubim. 2012. Dressing the Lumad Body: Indigenous Peoples and the Development Discourse in Mindanao. *Humanities Diliman*, 9(2). 32-57.
- Reguindin-Estella, Janet. 2014. Si Trinidad Tecson at ang Kanyang Ambag sa Himagsikang Pilipino (1896-1898). *Saliksik E-Journal*, 3 (2). 259-274. (Trinidad Tecson and Her Contributions to the Philippine Revolution)
- . 2015. Kasaysayang Buhay, Kabayanihan at Lipunan: Ang Talambuhay ni Tandang Sora sa Pagtuturo ng Kasaysayan. Nasa M.L. De Leon-Bolinao at J. Taguiwalo (pat.), *Review of Women's Studies*, 23 (1 & 2). Quezon City: UP Center for Women's Studies. 58-79. (Life History, Heroism and Society: Tandang Sora's Biography in the Teaching of History)
- Rice, Mark. 2015. *Dean Worcester's Fantasy Islands: Photography, Film, and the Colonial Philippines*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Rodriguez-Tatel, Mary Jane. 2010. Reading A Colonial Bureau: The Politics of Cultural Investigation of the Non-Christian Filipinos. *Social Science Diliman*, 6 (1). 1-27.
- . 1999. *Ang Kababaihan sa Himagsikang Pilipino*. Bagong Kasaysayan 7. Quezon City: Palimbagan ng Lahi. (The Women in Philippine Revolution)
- . 2000. *Kasaysayang Bayan: Isang Panimula Tungo sa Paglilinang*. Papel na binasa sa Ika-9 na Pambansang Kumperensiya ng U.P. LIKAS, Lunsod Quezon. (People's History: An Introduction towards Development. A paper read during the 9th National Conference of UP LIKAS, Quezon City)
- . 2014. Dalumat ng "Inang Bayan" at ang Pananaw ni Andres Bonifacio sa Kababaihan. *Saliksik E-Journal*, 3 (2). 214-237. (Concept of Motherland and Andres Bonifacio's View of Women)
- Salazar, Zeus. 1989. Ang Babaylan sa Kasaysayan ng Pilipinas. Nasa *Women's Role in Philippine History: Selected Essays*. Quezon City: UP University Center for Women's Studies at UP Press. 52-72. (The Babaylan in Philippine History)
- . 1997. *Si Andres Bonifacio at ang Kabayanihang Pilipino*. Palimbagan Kalawakan. (Andres Bonifacio and Philippine Heroism)
- . 2010. "TUNDUN-PAILAH-BINWANGAN: Ang Sistemang Ilog Ilaya-Ilawud ng Katagalugan bilang Halimbawa ng Isang Proseso ng Pagkabuo ng mga Sinaunang Pamayanan ng Kapilipinuhan." Nasa J. Tiongson, *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna*. Bagong Kasaysayan, Inc. at Pila Historical Society Foundation, Inc., Pila, Laguna. 341-467. (TUNDUN-PAILAH-BINWANGAN: The Ilaya-Ilawud River System of the Tagalogs as an Example of a Process in the Formation of Ancient Filipino Communities. In J. Tiongson, *The Relevance of the Laguna Copperplate Inscription*)
- Sarenas, Lyca Therese (pat.). 2003. *Muslim Laws, Population and Reproductive Rights*. Davao City: PILIPINA Legal Resources Center, Inc. (PLRC).
- Cruz, Nenita Sta. Romana. 1992. *Great Lives: Gabriela Silang*. Makati: Tahanan Books for Young Readers.
- Sturtevant, David. 1976. *Popular Uprisings in the Philippines 1840-1940*. Ithaca, NY: Cornell University Press.

- Subido, Trinidad Tarossa. 1955. *The Feminist Movement in the Philippines*. Manila: National Federation of Women's Clubs.
- Taguiwalo, Judy. 2010. Dalawang Mukha ng Pakikibaka ng Kababaihan sa Panahon ng Kolonyal na Paghahari ng Estados Unidos sa Pilipinas. Nasa M.D. Jose at A. Navarro (pat.), *Kababaihan sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino* (pah. 183-200). Quezon City: C&E Publishing, Inc. 183-200. (Unang nailathala sa *Diliman Review*, 45 (2-3) 1997. 30-38). (Two Faces of Women's Struggle during the United States Colonial Rule in the Philippines. In M.D. Jose and A. Navarro (eds.), *Women in Philippine Culture and History* (pp. 183-200). Originally published in *Diliman Review*, 45 (2-3) 1997, 30-38)
- . 2011. *Babae, Obrera, Unyonista: Ang Kababaihan sa Kilusang Paggawa sa Maynila (1901-1941)*. Quezon City: The University of the Philippines Press. (*Woman, Worker, Unionist: Women in the Labor Movement in Manila (1901-1941)*).
- Tatel, Carlos, Jr. 2011. "Non-Western Peoples as Filipinos: Mediating Notions of 'Otherness' in Photographs from the National Geographic Magazine in the Early 20th Century." *Asian Anthropology*, 10 (1). 61-79.
- Tiongson, Nicanor. 2004. *Women of Malolos*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Vergara, Benito Jr. 1995. *Displaying Filipinos: Photography and Colonialism in Early 20th Century Philippines*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Veneracion, Jaime. 1983-1984. Ang Kasaysayan sa Kasalukuyang Henerasyon. *Historical Bulletin* Tomo 27-28. Manila: Philippine Historical Association, 13-27. (History in the Present Generation)
- Wallace, Ben. 1970. Agricultural Technology of the Pagan Gaddang. Nasa T. Harding at B. Wallace (pat.), *Cultures of the Pacific: Selected Readings*. New York: The Free Press. 63-67.
- Warren, James. 2009. *Pirates, Prostitutes and Pullers: Explorations in the Ethno-and Social History of Southeast Asia*. Quezon City: New Day Publishers.

Batis-Internet (Internet Sources)

- Araneta, G. (2018, Oktubre 25). *A day with Negritos*. Manila Bulletin. Nakuha noong Hunyo 25, 2020, mula sa <https://bit.ly/3lga99x>.
- Gordon, R., at J. Kurzwelly (2018, Setyembre 18). Photographs as Sources in African History. *Oxford Research Encyclopedia of African History*. Nakuha noong Hunyo 14, 2019, mula sa <https://bit.ly/33IOLJI>.

Dokumentaryo (Documentaries)

- Corre, F. 1998. *Ifugao: Bulubunduking Buhay*. Bookmark. (*Ifugao: Mountainous Life*)
- . 2000. *Dream Weavers*. Bookmark.

MAGINOO KAHIT PA NILOKO? PAGBIBIGAY-KAHULUGAN NG MGA LALAKI SA PANGANGALIWA NG KANILANG KARELASYON (GENTLEMEN EVEN WHEN CHEATED ON? MEN'S INTERPRETATION OF BEING CHEATED ON BY THEIR ROMANTIC PARTNERS)

*Princess Lovella Maturan
Mary Angelica Bonifacio
Rashia Andrea Lubuguin*

ABSTRAK

Dahil ang Pilipinas ay isang patriyarkal na lipunan, kinikilala ng mga Pilipino ang pagiging dominante ng mga lalaki sa iba't ibang aspekto ng pakikisalamuha, mula sa gobyerno at trabaho hanggang sa pamilya at relasyon. Dahil dito, nakatuon ang mga nakaraang pag-aaral sa naratibo at karanasan ng kalalakihang sila ang may hawak ng kapangyarihan, lalo na sa usapin ng kanilang pangangaliwa—na itinuturing na mas katanggap-tanggap sa lipunan kompara sa pangangaliwa ng mga babae. Gayunpaman, madalas hindi nabibigyang-pansin ang mga pangyayaring nakukuwestiyon ang pagiging makapangyarihan ng mga lalaki, gaya ng pagtataksil sa kanila ng karelasyong babae. Nais naming tugunan sa pananaliksik na ito ang kakulangan sa literatura at kaalaman ukol sa pangangaliwa ng mga babae at kung paano binibigyang-kahulugan ng kanilang mga karelasyong lalaki ang karanasang ito. Layon din naming malaman ang kanilang paraan ng pag-igpaw at pagbangon mula sa ganitong mga karanasan. Panghuli, nais naming pagtuunan ng pansin

ang naging epekto ng pagtataksil ng kanilang kapareha sa kanilang pananaw sa sari-saring aspekto ng kanilang búhay. Kinapanayam namin ang sampung Pilipinong lalaking naninirahan sa Luzon at nakararanas ng pangangaliwa sa iba't ibang antas ng kanilang relasyon. Ang bawat panayam ay aming sinuri gámit ang Discourse Analysis upang magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa kanilang naratibo at malaman kung paano sumasalamin ang wikang kanilang ginamit sa kanilang pagtingin at pagbibigay-kahulugan sa kanilang dinanas. Lumabas sa pananaliksik ang sumusunod na mga tema: ang paninisi sa kaparehang babae ngunit hindi sa karibal na lalaki, ang hindi pagbanggit at hindi pagharap sa karibal, at ang pagsasawalang-bahala sa nangyari. Ang lahat ng ito ay umiikot sa konsepto ng kahihyan. Sa kanilang pananaw, ang pangangaliwa ng kanilang karelasyon ay kabawasan sa kanilang pagkalalaki. Dahil dito, ang kanilang mga aksiyon matapos ang ganitong karanasan ay nakatuon sa pagbuong muli ng kanilang reputasyon o imahen sa lipunan at sa pagbawi sa kanilang dangal at pagkalalaki.

Mga susing salita: pagkalalaki, pangangaliwa, hiya, pagsusuri ng diskurso, romantikong relasyon

ABSTRACT

Because the Philippines is a patriarchal society, Filipinos recognize the dominance of men in different aspects of interaction, from education, to work, to politics, and within smaller circles, like their families and other personal relationships. In relation to this, previous studies have focused on the narratives and experiences of men being in dominant positions, like their infidelity in relationships, which is viewed as more acceptable and common in our society in contrast to that of women's. However, the instances when men's power and dominance are challenged, like being cheated on by their female partners, have not received much attention in research. Through this study, we aim to fill the gap in the literature on women's infidelity in romantic relationships and the ways that their male partners make sense of this experience. We also seek to know their different ways of coping and how these men try to move forward from what they experienced. Lastly, we intend to know how being cheated on affected their current life views and the other facets of their life. We interviewed ten

Filipino males living in Luzon who experienced being cheated on in various types of romantic relationships. The interviews were analyzed through Discourse Analysis to have a deeper understanding of their narratives and how their use of the language reflected the ways that they view and make sense of what they experienced. The following themes emerged from our analysis: blaming only the woman who cheated but not her lover, non-confrontation and absence of the rival in their narratives, and their indifference to the situation. These themes all revolve around the concept of shame, coming from the notion that being cheated on lessens their masculinity and self-worth. Because of this belief, their actions following this experience are often focused on rebuilding their reputation in the society and recovering their honor and masculinity.

Keywords: masculinity, infidelity, shame, discourse analysis, romantic relationships

PANIMULA

Sa ating lipunan, malimit pag-usapan sa mga barkadahang lalaki ang pambababae at pangangaliwa ngunit madalang na marinig ang kuwento ng isang lalaking kinaliwa ng kaniyang karelasyon. Dahil laganap ang *machismo* sa ating kultura, normal lang na ipagyabang ng mga lalaki ang kanilang *sexual exploits* pagdating sa pangangaliwa, ngunit tila isang *taboo* na paksa ang mga karanasan ng mga lalaking kinaliwa. Sa kabilang banda, madalang maging paksa sa mga kuwentuhan ng mga babae ang panlalalaki at pangangaliwa sa karelasyon dahil salungat ito sa konsepto ng *marianismo* na dapat ay pinapanatili ng mga babae ang kanilang moral at kalinisang-puri.

Sinasalamin ng kasalukuyang literatura ang ganitong katahimikan ng ating lipunan pagdating sa mga lalaking kinaliwa at mga babaeng nangaliwa. Sa Pilipinas, may ilang pag-aaral tungkol sa pagkalalaki at pagkababae (Valledor-Lukey 2012; Rubio at Green 2009, 61-75; Aguiling-Dalisay *et al.* 2000; Liwag *et al.* 1998, 1-46), mga babaeng kinaliwa (Gonzales *et al.* 2004, 74-103), at mga lalaking nangaliwa (Aguiling-Dalisay *et al.* 1995, 143-66; Bulatao 1978, 201-23). Sa lahat ng mga ito, iisa lámang ang nakita naming pag-aaral na direktang tumatalakay sa mga karanasan ng mga lalaking kinaliwa (Beroín *et al.* 2017). Kapansin-pansin dito ang kakulangan sa literatura sa paksang ito.

Rebyu ng Literatura

Ang pangangaliwa ay ang seksuwal o emosyonal na pakikipag-ugnayan sa táong nasa labas ng primaryang relasyon (Beroín *et al.* 2017) at ang isa sa mga pangunahing dahilan ng diborsiyo sa ibang bansa (Drigotas at Barta 2001, 177-80). Bagaman walang batas ng diborsiyo sa Pilipinas at walang tiyak na pagtatalâ ng mga paghihiwalay ng mag-asawa dahil sa pangangaliwa (Gonzales 2003), ito ay tinuturing na ugat ng problema ng mga mag-asawa (Pizarro at Fernandez 2015).

Sa Pilipinas, marami táyong mga salita at termino upang tumukoy sa pangangaliwa. Nariyan ang “pakikiapid,” “pangangalunya,” “pamamangka sa dalawang ilog,” “paglalaro ng apoy,” “pagtataksil,” at “pagsusunog ng uling,” hábang ang mga babaeng nakiapid ay tinatawag na “kabit,” “kulasisi,” at “kerida” (Alano 1994, 59-103). Samantala, ang mga lalaking kinaliwa naman ay sinasabing “natorotot,” “na-pendejo,” “naisahan,” at “naiputan sa ulo.” Makikita sa mga ito na maraming termino para sa babaeng kabit ngunit wala para sa lalaking kabit. Para naman sa mga lalaking kinaliwa, ang mga terminong ginagamit ay tila may halong pangungutya sa kanilang pagkalalaki.

Madalas mabigyang-pansin ang pambababae, pagkakaroon ng kabit o kerida, at pangangaliwa (Aguiling-Dalisay *et al.* 1995, 143-66; Bulatao 1978, 201-23). Ang pangangaliwa ng lalaki ay itinuturing na natural at isang tatak ng pagiging macho (Pe-Pua 1990, 75-85). Samantala, ang pangangaliwa naman ng babae ay kasuklam-suklam para sa ating lipunan. Sa pag-aaral ni Alano (1994, 59-103), ang mga kerida ang mas kinamumuhian kaysa sa kalalakihang nangangaliwa. Kababaihan rin ang madalas pagbalingan ng gálit at paninisi samantalang ang kalalakihan ay pinagbibigyan at pinatatawad. Gayundin, sinabi ni Ventura (1981) na kinakaawaan ng ating lipunan ang mga lalaking kinaliwa at iniwan ng kanilang karelasyon.

Isa sa mga sistemang patuloy na nagpapasákit sa mga tao ay ang patriyarkal na ideyolohiyang nakaaapekto sa halos lahat ng bagay na may kaugnayan sa kababaihan, kalalakihan, at ang kanilang relasyon (Aquino 2019). Sinasabi rin na ang opresyong dinaranas ng mga tao ay dahil sa patriyarkal na pag-iisip na ang pisikal na kalakasan at kapangyarihan ng kalalakihan na pumapaibabaw sa kababaihan. Bukod sa paniniwalang ang patriyarka ay isa sa mga laganap (at kadalasang pailalim) na sistema sa kasaysayan ng

opresyon sa sangkatauhan, sinasabi ring maaaring patago itong maihayag sa pagpapakita ng labis-labis na magandang katangian ng kalalakhian (*aggrandized masculinity*) sa mata ng ibang tao (Tong 2009; Pineda-Ofreneo et al. 1997).

Dahil sa patriyarkal nating kultura, mas binibigyan ng halaga at pribilehiyo ang kalalakhian kaysa sa kababaihan at iba pang mga kasarian. Ang ilang halimbawa ng *double standard* na bunga ng patriyarka ay ang *gender pay gap* at akses sa mas mataas na edukasyon (Alcantara 1994), pati na rin ang mas malala na parusang natatanggap ng kababaihan kaysa sa kalalakhian sa usapin ng pangangaliwa (Rusbult et al. 1994). Ang pagkakaroon ng pribilehiyong tulad ng mga ito ay mas nagpapatibay ng dominanteng posisyon ng kalalakhian. Maiuugnay dito ang nabanggit sa pag-aaral ni Santiago (1975) na mas nakatataas ang lalaki dahil silá ang makapangyarihan hindi lámang sa lipunan, kung hindi pati na rin sa loob ng bahay. Silá ay itinuturing na dominante at makapangyarihan, habang ang babae, kahit anong gawin niya, ay itinuturing na mahina, nakadepende, at sunod-sunuran sa mga lalaki (Aguiling-Dalisay et al. 1995, 143-66; Pe-Pua 1990, 75-85). Bílang haligi ng tahanan, ang mga lalaki ang inaasahang maging tagatustos at tagapagpasiya sa pamilya, samantalang ang mga babae ay inaasahang nakatuon lámang sa mga anak at sa bahay (Aguiling-Dalisay et al. 2000).

Sa usapin ng hindi pagkakapantay-pantay ng mga kasarian at seksuwalidad sa lipunan, madalas ding natatalakay ang konsepto ng *hegemonic masculinity*. Ito ay isang “*pattern of practice*” o mga kagawian na inuugnay sa pagkalalaki (Connell at Messerschmidt 2005). Nakapaloob sa konseptong ito ang pagkakaroon ng iba’t ibang uri ng pagkalalaki. Ang *hegemonic masculinity* ay maaaring hindi tumukoy sa pangkaraniwang anyo ng pagkalalaki o paraan ng kanilang pamumuhay ngunit ito ang nagiging pamantayang pagkokompara sa katauhan at katayuan ng isang lalaki. Kinikilala rin na ito ay hindi nakakamit sa pamamagitan ng dahas, bagkus ay napagtibay ng mga kagawian, paniniwala, at pagturing sa kalalakhian sa ating lipunan.

Sa mga nakaraang pag-aaral nina Pingol (2000), de Castro (1995) at Tan (1989), natalakay ang iba’t ibang uri ng pagkakalalaki sa Pilipinas. Ayon kay de Castro (1995), ang iba-ibang depinisyong konseptong ito ay tila ba magkakasalungat at maaaaring hindi eksklusibong maiuugnay sa isang kasarian lamang. Halimbawa, kung ang pamantayan natin ng pagiging lalaki ay ang kanilang ari,

hindi nitó nasasakop ang mga transsexual at transgender. Kung ang basehan naman ay ang pagiging pangunahing tagapagtaguyod at tagatustos sa pamilya, maaari rin naman itong gampanan ng isang babae, patunay na hindi dapat nakaatas sa mga lalaki lámang ang responsabilidad na ito. Samakatwid, ipinapakita rito na hindi lámang iisa at hindi *clear-cut* ang depinisyon ng pagkalalaki at pagiging lalaki sa Pilipinas.

Maaari ring magbago ang pagkakakilanlan at depinisyon ng mga lalaki sa pagkalalaki batay sa sitwasyon na kanilang nararanasan. Sa pag-aaral ni Pingol (2000), natuklasan na ang mga asawang lalaki ng mga babaeng nagtatrabaho sa isang bansa ay bumuo ng bagong katauhan o pagtingin sa sarili na taliwas sa tradisyonal na depinisyon ng pagkalalaki at papel ng isang lalaki sa pamilya. Dahil silá ang naiwan sa kanilang mga anak, inako nilá ang *nurturing role* o ang mga responsabilidad na madalas iniuugnay sa pagiging ina tulad ng pag-aalaga sa mga anak at pananatili sa bahay. Sa kabila ng *role reversal* na ito, naghahanap pa rin ang mga lalaki ng paraan upang magkaroon ng kontrol sa sitwasyon na kanilang kinabibilangan—maaaring sa anyo ng takot ng o respeto mula sa ibang tao. Ilang halimbawa ay ang pagkakaroon ng kontrol sa mga nangyayari sa kanilang pamamahay o pambababae. Sa paraang ito, maituturing pa rin nila na silá ang dominante kahit ang sitwasyong kanilang kinabibilangan ay salungat sa kanilang orihinal na pagtingin sa pagkalalaki at tradisyonal na pamantayan ng lipunan sa pagkalalaki.

Bagaman hindi iisa ang depinisyon ng pagkalalaki sa isang lipunan, may isa pa ring nangingibabaw o itinuturing na *exemplar*. Ito ay ang imahen ng isang lalaki na macho (Pe-Pua 1990, 75-85), dominante sa isang relasyon at bawat sitwasyon, haligi ng tahanan, hindi nagpapakita ng emosyon (Aguiling-Dalisay et al. 2000), at may kakayahang suungin ang bawat pagsubok na kaniyang nararanasan (Liwag et al. 1998, 1-46). Dahil dito, nakahilig ang mga pag-aaral sa pagiging dominante ng kalalakihan—ang mga pangyayari kung kailan nakikita ito—at ito ang nagpapanatili ng kanilang kapangyarihan. Dahil din dito, hindi nabibigyang-pansin ang mga pangyayaring nakukuwestiyon ang pagiging makapangyarihan ng isang lalaki, lalo na sa mga bagay na siya ang inaasahang dominante—tulad ng mga relasyon at pangangaliwa.

Ang reaksiyon ng mga lalaki kaugnay ng pangangaliwa ng kanilang karelasyon ay nag-uugat sa ganitong *dynamics* ng lipunang kanilang kinabibilangan. Ang gálit at agresyon ay posibleng paraan

upang makabawi sa pagbabà ng kanilang reputasyon matapos pagtaksilan (Vandello at Cohen 2003, 997). Mula naman sa ebolusyonaryong pananaw, itinuturing ng kalalakihan na katunggali ang *third party* dahil iisang babae ang kanilang pinag-aagawan. Dahil dito, karahasan ang kanilang sagot upang mapatunayan na nakahihigit silá sa kanilang karibal (Johnson et al. 2007, 345-51).

Taliwas sa agresibong aksiyon ng mga lalaki, ang kanila namang *coping mechanism* laban sa negatibong karanasan ay ang pagiging tahimik, pagkimkim ng kanilang nararamdaman, at pag-iwas sa problema (Matud 2004, 1401-15). Sa mga nakaraang pag-aaral, *detachment* at *emotional inhibition* ang ilan sa paraan ng lalaki upang makausad sa isang masamang sitwasyon (Matud 2004, 1401-15).

Mahalaga ring mapag-usapan ang konsepto ng *mate value*—ang pagtingin sa sarili bilang mas nakahihigit at mas kanais-nais na karelasyon kaysa sa ibang tao sa kanilang paligid, sa pisikal o ibang aspekto man ng kaniyang pagkatao (Phillips 2010). Ang koseptong ito ay maiuugnay rin sa pananaw ng isang tao sa kaniyang pagiging kaakit-akit bilang isang potensiyal na asawa kompara sa iba pang mga tao (Shackelford, Buss at Benett 1997, 7-25). Sinasabi rin sa mga pag-aaral na ito na mas nakararamdam ang mga lalaki ng gálit at indignasyon sa pangangaliwa ng kanilang karelasyon kung silá ay may mataas na *mate value* dahil iniisip niláng mas nakaaangat silang opsiyon bilang kapareha at hindi nilá inaasahang ipagpapalit silá ng kanilang karelasyon (Phillips 2010; Shackelford, Buss at Bennett 1997).

Importante rin ang usapin ng hiya sa paksa ng pangangaliwa. Sa pag-aaral ni Bulatao (1964), ibinahagi niya kung paano nakaaapekto ang hiya sa kilos, damdamin, at pananaw ng indibidwal, lalo na't ang hinahamon ng hiya ay ang sarili (*ego*) at pagpapahalaga sa sarili (*self-worth*) ng isang tao. Ayon kina Clemente, Galang, at Arpon (2017), maaaring maranasan ng isang tao ang hiya kung siya ay may nagawang mali sa kaniyang sarili o kung matuklasan ng ibang tao ang kaniyang kahinaan. Sa oras na matuklasan ng iba ang nakahihiyang karanasan ng isang tao, maaari siyang maging tampulan ng tukso at pang-aalipusta ng iba (Bulatao 1964). Sa diskusyon ng kasalukuyang pag-aaral, madadalumat kung paano nakasentro sa kahihiyan ang mga kuwento ng pangangaliwang naranasan ng mga kalahok.

Layunin ng Pag-aaral

Bagaman mayroon nang nakalatag na mga pag-aaral tungkol sa pangangaliwa, malaki pa rin ang pagkukulang sa pagsusuri ng mga karanasang ikinuwento mismo ng mga lalaking kinaliwa ng kanilang karelasyon. Nilalayon naming matugunan ito sa pamamagitan ng pagsusuri sa kanilang mga kuwento at paraan ng pagbabahagi ng kanilang karanasan. Sa pagpapalawak ng kaalaman tungkol dito, mas magiging malinaw ang ugnayan at pakikipagtagisan ng lalaki at babae sa isang romantikong relasyon sa konteksto ng lipunang Pilipino, at mauunawaan ang aktuwal na representasyon ng mga lalaki sa kanilang sarili bilang karelasyon at bilang lalaki. Kinikilala namin bilang mananaliksik ang posibleng epekto ng aming kasarian sa resulta ng pag-aaral na ito. Dahil pawang mga babae ang mananaliksik, maaaring may mga karanasan, paksa, at temang hindi nabanggit at natalakay sa aming mga panayam.

METODO

Kalahok

Binubuo ang mga kalahok ng sampung Pilipinong lalaki na pinagtaksilan ng kanilang karelasyong babae sa loob ng isang heterosexual at *committed* na relasyon. Nag-anyaya kami ng mga kalahok gamit ang aming *personal networks* at ang Facebook na naging daluyan ng aming panawagan. Ang aming mga kalahok ay mula sa tatlong magkakaibang rehiyon sa Luzon at may edad 19 hanggang 61 taóng gulang. Apat lámang sa kanila ang kasal sa mga babaeng nangaliwa habang anim naman ang hindi kasal. Ngunit, lumabas sa aming pagsusuri na may tatlong hatian ang estado ng relasyon ng aming mga kalahok: kasal, hindi kasal ngunit tumirá sa iisang bahay kasama ang karelasyon o “*live-in*”; at hindi kasal at hindi rin nagsama sa iisang bahay. Ang apat na ikinasal at tatlong nag-*live-in* ay may anak sa kanilang karelasyon, samantalang ang tatlo namang hindi kasal ay walang anak. Sa kasalukuyan, lahat ng mga kalahok ay tuluyan nang hiwalay sa karelasyong nangaliwa sa kanila. Makikita sa Talahanayan 1 ang kompletong *demographics* ng mga kalahok.

Pamamaraan

Talahanayan 1: *Demographics* ng mga kalahok

Alyas	Edad	Civil Status	Tagal ng relasyon	Bilang ng pagkakataon na nahuling nangaliwa ang karelasyon	Bilang ng anak
Onyok	45	Kasal	12 taon	4	2
Mark	19	Hindi kasal	3 buwan	2	0
Benjie	50	Kasal	8 taon	1	2
Tito	61	Kasal	17 taon	1	5
Pete	26	Kasal	3 taon	1	1
Jake	24	Hindi kasal (live-in)	6 taon	3	1
Rody	19	Hindi kasal	2 taon	1	0
Danilo	28	Hindi kasal	2 taon	2	0
Butch	40	Hindi kasal (live-in)	10 taon	1	3
Larry	30	Hindi kasal (live-in)	1 taon	Hindi mabilang sa dami ng pagkakataon	1

Kinalap ang mga kuwento ng aming mga kalahok tungkol sa kanilang karanasan gamit ang mga *semi-structured* na panayam. Bago simulan ang panayam, binigyan silá ng *informed consent form* upang malaman nilá ang kabuoang paksa ng aming pag-aaral, ang kanilang mga karapatan bilang mga kalahok, at ang *ethical standards* na sinunod namin upang matiyak ang kanilang kapakanan tulad ng pagpapanatili ng *anonymity* at *confidentiality* ng anumang impormasyon na makapagtutukoy sa kanila. Ang lahat ng mga panayam ay nirekord para sa transkripsiyon.

Nagtagal ang bawat panayam mula tatlumpung minuto hanggang dalawang oras ($M=50$ minuto). Nahahati ito sa tatlong bahagi: (1) ang kanilang karanasan sa pangangaliwa ng kanilang karelasyon, mula sa daloy ng kanilang relasyon hanggang sa puntong nalaman nilá ang tungkol sa pangangaliwa at sa pagtatapos ng relasyon; (2) ang kanilang paraan ng pag-cope; at (3) ang mga pagbabago ng kanilang pananaw sa iba't ibang aspekto ng kanilang búhay bunga ng karanasang ito.

Matapos ang mga panayam, ginawan namin ng transkripsiyon ang bawat isa. Sinuri namin ito gamit ang *KJ Analysis* (Kawakita 1991; Scupin 1997). Aming pinangkat ang mga pahayag na may magkakaparehong idea. Bukod rito, nagsagawa kami ng *discourse analysis* (DA) upang magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa nilalaman at sa kanilang paraan ng pagkukuwento (Gee 2014). Sa pamamagitan ng ganitong analisis, nagawa naming himayin ang mga relasyon ng lakas, kontrol, at kapangyarihan na nasasalamín sa wikang ginamit ng mga kalahok. Nasuri rin ang panlipunang konteksto kung saan nakaangkla ang produksiyon at paggamit ng wika, at sa mga proseso at estruktura na nag-iimpluwensiya sa paraan ng paggamit at pagbibigay-kahulugan sa ginagamit na wika (Fairclough at Kress 1997).

Gumamit din kami ng kritikal na lente upang magkaroon ng mas malalim na paghihimay, pagsusuri, at pagtatagni-tagani ng mga elementong umiikot sa aming paksa. Ang pagkakaroon ng kritikal na pananaw sa pananaliksik ay mahalaga lalo na sa pagsusuri ng mga konseptong may kaugnayan sa kasarian, patriyarka, at seksuwalidad (Nast 1994, 54–66). Dahil dito, tinutugunan namin ang pangangailangan ng aming paksa na magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa pagkalalaki at pagkababae ng mga Pilipino kaugnay ng mga karanasan ng mga lalaking kinaliwa ng kanilang karelasyon.

RESULTA AT DISKUSYON

Sa pagkukuwento ng mga kalahok tungkol sa pangangaliwa ng kanilang karelasyon, naunawaan namin ang kanilang mga istorya, mula sa simula, naging takbo, at pagtatapos ng kanilang relasyon hanggang sa panibagong yugto ng kanilang búhay romantiko at mga pagbabago sa kanilang pananaw sa búhay at pag-ibig bunsod ng nangyari sa kanila. Sa pagsiyasat sa mga salaysay ng aming mga kalahok, nabuo namin ang sumusunod na mga tema: ang masamang babae at maginoong lalaki, pagkawala sa istorya ng karibal na lalaki, at pagsasawalang-bahala sa nangyari. Ang lahat ng ito ay umiikot sa konsepto ng kahihyan na nag-uugat sa kanilang pagkalalaki at reputasyon sa lipunan.

Sadyang magkakaiba ang mga naging karanasan ng mga kalahok kaugnay ng pangangaliwa ng kanilang karelasyon. May relasyong tumagal ng tatlong buwan lámang; mayroon namang inabot ng labimpitong taon. May mga kalahok na tinapos agad ang relasyon matapos ng unang beses na nalaman nilá ang pangangaliwa ng kanilang karelasyon, samantalang may mayroong hinayaang paulit-ulit siláng pagtaksilan ng kanilang karelasyon bago silá magpasiyang makipaghiwalay. May mga kalahok na *naka-move on* na sa kanilang karanasan at mayroong mga kasalukuyan pa ring *nagmo-move on*. Gayunpaman, ang kanilang mga naging karanasan ay may mga tema pa ring paulit-ulit na umusbong sa kanilang mga kuwento. Ano man ang estado ng kanilang naging relasyon, gaano man katagal ang mga ito, at ano man ang naidulot ng kanilang karanasan sa kanilang pagkatao ay iisa lámang ang lumitaw na diskurso sa kanilang pagsasalaysay.

Ang masamang babae at ang maginoong lalaki

May pagkukulang ako pero . . .

Walang romantikong relasyon ang hindi nagkaroon ng kahit anong problema at aminado naman ang mga kalahok sa bagay na ito. Pinagtuunan namin ng pansin ang mga problemang sa tingin nilá ay naging dahilan ng pangangaliwa ng kanilang karelasyon. Sa kanilang pagkukuwento, inamin ng ilan na sila ay may mga pagkukulang sa kanilang relasyon, tulad ng kakulangan sa oras para sa karelasyon, kawalan ng trabaho, at problemang pinansiyal. Ayon sa kanila, maaaring ito mga ang nag-udyok upang silá’y pagtaksilan ngunit hindi ito sapat upang silá ay kaliwain ng mga ito.

Masasalamin ito sa karanasan ni Danilo, kinaliwa ng kaniyang kasintahan. Kuwento niya, “She was young, I was old. . . . Problem n’ya is wala ako masyadong time for her. . . . I know I have misgivings pero I didn’t—I don’t think my misgivings will in any way be enough for her to cheat on me.”

Narito naman ng salaysay ni Pete, may isang anak sa asawa niyang nangaliwa, “Dati wala akong oras e. ‘Yung oras ko lang trabaho . . . kasi marami kasi akong binubuhay dati e. Andiyan pa ‘yung magulang niya, pinapag-aral ko pa ‘yung kapatid niya, binibigyan ko pa ng gamot yung lola niya, tapos eh sakin pa humihingi ng pagkain ‘yung mga magulang niya”

Ang pagtingin nilá na ayos lámang na mawalan ng oras para sa kanilang karelasyon kung ito naman ay iginugugol nilá sa pagtatrabaho ay maaaring maiugnay sa konsepto ng pagkamaginoo. Ayon kay de Castro (1995), maginoo ang isang lalaki kung siya ay naghahanap-búhay at may malasakit sa kapakanan ng kanilang pamilya. Ngunit, ang ganitong pagtingin ay nakapagpapatibay din sa sistema ng patriyarka na ang lalaki ay pinalilitaw na tagapagligtas ng babae, o sa sitwasyon ni Pete, ng pamilya ng kaniyang karelasyon.

Ayon sa pag-aaral nina Rubio at Green (2009, 61–75), ang pagtatanggol nina Danilo at Pete sa kanilang kakulangan sa oras dahil sa trabaho ay konektado sa pananaw ng mga lalaki na dapat silá ay responsable at nakatuon sa ikabubuhay ng kanilang pamilya. Ang pagiging mabuting haligi ng tahanan ay ang pinakamataas na batayan ng pagkalalaki sa ating lipunan (Aguiling-Dalisay et al. 2000). Kaugnay nitó, hindi naging angkop ang pangangaliwa sa sitwasyong nagtatrabaho ang lalaki dahil sinasabing ang pagiging hindi matulungin at hindi maingat sa pera ang isa sa mga dahilan ng hiwalayan ng mag-asawa (Amato at Rogers 1997).

. . . at higit sa lahat, hindi ako nananakit

Nang aming suriin ang aming nakalap na datos, naging isang malaking palaisipan sa amin kung bakit kusang ibinigay ng ilan sa mga kalahok ang impormasyong hindi nilá kailanman sinaktan ang kanilang karelasyon kahit na hindi naman namin ito itinanong. Nang tanungin si Onyok kung ano ang tingin niya sa kaniyang asawa matapos niyang matuklasan ang pangangaliwa nitó, sagot niya, “S’yempre minsan sa galit mo, mamumura mo rin. ‘Yun lang. Pero pananakit, hindi ko nasaktan ‘yun.” Sa pagkukuwento naman ni

Pete tungkol sa kaniyang reaksiyon sa pangangaliwa ng kaniyang asawa, binanggit niyang, “Sa galit ko, umalis ako. Baka masaktan ko pa siya. E ako, sa buong buhay namin, nagsama kami, hindi ko pa siya—kahit minsan, hindi ko siya nasaktan o kaya nasampal.”

Ang mga pananaliksik tungkol sa pananakit sa babae, partikular sa asawa o karelasyon, ay maiuugnay sa pananaw ng mga Pilipino sa pagkalalaki o pagkababae ayon sa isang patriyarkal na lipunan (Alcantara 1994, 94). Natagpuan sa pag-aaral ni Pingol (2000, 132) na isang paraan ng pagkuha ng respeto ng iba at pagpapakita ng pagkalalaki ng isang lalaki ay ang paggamit ng takot at pagiging marahas. Sa ating bansa, ang mga lalaki ay itinuturing na makapangyarihang pinuno ng pamilya, na siya ang tagapagpasunod, at kung minsan ay nagpaparusa ng kaniyang asawa (Alcantara 1994, 96-101 109). Ayon sa *Department of Social Welfare and Development* (2012), ang ganitong pamantayan sa ating lipunan ang nagbibigay ng kapangyarihan sa paniniwalang dapat dominante ang mga lalaki at ang mga babae ay sunod-sunuran lámang sa kanila. Dahil dito, ang pang-aabuso sa babae sa loob ng isang relasyon ay nabibigyang-katwiran bilang paraan upang manatili ang pagiging dominante ng lalaki at masunurin ng babae (Lustre 2010). Sa pag-aaral nina Vandello at Cohen (2008 652-67), natuklasan na ang pang-aabuso ng mga lalaki sa kanilang karelasyon ay isang paraan upang mapaangat muli ang kanilang reputasyon at pagkalalaki na nasira dahil sa pangangaliwa ng babaeng kapareha. Gayunpaman, ang pagkilos ng gobyerno laban sa pang-aabuso sa kababaihan ay nakatutulong upang sugpuin ang ganitong pananakit. Dahil sa ganitong pagkilos, ang mga lalaking nananakit at nang-aabuso ng kababaihan ay nagiging masama at kapintas-pintas sa mata ng lipunan.

Marahil ito ang dahilan kung bakit kusang ibinahagi ng mga kalahok na kailanman ay hindi nilá nasaktan ang kanilang karelasyon, taliwas sa mga naunang pag-aaral na katanggap-tanggap na dahilan ang pangangaliwa ng karelasyon upang maging daan sa pang-aabuso sa kanila. Iniiwasan niláng maiugnay ng iba ang pananakit na ito bilang rason ng pangangaliwa ang kanilang kapareha dahil ayaw nilang maipinta bilang masamang karelasyon. Maiuugnay rin ito sa naunang *sub-theme* na ipinahihiwatig ng mga kalahok na sa kabila ng kanilang mga pagkukulang ay naging mabuti pa rin silang karelasyon. Para sa kanila, ang pananakit lámang sa kapareha ang tanging matibay at makatarungang dahilan upang silá ay pagtaksilan. Dahil hindi nilá ito ginawa, hindi nararapat na siláy pagtaksilan.

Hindi lang talaga siya nakontento

Sa ganitong diskurso na ipinahihiwatig na may kakulangan nga ang mga kalahok ngunit bumabawi naman silá sa ibang aspekto. Hindi ang mga pagkukulang nilá ang naging pangunahing dahilan ng pagtataksil ng kanilang karelasyon. Bagkus, sa pamamagitan ng kanilang paraan ng pagkukuwento ay ipinakita niláng ang kanilang karelasyon ang talagang may kasalanan sa nangyari.

Nangingibabaw sa diskurso ng mga kalahok na ang pangunahing dahilan ng pangangaliwang kanilang karelasyon ay ang pagiging mapaghanap ng babae at ang hindi niya pagiging kontento sa relasyon. Ika nga ni Rody, “Hindi naman siya hahanap ng iba kung kuntento siya sa kung anong mayroon siya ngayon.”

Isa pang aspekto ng hindi pagiging kuntento ng babae sa kwento ng mga kalahok ay ang mga pasaring nila tungkol sa pakikipagtalik. Sa pagkukuwento ni Onyok, ininda niya ang mga sinabi noon ng kaniyang mga kaibigan tungkol dito, tulad ng “Baka hindi ka magaling sa . . . sex,” at “Mahina ka e, wala kang mga exhibition.” Maiuugnay rin dito ang nasabi ni Danilo, “She still loves me. But, she wanted to experience this other guy . . .”

Ang pag-iisip ng mga kalahok na may kinalaman ang pagtatalik sa pangangaliwa ng kanilang karelasyon ay alinsunod sa mga nakaraang pag-aaral na ang seksuwal na aspekto ng pangangaliwa ay mas hindi katanggap-tanggap para sa kalalakihan kaysa sa emosyonal na aspekto nitó (Shackelford et al. 2002, 299-307). Mas nagpapahiwatig ng pagseselos ang mga lalaki patungkol sa seksuwal na gawain ng kanilang mga karelasyon kompara sa emosyonal na pangangaliwa ng mga ito. Ipinakikita ng mga kalahok na masama ng kanilang karelasyon dahil hindi silá nakontento sa seksuwal na aspekto ng kanilang pagsasama.

Makikita sa mga ito na hindi masyadong pinagtuunan ng pansin ng mga kalahok ang kanilang mga sariling kakulangan at kapintasan. Ang tanging sinisisi nilá ay ang kanilang karelasyon—na silá ay malandi, mapaghanap, at hindi marunong makontento. Maaaring ang indignasyon na naramdaman ng mga kalahok ay may kinalaman sa pagtingin nila sa kanilang *mate value*. Gaya ng nabanggit nina Shackelford, Buss at Bennett (1997) at Phillips (2010), kung mataas ang kanilang pagtingin sa kanilang *mate value* ay mataas din ang nibel ng mararamdamang indignasyon at galit kapag nalamang kinaliwa silá dahil hindi nilá inaasahang

ipagpapalit silá sa iba. Para sa mga kalahok, silá ay may mataas na *mate value* dahil silá ay tapat, hindi nananakit, at pursigido sa trabaho, kaya hindi na dapat naghanap pa ng iba ang kanilang karelasyon. Makikita ito sa paglalarawan ni Larry sa lalaking ipinalit sa kaniya, “[Nagba]banda lang ‘yun. . . . Kumbaga, walang future, gano’n. Masarap lang kasama dahil may thrill, pero at the end of the day, walang mapo-provide.” Inilarawan din ito ng mga sinabi Onyok:

Ang sa akin lang, sana kung nangaliwa ka sana ‘yung talagang maipagmamalaki mo ‘yung lalaki. ‘Yung bubuhayin ka’t gagawin kang prinsesa para hindi masyado masakit. Eh ang problema factory worker lang din na katulad mo. Sana nga kung ‘yan ay doctor baka magpasalamat pa ako dun sa lalaki... kaso factory worker.

Ang bawat diskurso ay laging nagtatapos sa idea na ang mga babae ang tunay na may sala. Ang kakulangan ng presensiya ng karibal sa kanilang mga naratibo at ang pagturing sa kanilang mga nagawa bilang sakripisyo ay pagpapahiwatig na ang tanging dahilan kung bakit nangaliwa ang kanilang karelasyon ay dahil hindi ito nakontento.

Sa pag-aaral ni Alano (1994, 59–103), nabanggit na ang isa sa mga dahilan ng pangangaliwa ng lalaki ay ang pang-aakit ng *querida*. Dahil dito, ang kabit ay itinuturing na immoral at maninira ng relasyon o pamilya ng lalaki. Makikita rito na maski ang babae ang nangaliwa o kinaliwa, siya pa rin ang ipinipinta ng mga lalaki bilang nagkasala at masama.

Pagkawala sa istorya ng karibal na lalaki

Bahala na siya . . .

Marami sa mga kalahok ang hinayaan na lámang ang kanilang karelasyon. Hindi na sila naghabol, nakipagnegosasyon, o nagbigay ng pangalawang pagkakataon. Ayon nga kay Onyok, “Iba talaga kapag mahal mo. Papabayaang mo na lang.”

Sa unang tingin, makikita ang pagpaparaya sa kanilang karelasyon bilang isang patunay ng kanilang pagmamahal. Masasalamatin ito sa mga sinabi ni Pete, “Sa sobrang mahal na mahal ko ‘yung asawa ko . . . kaya ko siya pinalaya dahil ayaw ko siyang makulong na nagsasama nga kami pero hindi naman siya masaya.”

Ipinakikita ng mga halimbawang ito na silá ay mabuti at maginoo dahil nagawa niláng palayain ang kanilang mga karelasyon. Gusto niláng sabihin na isinasabuhay nilá ang tanyag na kasabihang, “Kung mahal mo, palayain mo.”

Sa perspektibo ng pagpapalaki sa mga lalaki sa Pilipinas, ito ay binibigyang-kahulugan bilang pagrespeto sa desisyon ng babae at pagiging galante (Rubio at Green 2009, 61–75). Hindi nilá maaaring igiit ang kanilang gusto kung salungat ito sa sinabi ng babae, karelasyon man o kamag-anak.

Ngunit sa mas malalim na pagsusuri ng kanilang diskurso, ang pagpapalaya nilá sa kanilang karelasyon ay sumasalamín pa rin sa mataas na pananaw ng mga kalahok sa kanilang *mate value*. Natagpuan sa isang pag-aaral na ang mga indibidwal na may mataas na *mate value* ay maiimpluwensiyahan upang makipaghiwalay sa kanilang karelasyon at maghanap ng ibang alternatibo kaysa magpatawad at makipag-ayos (Phillips 2010). Ang pagpapalaya rin ng mga kalahok sa kanilang karelasyon ay sumasalamín sa pagtingin nilá sa kanilang pagkalalaki, na dapat silá ay hindi nagpapakita ng emosyon at hindi umaasa sa iba (Aguiling-Dalisay et al. 2000). Ang mga katangiang ito ay ipinamalas ni Benjie nang sabihin niyang, “Kasi mahirap naman ‘yung hahabulin mo pa. E ‘di ibig sabihin, wala ka nang makuhang babae.”

Bakit pa?

Karamihan ng mga kalahok ay pinagpasiyahang hindi na kausapín pa ang kanilang karibal na lalaki. Ayon sa kanila, dahil pinalaya na nilá ang kanilang karelasyon ay wala nang dahilan upang komprontahin pa ang lalaking *third party*. Sabi ni Benjie, “Hindi ko na siya para pa kausapín . . . kasi ‘pag kinausap mo ‘yung lalaki, parang, ibig-sabihin, may gusto ka pa sa asawa mo.” Muli, ito ay pagpapakita ng indignasyon kaugnay ng pangangaliwa ng kanilang karelasyon. Maaari itong tingnan bilang pagpapakita ng paninindigan (Rubio at Green 2009, 61–75)—na hindi na nilá guguluhin ang babae at ang bago nitóng karelasyon.

Ang isa pang paliwanag sa ganitong desisyon ng mga kalahok ay nag-uugat pa rin sa kanilang pagkalalaki. Dahil pinapaniwalaan niláng ang mga lalaki ay hindi dapat nagpapakita ng emosyon (Liwag et al. 1998, 1–46; Aguiling-Dalisay et al. 2000; Valledor-Lukey 2012), pinili ng mga kalahok na hindi na mag-aksaya pa ng oras at emosyon sa pagharap sa kanilang karibal. Para sa

kanila, ang pagkompronta sa *third party* ay pagpapakita na mahal pa nilá at gusto pa niláng bawiin ang kanilang karelasyon, at ito ang ayaw niláng isipin ng iba. Ang pag-iwas sa kumprontasyon ay paraan din upang maprotektahan ng mga lalaki ang kanilang ego. Kung hindi niya haharapin ang karibal, hindi siya tahasang maikukompara at hindi mapatutunayang siya ay may pagkukulang na kayang punan ng iba.

Ayoko ng away

“Aawayin ko ‘yung lalaki–hindi ako gano’n,” sabi ni Benjie. Sa mababaw na pagsusuri ng ganitong pangungusap, marahil ay mawawari ito bilang isa na namang pagpapamalas ng pagiging maginoo ng mga kalahok. Silá na ang mismong iiwas sa posibleng gulo na mangyayari kung silá man ay magkakaharap. Ayon naman kay Rody, “Kinausap ko. Kinonfront ko ‘yung lalaki. Di ko naman siya inaway.” Sa cellphone lámang silá nagkausap, tulad ng ginawa ng ilang mga kalahok, at walang pag-aaway na nangyari.

Kung ito ay bibigyang-kahulugan mula sa ebolusyonaryong pananaw, madalas ang tunggalian ng mga lalaki bilang magkakumpitensiya para sa iisang babae (Maccoby at Jacklin 1978). Dahil dito, inaasahan na mataas ang agresyon ng kalalakihan tungo sa karibal nila (Paul *et al.* 1993, 401–20), partikular sa mga karibal na nang-agaw sa kanilang karelasyon (Miller at Maner 2008). Dahil ang pangangaliwa ng karelasyon ay nagdudulot ng pagbaba ng *mate value*, reputasyon, at antas ng pagkalalaki (Buss 2002, 23–29), ang agresyon ay isang estratehiya upang maiangat muli ang kanilang pagtingin sa sarili at upang maging mas dominante silá laban sa ibang mga lalaki (Johnson *et al.* 2007, 345–51).

Taliwas sa mga ito ang kuwento ng mga kalahok. Ang isang paliwanag kung bakit ganito ang laman ng kanilang naratibo ay maiuugnay sa pag-aaral nina Paul at mga kasama (1993, 401–20) na sinasabing kahit na mataas ang nibel ng agresyon ng mga lalaki, ito ay nása isip lamang nilá at hindi isinasakatuparan ang anumang marahas na balak laban sa karibal na lalaki. Sinasabi ring madalas maisip ng kalalakihan ang idea ng agresyon patungkol sa galit at selos ngunit bihira niláng aksiyonan ito (White at Mullen 1989). Ipinapahiwatig ng mga pag-aaral na ito na bagaman ang mga idea ng agresyon ay nakatuon sa lalaking karibal, ang galit at paninisi naman ay mas nakabaling sa kanilang karelasyon. Ipinapakita rito ang pagpapanatili nilá ng magandang imahen sa lipunan—ang nasaktan ngunit nanatiling mapagbigay, ang pasensiyoso at

mapagtimping lalaki (Rubio at Green 2009, 61-75).

Ang hindi pagharap ng mga kalahok sa kanilang karibal ay maaari ring mag-ugat sa ugaling Pilipino, partikular na ang konsepto ng kahihiyan kaugnay ng konsepto ng pagkalalaki. Sa mata ng lipunan, nababawasan ang pagkalalaki ng kalalakihang iniwan ng kanilang asawa (Ventura 1981). Inisip niláng mas lalong mababawasan ang kanilang pagkalalaki kapag susugurin nila ang *third party*. Malaking banta ito sa kanilang pagkalalaki at mas magmumukha siláng kawawa kung ipinaglaban pa nilá ang kanilang karelasyon.

Pre, hindi mo kasalanan

Sa kabuoan, ang pagkawala sa istorya ng karibal na lalaki ay isang pagpapatunay na hindi sinisisi ng mga kalahok ang kanilang karibal dahil ang iniisip niláng ang may kasalanan ay ang kanilang karelasyon lámang. Dahil dito, hindi na silá gumawa ng kahit anong aksiyon laban sa kanilang karibal, salungat sa likás niláng pagpapahalaga sa kanilang lakas, kapangyarihan, pagiging dominante. Muli, isa itong pagpapakita ng unang tema na ang babae lámang ang masama sa ganitong sitwasyon at ang karibal na lalaki ay walang kasalanan o biktima lang din ng kanilang karelasyon.

Bagaman hindi tahasang nabanggit, hindi nakapaloob sa nakuhang naratibo ang paninisi sa karibal, bagkus, ibinaling ito sa karelasyong babae. Sinasabing ang karelasyon ang mas nagiging pokus ng galit at paninisi ng lalaki (Paul et al. 1993, 401-20). Isa itong dahilan kung bakit hindi masyadong nababangit ang karibal—dahil para sa kanila, wala naman itong kasalanan sa nangyari. Pinagtibay nito ang katangian ng lalaki bilang *reactor* kung saan wala siyang kontrol at responsabilidad sa kaniyang mga aksiyon, bagkus, tumutugon lámang siya sa inihahain sa kanya ng kapaligiran (Aguiling-Dalisay et al. 2000, 59). Sa konteksto ng pangangaliwa, alinsunod ito sa paniniwalang may posibilidad na inakit lámang ng babae ang lalaki at sinamantala lámang ng panghulí ang “biyayang” ibinibigay sa kaniya (Alano 1994, 59-103).

Ang hindi pagkumpronta ng mga kalahok sa kanilang karibal ay pahiwatig din sa hirarkiya ng lalaki at babae sa ating patriyarkal na lipunan. Dahil ang mga lalaki ay itinuturing na mas dominante (Aguiling-Dalisay et al. 1995, 143-66), maaaring itinuturing ng mga kalahok na kapantay ang kanilang karibal ngunit mas mababang uri ang kanilang karelasyon. Dahil dito, mas may ingklinasyon siláng harapin at pagmukhaing masama ang karelasyong mas mahina

kaysa sa kanilang karibal.

Pagsasawalang-bahala sa nangyari

Ayos naman kami

Kadalasan itong sagot ng mga kalahok na hinayaang paulit-ulit siláng pagtaksilan ng kanilang karelasyon. Ayon sa kanila, ang pangunahing dahilan kung bakit hindi silá agad nakipaghiwalay ay ang kanilang mga anak. Sa katunayan, ang iilang kalahok na sumubok ayusin ang kanilang relasyon ay pawang may mga anak sa kanilang karelasyon, asawa man o *live-in* partner. Masasalamín ito sa sinabi ni Larry, “Alam mo ‘yun, ‘pag tinitingnan mo yung anak mo, siyempre maaawa ka. Kumbaga, umabot pa nga sa time na . . . hindi mo na s’ya mahal, pero dahil nga para na lang dun sa bata, maghohold on ka.”

Ang pagpapahalaga ng mga kalahok sa kanilang pamilya at mga anak ay isa ring manipestasyon ng kanilang *gender role* sa lipunang Pilipino. Ang pagiging mabuting haligi ng tahanan ay sinasabing isa sa mga pangunahing gampanin ng isang ama (Tan 1994). Kaugnay nito, kasama sa pamantayan ng pagkalalaki ang pagiging responsable at makapamilya (Rubio at Green 2009, 61–75). Dahil malaking kabawasan sa kanilang pagkalalaki ang pagkawasak ng kanilang pamilya, sinikap ng mga kalahok na maayos ang kanilang relasyon sa ina ng kanilang mga anak.

Isa ring dahilan kung bakit sinubukan niláng ayusin ang kanilang relasyon ay upang mapanatili ang pagtingin ng ibang tao na maayos ang kanilang pagsasama. Nangingibabaw ang konsepto ng hiya, lalo na ang kahihiyan, dahil iniisip nilang wala na siláng mukhang maihaharap sa ibang tao kapag nalamang nangangaliwa ang kanilang karelasyon. Masasalamín ito sa sinabi ni Larry, “Ayoko lang makita nila na fail yung relationship ko. Ganun. Gusto ko, kumbaga parang kung ano ‘yung nakikita nila sa Facebook na masaya, parang gano’n. Pero sa likod nun, hindi pala.” Maaaring iugnay ito sa pag-aaral ni Jurisprudencia (2007) na ang mga lalaking inabuso ng kanilang karelasyon ay matagal na itinago ang kanilang karanasan dahil ayaw niláng kutyain silá ng ibang tao.

Ang klase ng pagtitiis na ipinakita ng mga kalahok ay nagpapatunay lamang ng malaking pagpapahalaga nilá sa kanilang reputasyon at imahen na pagiging dominante sa mata ng iba. Gaya ng sinabi ni Pete, “Ayoko nang sabihin sa kanila. . . . Mas maganda

na lang, sa akin na lang. Kung ano ba 'yung nakakaganda, 'yun na lang." Ang pagkukunwaring maayos ang takbo ng kanilang relasyon ay sumasalamin sa kanilang kagustuhan na ipakitang silá pa rin ang may kontrol at dominante sa kanilang relasyon kahit salungat ito sa totoong nangyayari sa kanila.

Tara, inom!

Sa puntong umayaw na ang lalaki at itinigil na niya ang kanilang relasyon, alak agad ang unang karamay niya. Sa paraang ito, sinusubukan ng mga kalahok na maging manhid sa kanilang emosyon at makalimot sa problemang kanilang pinagdadaanan. Sinasabing ang paglalasing ay paraan ng mga machong lalaki (o *malalaki* sa kontekstong Ilokano) upang malutas ang kanilang problema (Pingol 2000, 132) o hindi naman kaya'y isang *coping strategy* ng mga lalaking ang ingklinasyon ay umiwas sa mga ito (Cooper et al. 1992, 139-52).

Ang pagnanais na makalimot sa pangangaliwa ng karelasyon ay binigyang-halimbawa ni Onyok nang banggitin niyang ang unang reaksiyon niya sa natuklasan ay "Nagpakalunod ako sa alak." Isa rin itong paraan ng pagsasawalang-bahala sa nangyari dahil imbis na tanggapin nilá ang paít ng kanilang dinanas ay mas pinipili niláng magpakalasing. Ipinapakita nito na naniniwala ang mga kalahok na bilang mga lalaki, hindi dapat nilá iniinda ang sakít at mga negatibong emosyon dahil sa nangyari.

Wala 'yon!

Nang si Rody ay tinanong kung may pinagsabihan siya tungkol sa pangangaliwa ng kaniyang karelasyon, ang sagot niya ay "Wala, kasi nahiiya ako banggitin sa kanila na naghiwalay kami kasi sobrang solid couple namin. 'Di ko sinabi sa kahit kanino." Gayon din ang kuwento ni Pete, "Alam nila nahiwalay na kami pero hindi nila alam kung ano yung tunay na nangyari. Hindi ko na sinabi."

Sa salaysay ng mga kalahok, walang nangyaring pagkukuwento sa magulang, walang pag-iyak sa kaibigan, at walang paghingi ng tulong noong bago pa ang pangyayari. Ang pagkukuwento tungkol sa kanilang karanasan ay nangyari lamang matapos niláng mag-move on—noong ayos na silá at matagal nang tapos ang kanilang relasyon.

Ayon sa mga kalahok, gusto niláng protektahan ang reputasyon ng kanilang karelasyon kaya hindi nilá sinabi sa iba ang nangyari. Ang salaysay ni Danilo, “I didn’t want her image to be ruined sa family so I didn’t tell them.” Muling pinapakita nito ang kanilang pagiging maginoo kaya nilá pinagtataktan ang kanilang karelasyon.

Subalit sa mas malalim na pag-aanalisa ay hindi lamang ito ang dahilan kung bakit hindi nilá nagawang magkuwento sa iba. Lumabas na nais niláng protektahan ang kanilang sarili mula sa kahihiyan, higit sa pagprotekta nilá sa kanilang karelasyon, dahil tila ba hindi silá tunay na lalaki kapag kinuwento nilá ang mga ito. Nang tanungin si Larry kung sinabi ba niya sa kaniyang kaibigan ang tungkol sa pagtataksil ng kaniyang kinakasama, sagot niya, “Hindi ko rin s’ya makausap . . . ‘pag malungkot ako, ganu’n. Kasi, lalaki, so parang aasarin ka na ‘O, lambot mo naman!’”

Ayon kina Liwag, de la Cruz, at Macapagal (1998, 1-46), ang kalalakihan sa ating lipunang patriyarkal ay tinuruang huwag umiyak, maging malakas, at harapin ang pagsubok nang mag-isa. Maiuugnay rin dito ang nakita ni Santiago (1975, 160) na ang tunay na lalaki ay inilarawan bilang “hindi bakla; matapang [at] mahinahon.” Dahil dito, ang pagpapakita ng emosyon at paghingi ng tulong ay katawa-tawa para sa mga lalaki dahil manipestasyon ang mga ito ng kanilang kahinaan. Maiuugat din ito sa tingin nila sa kanilang pagkalalaki – sa kagustuhan niláng patunayan na totoo siláng lalaki na kayang dalhin ang kanilang sarili.

Isang pag-iwas din sa kahihiyan ang pagkukunwari ng mga kalahok na hindi silá masyadong naapektuhan ng pangangaliwang kanilang dinanas. May kinalaman ito sa kanilang reputasyon bilang isang lalaki at sa *honor code* na kinikilala ng mga lalaki sa isang lipunan (Vandello at Cohen 2008, 652-67). Dahil ang reputasyon at dignidad ng mga lalaki ay kailangang patuloy na pinatutunayan at pinaigting sa iba’t ibang paraan, isang pagpapamalas ng pagkalalaki ang pag-asta na balewala lamang sa kanila ang pangangaliwa ng kanilang karelasyon. Sinabi sa rin sa isang pag-aaral na ang pagkilala sa pangangaliwa ng karelasyon ay nagreresulta sa pagkapahiya ng isang lalaki, lalo na sa mga patriyarkal na bansa (Jankowiak et al. 2002). Ang pagkukunwaring ito ay pinagpatuloy ng mga kalahok dahil kahit nabasag na ang tingin nilá sa kanilang sariling pagkalalaki, kailangan ay maisalpa pa rin ang kanilang reputasyon at ang imaheng silá ay malakas (Liwag et al. 1998, 1-46).

Marami pang ibang babae diyan

Kuwento ni Rody, ang payo raw ng tatay niya sa kaniya ay, “Sabihin natin na mayroon ka ngang isda na nakuha, pero sobrang dami namang isda sa buong mundo.” Dahil sa pag-uudyok ng mga kaibigan ni Larry, ganito na rin ang naging kaisipan niya sa kaniyang karelasyon, “Dami namang babae, iiwanan na lang kita. Hindi ka naman pala worth it e.”

Maiuugnay muli ito sa *mate value* (Phillips 2010), na dahil mataas ang tingin ng mga kalahok sa kanilang sarili ay iniisip niláng marami pa siláng pagpipiliang mga babae kaya’t hindi nilá dapat indahin ang pangangaliwa ng kanilang karelasyon.

Ang mga pahayag ng mga kalahok ay halimbawa rin ng pangkaraniwang katangian ng mga lalaki sa kulturang patriyarkal—ang pagiging *independent* sa kanilang karelasyon (Aguiling-Dalisay et al. 2000). Kasama rito ang kawalan o kakulangan ng *emotional attachment* sa kanilang karelasyon, kaya’t mabilis niláng hinahayaan kapag nakagawa silá ng masama. Matutunghayan ito sa sinabi ni Benjie, “Marami kasi d’yan nabigo sa pag-ibig. Sabi ko, ‘Ang babaw naman ng kaligayahan niyan’ Di ba? Kasi kung tutuusin, ang babaw ng kaligayahan ng mga ganiyan nagpapakamatay. Marami namang babae....” Makikita sa nabanggit ang pagsasawalang-bahala ni Benjie sa kahabaan ng walong taong relasyon nilá, sa kabuoan ng pagkatao ng kanyang asawa, at sa kahalagahan ng pagkababae nito.

Marami sa mga lalaking Pilipino ang nag-iisip na silá ang dominante at may kapangyarihan habang ang mga babae ay pawang mga *sexual object* lamang (Valledor-Lukey 2012). Isinalarawan ito ng payo ng mga kaibigan ni Larry na “Ang dami-dami naman talagang babae d’yan. . . . Pumunta ka sa gig, may makikilala ka.” Para sa mga kalahok, hindi naman kawalan ang mga babae sa kanila at madali niláng mapapalitan ang kanilang karelasyon. Sa ganitong pananaw, ang kababaihan ay hindi dapat bigyang-halaga dahil mas mababa ang antas nilá sa lipunan kompara sa kalalakihan.

Kahihyan: Ang sentral na tema ng diskurso

Mapapansin na ang mga kuwentong ibinahagi ng mga kalahok ay umiikot at paulit-ulit na bumabalik sa kanilang konsepto ng kahihyan na nakaangkla sa kanilang pagkalalaki at reputasyon bilang mabuting karelasyon. Masasalamín ito sa kanilang pag-iwas sa salitang “pangangaliwa” o sa mga terminong tumutukoy sa naranasan nilá mula sa kanilang karelasyon. Binanggit lamang ng

mga kalahok ang mga salitang “na-ano”, “na-kuwan”, at “cheating”. Isa lang ang nagsabing naiputan siya sa ulo ng kaniyang kinakasama. Ang hindi nilá pagbibigay ng kongkretong depinisyon sa kanilang karanasan ay nagsasaad na ikinahihiya nilá ang dinanas niláng pagtataksil ng kanilang karelasyon. Ang mga terminong kanilang ginamit ay mas magaan – upang maliitin ang sitwasyon—at hindi nasasaklaw ang kabuuan at kalaliman ng kanilang karanasan.

Matutunghayan din ang kahihiyan sa sinabi ni Tito na “Nasira na naman ang macho image ko,” dahil sa nangyari, at sa binanggiti ni Onyok na “Lumaki pa ‘yung kahihiyan ko,” dahil hinayaan niyang ilang beses siyang pagtaksilan ng kaniyang asawa. Nang sabihin ni Larry na, “Grabeng pang-iipot ‘yung ginawa sa ‘kin,” naintindihan namin ang rurok ng kahihiyan na naranasan ng mga kalahok.

Ang kahihiyan ay galing sa salitang-ugat na hiya, isang konseptong mahalaga sa pag-aaral ng Sikolohiyang Pilipino (Pe-Pua at Protacio-Marcelino 2000, 49-71; Bulatao 1964, 424-38). Ayon sa pag-aaral ni Barnett (1996, 276-82), ang kahihiyan ay nagmumula sa labas, tulad ng pagpuri o pangungutya ng ibang tao. Maiuugnay rito ang natagpuan nina Clemente, Galang, at Arpon (2017) na walang hiya ang isang tao kung hindi mahalaga ang pagtingin ng ibang tao sa kaniya. Ito ay binigyang-kahulugan gamit ang mga konsepto ng dangal, integridad, at reputasyon na naipamamalas sa sosyal na estado ng isang tao sa lipunan. Dahil may *shame culture* ang Pilipinas (Pierse 1976, 41-46), ang pagkalalaki at reputasyon ng mga kalahok ay nakadepende sa pagtingin sa kanila ng ibang tao. Sa karanasan ng mga kalahok, nawala ang kanilang pagkalalaki dahil sa pangangaliwa ng kanilang karelasyon. Nagdulot ito ng kahihiyan kaya naman kailangan niláng gumawa ng paraan upang mabawi ang kanilang dangal at pagkalalaki. Sa panayam kay Danilo, ipinaliwanag niya ang kalakaran sa kultura ng kahihiyan at ang koneksiyon nito sa pagkalalaki:

Kasi nga may social stigma against guys being cheated on. Kahit nga sa probinsiya—alam mo ‘yun, ‘yung mga normal machismo . . . na, well ‘pag nag-cheat yung lalaki, he’s a guy. ‘Pag nag-cheat yung babae, pinependeho ka ng asawa. Mga ganu’n. So, siguro, may weird—di naman s’ya weird—meron ka pang antiquated belief na kapag girls ‘yung nag-cheat sa guy, mas nakakahiya kesa ‘pag guy ‘yung nag-cheat sa girl.

Dahil sa ganitong paniniwala, lumitaw sa diskurso ng mga

kalahok na malaki ang pagpapahalaga nilá sa kanilang sariling pagkatao, pagkalalaki, at reputasyon. Ang kanilang damdamin, kaisipan, at aksiyon sa pangangaliwa ng kanilang karelasyon ay naiimpluwensiyahan ng kahihyan, kaya naman pinilit niláng ipinta na masama at makasalanang ang mga babae, ilabas sa usapan ang mga karibal na lalaki, at ipagsawalang-bahala ang pangyayari. Ang lahat ng ito ay ginawa nilá upang maihango ang kanilang sarili sa kahihyan at maiangat ang kanilang nabawasang pagkalalaki.

PAGLALAGOM AT IMPLIKASYON

Nagkaroon kami ng pagkakataong masuri ang kanilang pagbibigay-kahulugan sa kanilang karanasan. Ang mga ito ay hindi lamang simpleng personal na mga naratibo kung hindi kuwento rin ng mas malaking kalakaran sa pagitan nilá at ng kanilang lipunan na hindi napaghihiwalay—sa kinasanayan niláng lugar, kultura, at paraan ng pakikitungo sa ibang tao. Sa pag-aanalisa ng kanilang diskurso, mula sa mga salitang kanilang ginamit hanggang sa paraan ng paglalarawan sa mga tauhan ng kanilang naratibo, natunghayan namin ang mas malalim na kahulugan ng kanilang mga kuwento.

Sa ang masamang babae at ang maginoong lalaki, ang ipinakitang diskurso ng mga kalahok ay ang paghahambing ng kanilang pagkatao at ng pagkatao ng kanilang karelasyon. Dahil ito ay kanilang sariling kuwento, makikita na mas matinding ang paglalarawan nilá sa kanilang sarili kompara sa ibang tao. Ipinapahayag nilá na silá ay mga komplikadong nilalang na mayroong mabibigat na kadahilanan, motibasyon, at pananaw sa buhay samantalang ang kanilang mga karelasyon ay simple lamang. Makikita ito sa pagbibigay-katwiran nilá sa kanilang mga pagkukulang at ang pagkukusang sabihin na hindi silá nananakit ng babae, subalit pagdating sa kanilang karelasyon, ang paglalarawan lamang sa kanila ay mapaghanap, malandi, at hindi marunong makontento.

Sa pagkawala sa istorya ng karibal na lalaki, pinaigting pa ng mga kalahok ang pag-aangat sa kanilang sarili sa pamamagitan ng pagkukuwento na hindi nilá sinaktan o kinausap man lang ang kanilang mga karibal. Taliwas ito sa mga naunang pag-aaral na mataas ang nibel ng agresyon ng mga lalaki kapag nakaranas silá ng pangangaliwa ng kanilang karelasyon (Vandello at Cohen 2003, 997; Miller at Maner 2008). Gayundin, ipinahihiwatig ng mga kalahok na walang kasalanan ang kanilang karibal at ang paninisi ay nakatuon lamang sa kanilang karelasyon.

Sa *pagsasawalang-bahala sa nangyari*, ang pagsasalba ng mga kalahok sa kanilang pagkalalaki ay ipinahayag sa pagbabalewala sa kataksilang kanilang dinanas. Sa pagpapakitang ayos lamang silá at hindi silá gaanong naapektuhan sa nangyari, sinasabi nilá na hindi mahalaga ang kanilang karelasyon at may iba pang babaeng puwedeng ipalit sa kanila. Ipinakikita nilá na hindi silá naisahan, hindi silá taluhan, at sa huli ay silá pa rin ang dominante dahil silá ang may kakayahang pumili ng kanilang makakarelasyon.

Ang lahat ng ito ay sinasaklaw ng konsepto ng kahihiyan na pinagtatakpan ng mga kalahok ang kanilang mga pagkukulang, kahinaan, at negatibong karanasan sa buhay upang mapanatili ang ang kanilang imahen bilang tunay na lalaki. Sa mga karanasang ito makikita ang kultura ng kahihiyan sa Pilipinas: ang pangungutya sa mga lalaking naisahan ng mga babae at ang pagtanggap ng dangal sa mga lalaking pinagtaksilan ng kanilang karelasyon. Maiuugnay dito ito sa nakita ni Santiago (1975, 162) na dalawang sukatan ng pagkalalaki, ang katangian at kakayahan. Dahil dito, ang desisyon ng mga lalaki matapos ang ganitong karanasan na hindi ipakitang may pagkukulang at may kahinaan silá ay nakatuon sa pagpupursiging maibalik ang kanilang pagkalalaki at maiangat ang kanilang reputasyon.

Malaki ang implikasyon ng pananaliksik na ito sa tunggalian ng kasarian sa ating lipunan. Kahit sa mga sitwasyong silá ang dehado, nilalayon pa rin ng mga lalaki na maging dominante at maipailalim ang mga babae sa kanilang kontrol. Samakatwid, lalo lamang naging kapansin-pansin ang kanilang pagtatangi sa kanilang pagkalalaki at pagsisikap na mapanatili ang *status quo* sa pamamagitan ng pagpapababa sa imahen ng babae at pagpipinta rito bilang masama.

Kinakailangan ding suriin ang papel na ginagampanan ng babae sa isang romantikong relasyon at sa kabuoan ng lipunang kaniyang ginagalawan. Ang *double standard* sa pananaw ng mga Pilipino ay nagtutulak sa kolektibong pagtingin na ang mga babae ay masama kapag hindi silá sumunod sa pamantayang itinalaga sa kanila ng lipunan. Samantala, ang mga lalaki ay malayang gumawa na mga bagay na maaaring yumurak sa imahen ng babae. Dahil sa ganitong *dichotomy* ng lalaki at babae, mas mabigat ang nagiging paratang at pagpapahiya sa mga babae, silá man ang naging kabit o ang nangaliwa. Ang mga lalaki naman ay lumalabas na walang

kasalanan dahil ang pangangaliwa ay “natural lamang” sa kanila (Pe-Pua 1990, 75-85). Makikita rin sa batas na hindi pantay ang pagpataw ng parusa sa mga lalaki at babaeng nangaliwa; mas mabilis akusahan at mas matindi ang parusang ipinapataw sa babae kaysa sa lalaki (Official Gazette 1930).

Sa huli, lumalabas na masama at delikado ang mga babae dahil kahit saan siya ilugar sa isang romantikong relasyon, kapag may nangyaring hindi kanais-nais ay siya pa rin ang sisihin. Sa kuwento ng mga lalaking nakaranas ng pangangaliwa ng kanilang karelasyon, namamayani pa ring naratibo na nakahihigit ang mga lalaki sa babae sa kahit maraming aspekto ng isang relasyon.

LIMITASYON AT REKOMENDASYON

Muli, aming kinikilala ang limitasyong dulot ng aming kasarian. Marahil ay mas magiging madali para sa mga lalaki ang magkuwento sa kapuwa nilá lalaki, lalo na’t ang karanasang aming pinagtuunan ng pansin ay sensitibo at nagdudulot ng kahihiyan para sa kanila. Sa mga susunod na mananaliksik, makabubuting magkaroon ng kapanayam na lalaki upang maging mas malalim ang paggalugad sa karanasan ng mga kalahok.

Maganda ring magkaroon ng *comparative studies* sa konteksto ng pangangaliwa upang mapaghambing ang mga karanasan at pananaw ng mga lalaki at babaeng kinaliwa o ng mga lalaki at babaeng nangaliwa.

Makabuluhan ding pag-aralan kung magkakaroon ba ng pagbabago sa pagpapakahulugan, epekto sa mga pananaw, at tingin sa kanilang pagkalalaki ang mga kalahok kung sa pangangaliwa ng kaniyang babaeng karelasyon ay babae ang kaniyang magiging karibal, lalo na ngayon na mas tanggap na ang relasyong homoseksuwal. Maaaring mag-iba ang tunggalian sa dinamikong relasyon ng kalahok at ng kaniyang karelasyon pati na rin sa pagitan ng kalahok at ng kaniyang karibal sa ganitong sitwasyon.

Mabuti ring pag-aralan pa nang mas maigi ang lokal na konteksto ng pangangaliwa sa pamamagitan ng pagsusuri sa patriyarkal na lipunan sa Pilipinas bilang malaking impluwensiya sa mga karanasan, desisyon, at aksiyon ng mga taong nakaranas nito. Maaaring ang maging pokus ng ganitong pananaliksik ay hindi ang mga taong nakaranas ng pangangaliwa, kung hindi ang mga taong nakapaligid sa kanila.

SANGGUNIAN (REFERENCES)

- Aguiing-Dalisay, Grace, Ma. Lina Van Heugten, at Mariano Sto. Domingo. 1995. "Ang Pagkalalaki ayon sa Mga Lalaki: Pag-Aaral sa Tatlong Grupong Kultural sa Pilipinas." *Philippine Social Sciences Review* 52, no. 1-4: 143-66. (Masculinity According to Men: A Study of Three Cultural Groups in the Philippines).
- Aguiing-Dalisay, Grace, Roberto Mendoza, Edzel Mirafelix, Jay Yacat, Mariano Sto. Domingo, at Francis Bambico. 2000. *Pagkalalake (masculinity): Men in control? Filipino male views on love, sex and women*. Quezon City: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.
- Alano, Marianne. 1994. "Infidelity: the querida system in the Philippines." *Philippines Journal of Psychology* 27: 59-103.
- Alcantara, Adelamar N. 1994. "Gender roles, fertility, and the status of married Filipino men and women." *Philippine Sociological Review* 42, no. 1/4: 94-109.
- Amato, Paul R., at Stacy J. Rogers. 1997. "A longitudinal study of marital problems and subsequent divorce." *Journal of Marriage and the Family* 59, no. 3: 612-624. doi: 10.2307/353949.
- Aquino, Monina. "Feminist Theories and Movements." WD 210, August 2019, University of the Philippines Diliman, Quezon City. Class Discussion.
- Barnett, Milton L. 1996. "Hiya, Shame and Guilt: Preliminary Consideration of the Concepts as Analytical Tools for Philippine Social Science." *Philippine Sociological Review* 14, no. 4: 276-82.
- Beroin, Angeline, Alyzza Encabo, at Sharmel Manuel. 2017. "The post-traumatic growth of male non-participating partners of infidelity." *Antorcha* 4, no. 2-3.
- Bulatao, Jaime C. 1964. "Hiya." *Philippine Studies* 12, no. 3: 424-38.
- Bulatao, Rodolfo A. 1978. "The double standard in sex roles." *Philippine Sociological Review* 26, no. 3/4: 201-23.
- Buss, David M. 2002. "Human mate guarding." *Neuroendocrinology Letters* 23, no. 4: 23-29.
- Clemente, Jose Antonio R, Adrienne John Galang, Alessandra T. Arpon. 2017. "Adrienne John Galang, Alessandra T. Arpon." *DIWA E-Journal* 5: 39-73.
- Connell, Robert W., and James W. Messerschmidt. 2005. "Hegemonic masculinity: Rethinking the concept." *Gender & Society* 19, no. 6: 829-859.
- Cooper, M. Lynne, Marcia Russell, Jeremy B. Skinner, Michael R. Frone, at Pamela Mudar. 1992. "Stress and alcohol use: moderating effects of gender, coping, and alcohol expectancies." *Journal of Abnormal Psychology* 101, no. 1: 139-52. doi: 10.1037/0021-843X.101.1.139.
- de Castro, Leonardo D. 1995. "Pagiging Lalaki, Pagkalalaki, at Pagkamagino." *Philippine Social Sciences Review* 52, no. 1-4: 127-142. (Being Men, Masculinity, and Gentlemanliness).
- Department of Social Welfare and Development. 2012. "One out of five women is abused." Inakses noong Enero 5, 2019. <http://www.dswd.gov.ph/1-out-of-5-women-is-abused-dswd/>.
- Drigotas, Stephen M., at William Barta. 2001. "The cheating heart: Scientific explorations of infidelity." *Current Directions in Psychological Science* 10, no. 5: 177-80.
- Ein-Dor, Tsachi, Adi Perry-Paldi, Gilad Hirschberger, Gurit E. Birnbaum, at Danit Deutsch. 2015. "Coping with mate poaching: Gender differences in detection of infidelity-related threats." *Evolution and Human Behavior* 36, no. 1: 17-24. doi: 10.1016/j.evolhumbehav.2014.08.002.

- Fairclough, N., & Ruth Wodak. 1997. Critical discourse analysis. Sa *Discourse as social interaction*. Vol. 2, inedit ni Teun A. Van Dijk. London: Sage.
- Gee, James Paul. 2014. *An introduction to discourse analysis: Theory and method*. New York: Routledge.
- Gonzales, Ted. 2003. "The Filipino context of infidelity and resilience." *East Asian Pastoral Review* 40, no. 2.
- Gonzales, Teodulo, Joanne Greer, Nancy Jo Scheers, Elizabeth Oakes, at James Buckley. 2004. "Sources of Resilience in the Filipino Wives Responses to Spousal Infidelity." *Philippine Journal of Psychology* 37, no. 1: 74-103.
- Jankowiak, William, M. Diane Nell, and Anne Buckmaster. 2002. "Managing infidelity: A cross-cultural perspective." *Ethnology* 41, no. 1: 85.
- Johnson, Ryan T., Joshua A. Burk, at Lee A. Kirkpatrick. 2007. "Dominance and prestige as differential predictors of aggression and testosterone levels in men." *Evolution and Human Behavior* 28, no. 5: 345-51. doi: 10.1016/j.evolhumbehav.2007.04.003.
- Jurisprudencia, Jerry J. 2007. "Coming out of the shadows: Husbands speak about their experience of abuse in intimate relationships." *Philippine Journal of Psychology* 40, no. 2.
- Kawakita, Jiro. 1991. "The original KJ method." Tokyo: Kawakita Research Institute 5.
- Liwag, Ma. Emma Concepcion D., Alma S. de la Cruz, at Ma Elizabeth J. Macapagal. 1998. "How we raise our daughters and sons: Child-rearing and gender socialization in the Philippines." *Philippine Journal of Psychology* 31, no. 1: 1-46.
- Lustre, Amapola. 2010. "Double Victimization in Intimate Male Partner Violence: Myths and Constructions." Bulacan: Baliuag University.
- Maccoby, Eleanor E., at Carol Nagy Jacklin. 1978. *The Psychology of Sex Differences*. Stanford, California: Stanford University Press.
- Matud, Ma. Pilar. 2004. "Gender differences in stress and coping styles." *Personality and Individual Differences* 37, no. 7: 1401-15. doi: 10.1016/j.paid.2004.01.010.
- Miller, Saul L., at Jon K. Maner. 2008. "Coping with romantic betrayal: Sex differences in responses to partner infidelity." *Evolutionary Psychology* 6, no. 3. doi: 10.1177/147470490800600305.
- Nast, Heidi J. 1994. "Women in the Field: Critical Feminist Methodologies and Theoretical Perspectives: Opening Remarks on "Women in the Field"." *The Professional Geographer* 46, no. 1: 54-66. doi: 10.1111/j.0033-0124.1994.00054.x.
- Official Gazette. 1930. "Act No. 3815, s. 1930. An Act Revising the Penal Code and Other Penal Laws." Inakses noong Enero 5, 2019. <https://www.officialgazette.gov.ph/1930/12/08/act-no-3815-s-1930/>.
- Paul, Luci, Mark A. Foss, at Jianna Galloway. 1993. "Sexual jealousy in young women and men: Aggressive responsiveness to partner and rival." *Aggressive Behavior* 19, no. 6: 401-20. doi: 10.1002/1098-2337(1993)19:6%3C401::AID-AB2480190602%3E3.0.CO;2-S.
- Pe-Pua, Rogelia. 1990. "Ang Sikolohiyang Pilipino at ang Programang Pampopulasyon." *Philippine Population Journal* 6, no. 1-4: 75-85. (Filipino Psychology and the Family Planning Program).
- Pe-Pua, Rogelia, at Elizabeth A. Protacio Marcelino. 2000. "Sikolohiyang Pilipino (Filipino psychology): A legacy of Virgilio G. Enriquez." *Asian Journal of Social Psychology* 3, no. 1: 49-71. doi: 10.1111/1467-839X.00054.
- Phillips, April. 2010. "Indignation or insecurity: The influence of mate value on distress in response to infidelity." *Evolutionary Psychology* 8, no. 4. doi: 10.1177/147470491000800413.

- Pierse, Gerard J. 1976. "Philippine culture patterns and psychopathology." *Philippine Journal of Mental Health* 7, no. 1: 41-46.
- Pineda-Ofreneo, Rosalinda, Victoria Narciso-Apuan, & Sylvia Estrada-Claudio. 1997. *WD 210, Feminist Theories and Movements*. Quezon City: UP Open University and the UP College of Social Work and Community Development.
- Pingol, A. 2000. "Ilocano masculinities." *Asian Studies* 36, no. 1: 123-33.
- Pizarro, Jemimah Gaité, at Rowena Gaspay-Fernandez. 2015. "Estranged Wife, Other Man's Beloved: Perspectives of Filipino Women Involved in Extramarital Relationships." *SAGE Open* 5, no. 1. doi: 10.1177/2158244014565823.
- Rubio, Ritchie Jovero, at Robert-Jay Green. 2009. "Filipino masculinity and psychological distress: A preliminary comparison between gay and heterosexual men." *Sexuality Research & Social Policy* 6, no. 3: 61-75. doi: 10.1525/srsp.2009.6.3.61.
- Rusbult, C. E., Drigotas, S. M., & Verette, J. 1994. The investment model: An interdependence analysis of commitment processes and relationship maintenance phenomena. Sa *Communication and Relational Maintenance*, inedit nina In Daniel Canary, Daniel at Laura Stafford. San Diego: Academic Press.
- Santiago, Carmen E. 1975. Ang kahulugan ng pagkalalaki sa mga Pilipino. Sa *Handbuk ng Sikolohiyang Pilipino Bolyum 2: Gamit*, inedit ni Rogelia Pe-Pua. Quezon City: The University of the Philippines Press. (The meaning of *pagkalalaki* among Filipinos. Sa *Handbook of Filipino Psychology Volume 2: Application*).
- Scupin, Raymond. 1997. "The KJ method: A technique for analyzing data derived from Japanese ethnology." *Human organization* 56, no. 2: 233-37.
- Shackelford, Todd K., David M. Buss, at Kevin Bennett. 2002. "Forgiveness or breakup: Sex differences in responses to a partner's infidelity." *Cognition & Emotion* 16, no. 2: 299-307. doi: 10.1080/02699930143000202.
- Tan, Allen L. 1994. "Four meanings of fatherhood." *Philippine Sociological Review* 42, no. 1/4: 27-39.
- Tong, Rosemarie. 2009. *Feminist Thought: A More Comprehensive Introduction*. Boulder & San Francisco: Westview Press.
- Valledor-Lukey, Vivienne Velez. 2012. "Pagkababae at Pagkalalake (Femininity and Masculinity): Developing a Filipino Gender Trait Inventory and predicting self-esteem and sexism." PhD dissertation, Syracuse University.
- Vandello, Joseph A., at Dov Cohen. 2003. "Male honor and female fidelity: Implicit cultural scripts that perpetuate domestic violence." *Journal of Personality and Social Psychology* 84, no. 5: 997. doi: 10.1037/0022-3514.84.5.997.
- Vandello, Joseph A., at Dov Cohen. 2008. "Culture, gender, and men's intimate partner violence." *Social and Personality Psychology Compass* 2, no. 2: 652-67. doi: 10.1111/j.1751-9004.2008.00080.x.
- Ventura, Sylvia M. 1981. "The Ex-Husband." Sa *Being Filipino: Writings*, inedit ni Gilda Cordero-Fernando. Quezon City: GCF Books.
- Wetherell, Margaret, at Nigel Edley. 1999. "Negotiating hegemonic masculinity: Imaginary positions and psycho-discursive practices." *Feminism & Psychology* 9, no. 3: 335-56. doi: 10.1177/0959353599009003012.
- White, Gregory L., at Paul E. Mullen. 1989. *Jealousy: Theory, research, and clinical strategies*. New York: Guilford Press.

MAKUHA KA SA TINGIN: ANG DESEKSUWALISASYON NG BIDANG BABAE SA PAGSASALIN NG MGA NOBELANG ROMANSA¹ (MAKUHA KA SA TINGIN: THE DESEXUALIZATION OF THE HEROINE IN THE TRANSLATION OF ROMANCE NOVELS)

Mar Anthony Simon dela Cruz

ABSTRAK

Kilalá ang tatak na Precious Hearts Romances (PHR) ng Precious Pages Corporation sa paglalathala ng mga akdang popular, partikular ang nobelang romansa. Sa kasalukuyan, ang Precious Pages ang nangunguna sa popularisasyon ng pagsasalin sa panitikang Filipino kung bilang ng mga nalathalang salin ang pagbabatayan. Sa kabila nito, nananatiling salat ang mga pag-aaral kaugnay sa pagsasalin ng popular na nobelang romansa, lalo na sa representasyon ng mga babae sa salin ng mga akdang ito. Bagaman may mga pag-aaral nang tumatalakay sa usaping pangkababaihan sa mga nobelang romansa, wala pang sumisiyasat sa representasyon ng mga babae sa salin ng mga akdang ito. Sinuri ang salin ng 29 na nobela ng Harlequin, ang nangungunang tagapaglatihala ng mga nobelang romansa sa buong mundo. Piniling siyasatin ang unang kabanata (kabilang ang prologo, kung mayroon, at unang bahagi ng ikalawang kabanata para sa ilan) ng salin ng mga nobelang may markang "Gold Edition." Tinutukan

¹ Bahagi ito ng disertasyong "There's Something about a Rebel: Ang Makiling sa Skopos na Pagsasalin ng Precious Pages ng mga Nobelang Romansang Harlequin" ("There's Something about a Rebel: Precious Pages' Skopos-Based Translation of Harlequin Romance Novels") na ginawaran ng Ph.D. Dissertation Award, 2019 National Commission for Culture and the Arts Research Grants Program.

sa papel ang nangyayaring deseksuwalisasyon ng bidang babae sa inisyal na punto ng tunggalian ng kapangyarihan. Sa bahaging ito ng nobela karaniwang makikita ang una at matensiyong pagtatagpo ng mga bidang babae at lalaki, at partikular na matingkad dito ang mga paglalarawan ng seksuwal na reaksiyon at damdamin ng babae, kabilang ang mga tumatakbo sa kaniyang isip kapag tinitingnan/tinititigan ang lalaki. Ipinakikita ng mga resulta na talamak ang omisyon at niyutralisasyon sa pagsasalin, kaya nagiging deseksuwalisado ang bidang babae. Dalawa ang epekto nito: (1) pagbura sa danas ng bidang babae bilang aktibo, nag-iisip, at seksuwal na tao; at (2) pagkalusaw ng marahas na tendensiya ng mga bidang lalaki na karaniwang nagpapakilig sa mga bidang babae at mga babaeng mambabasa. Tinalakay rin sa papel ang politika ng titig o kung paano nagiging instrumento ang pagsasalin sa pagtataguyod ng o paghamon sa mga puwersa ng patriyarka. Ipinapalagay na ang mga proseso, pamamaraan, at produkto ng pagsasalin, kabilang ang ideolohikong posisyon ng Precious Pages sa mga ito, ay hinuhulma ng komersiyal na layunin ng kompanya.

Mga Susing Salita: *Precious Pages, Precious Hearts Romances, Harlequin, nobelang romansa, pagsasaling popular, deseksuwalisasyon*

ABSTRACT

Precious Pages Corporation's imprint Precious Hearts Romances (PHR) is known for publishing popular titles, notably romance novels. Currently, Precious Pages is the leader in popularizing translation in Philippine literature in terms of the number of published translations. Despite this, the translation of romance novels, especially how women are portrayed in these works, is rarely studied. Several studies have tackled women's issues in Filipino romance novels, but there has been no research that explores the representation of women in the translation of these works. This paper analyzes 29 titles published by Harlequin, the world's leading publisher of romance novels. All of the first chapters (including prologue, if any, and the first part of the second chapter for some titles) of the translated novels with a "Gold Edition" label were examined. This paper focuses on the desexualization of the heroine during the initial phase of the power struggle

between the female and male protagonists. This part of the novel usually shows the tense first meeting of the heroine and the hero. Notable here is the description of the heroine's sexual reaction and feelings, including her thoughts when looking or staring at the hero. Results show that omission and neutralization in translation are common, which may explain the desexualization of the heroine. This has two effects: (1) blurring the experience of women as active, thinking, and sexual persons and, on the other hand, (2) undermining the hero's violence and toxicity, which the heroine and the female readers commonly find attractive. This paper also discusses gaze and how translation becomes a tool for promoting or challenging patriarchal forces. This article suggests that *Precious Pages'* commercial objectives mold the processes, methods, and products of translation, including the company's ideological position on these.

Keywords: *Precious Pages, Precious Hearts Romances, Harlequin, romance novel, popular translation, desexualization*

Kilalá ang Precious Pages Corporation sa paglalathala ng mga akdang popular, partikular ang nobelang romansa. Sa pamamagitan ng tatak nitong Precious Hearts Romances (PHR), kinikilala ng kompanya ang sarili bilang "The Biggest Publishing House of Tagalog Romance Novels," na naglalathala ng "The Best Love Stories of All Time." Masusukat ang kasiglahan nito sa dami ng nobelang inilalabas nito. Karaniwang naglalathala ang PHR ng humigit-kumulang 40 nobelang romansa sa isang buwan, o tinatayang 480 nobela sa isang taon; hindi pa kasama rito ang mga muling limbag.² May inisyal na limbag na 8,000 kopya, pinakamababa na ang 3,000 kopya, ang karaniwang titulo na ibinebenta hindi lamang sa Pilipinas, kundi sa mga bansang maraming manggagawang Pilipino, tulad ng United States at Hong Kong (De Vera 2012; Garcia 2018a).

Sa kasalukuyan, ang Precious Pages ang isa sa mga nangunguna sa popularisasyon ng pagsasalin sa bansa. Simula noong taong 2009, naglathala ito ng mga salin ng mga nobelang romansa, kabilang ang 183 akdang Harlequin at 70 iba pa (Garcia 2018b), tulad ng mga nobelang romansa nina Barbara Cartland,

² Tinantiya ang bilang mula sa lingguhang update ng mga bagong labas na titulo (mula 2008 hanggang 2014) sa forum sa website ng Precious Pages (<http://precioushr.forum-motion.com/f5-book-reviews>)

Danielle Steele, Sidney Sheldon, at Nicholas Sparks. Hindi pa kasama rito ang mga kompletong salin ng mga nobelang romansa na hindi pa nila inilalabas. Ayon kay Segundo D. Matias, Jr., isa sa mga tagapagtatag ng Precious Pages, matagumpay ang pagsasalin nilá ng mga nobelang Harlequin kaya naengganyo rin siláng magsalin ng iba pang mga *bestseller* na patok sa kabataan (ABS-CBN News 2012) tulad ng *Harry Potter and the Sorcerer's Stone*, *The Hunger Games*, *Vampire Diaries*, *Twilight*, *Fifty Shades of Grey*, at mga klasikong akda tulad ng *The House of the Spirits*, *The Alchemist*, at *Charlotte's Web*.

Sa kabila ng kasiglahang ito, nananatiling salat ang mga pag-aaral kaugnay sa pagsasalin ng popular na nobelang romansa, partikular sa representasyon ng mga babae sa salin ng mga ganitong akda. Bagaman may mga pag-aaral nang tumatalakay sa usaping pangkababaihan sa mga nobelang romansa sa Pilipinas (hal., Reyes 1975, 1980, 1991; Lucero 1991; Fernandez-Diaz 1995; Encanto 1996; Barrios 2000; Raymundo 2004; Culla 2015), wala pang sumisiyasat sa presentasyon at representasyon ng mga babae sa salin ng mga akdang ito. Dahil interesanteng mapag-aralan ang transpormasyon ng teksto at kung paano nagbabagong-bihis ang naratibo at ang mga bidang babae at lalaki sa prosesong ito, susuriin sa artikulong ito ang pagsasalin sa Filipino ng ilang nobelang inilathala ng Harlequin, ang nangungunang tagapaglagtahala ng mga nobelang romansa sa buong mundo.

Tututukan sa papel naito ang nangyayaring deseksuwalisasyon, o ang pagpapatahimik o pagkitil sa seksuwalidad, ng bidang babae sa unang pagtatagpo nilá ng bidang lalaki sa unang kabanata (kabilang ang prologo, kung meron, at unang bahagi ng ikalawang kabanata para sa ilan) ng salin ng 29 na nobelang Harlequin. Partikular na susuriin ang pagsasalin ng mga erotikong deskripsiyon na nakatuon sa seksuwal na pagnanasa ng babae. Nilimitahan pa ang pagsisiyasat sa pagsasalin ng deskripsiyon ng kanilang mga pisikal at pisyolohikong reaksiyon, kabilang ang mga tumatakbo sa kanilang isip. Dahil sa talamak na omisyon sa pagsasalin, nagiging deseksuwalisado ang babae. Dalawa ang epekto nito: (1) pagbura sa danas ng bidang babae bilang aktibo, nag-iisip, at seksuwal na tao; at (2) pagkalusaw ng marahas na tendensiya ng mga bidang lalaki na karaniwang nagpapakilig sa mga bidang babae at mga babaeng mambabasa. Sa unang pagkikita ng mga bida, kapansin-pansin din ang titig o tingin ng nagnanasang babae, kaya tatalakayin din ang politika ng titig o kung paano nagiging instrumento ang pagsasalin sa pagtataguyod ng o paghamon sa mga puwersa ng patriyarka.

Maaaring matindi ang talab ng deseksuwalisasyon sa yugtong nahaharap ang bidang lalaki at babae sa mabibigat na pagsubok, o sa sinasabing “chapter eight” ni Barrios (2000), at sa resolusyon ng kuwento ng mga bida—at mahalagang pagtuunan ng mga susunod na pag-aaral ang dinamikang ito—ngunit sa panimulang pag-aaral na ito, nilimitahan ng mananaliksik ang pagsisiyasat sa inisyal na paghaharap ng mga bida sa mismong kuwento o sa mga pahina ng nobela. Mahalaga ang bahaging ito dahil bukod sa formulang inisyal na seksuwal na atraksiyon sa pagitan ng mga bida, lumilitaw rin dito ang potensiyal na tunggalian ng kapangyarihan. Introduksiyon ito ng dominanteng sistemang nagtatanghal sa bidang lalaki at kung paano nagpapasakop ang o nilalabanan ng bidang babae ang sistemang ito sa simula. Sa paunang pag-aaral na ito, tumutok ang mananaliksik sa nangyayaring deseksuwalisasyon sa inisyal na punto ng tunggalian ng kapangyarihan. Kung susuyurin ang mga blog o website na nagbibigay ng mga tip sa pagsulat ng nobelang romansa, madalas na ipinapayo sa mga baguhang manunulat na maging maingat sa pagbuo ng eksena ng unang pagkikita dahil ito ang simula ng pagbabago ng buhay ng mga tauhan.

Partikular na pinili ang mga titulong may markang “Gold Edition” dahil itinuturing na bestseller ang orihinal na nobela kung may tatak nito, ayon sa isa sa mga tagasalin/editor ng Precious Pages (Canale 2019), at inaasahan ding tatangkilikin ng target na mambabasang Pilipino ang salin ng mga ito. Tumitingkad sa pagmamarkang ito ang layuning ilako at pagkakitahan ang produktong salin. Ayon sa mismong presidente nito na si Matias, “For me to consider translating a book, it must have sold well and made money. Otherwise, why do it?” (De Vera 2014). Ipinapalagay na nakabatay sa layuning komersiyal ng “The Biggest Publishing House of Tagalog Romance Novels” ang lapit at mga estratehiya sa pagsasalin, at kasabay nito ang paglabnaw ng seksuwalidad ng bidang babae.

Deseksuwalisasyon ng Bidang Babae

Paano isinasalin ang pagnanasa ng babae sa nobelang romansa? Karaniwang sinusuri ang mga problema sa pagsasalin ng mga tekstong may kinalaman sa katawan o danas ng mga babae at nagpapanukala ng mga ideolohikong interbensiyon o manipulasyon (Santaemilia 2005). Kabilang dito ang pagbibigay ng dignidad sa danas ng kababaihan at pagtanggali ng mga seksistang salita o ekspresyon, paglusaw sa mga bahaging may potensiyal

na magsulong ng patriyarka, at pagbabalanse ng kapangyarihan. Ginagamit ding estratehiya ang pagpapaigting ng seksuwalidad ng tauhang babae at, sa kabilang banda, ang deseksuwalisasyon ng katawan ng babae. Sa sinuring mga salin, malinaw na may tendensiya ng deseksuwalisasyon ng teksto.

Sa *Roccanti's Marriage Revenge/The Marriage Revenge*, naghihiganti ang bidang lalaki sa ama ng bidang babae dahil sa pagkamatay ng kaniyang kapatid. Para maisakatuparan ito, kailangang pigilan ni Vitale ang pagpapakasal ni Zara kay Sergios, ang lalaking makatutulong sa paglago ng negosyo ng pamilya ng babae. Inimbitahan ni Vitale si Zara na isang garden designer sa kaniyang villa. Nang unang makita ng babae ang lalaki, agad na nagkaroon ng atraksiyon si Zara kay Vitale. Sa pamamagitan ng detalyadong paglalarawan ng buhok, pilikmata, bibig, at hulma ng katawan ng lalaki, at sa paggamit ng “He was smoking hot” sa orihinal, tahasang ipinakikita ang seksuwal na atraksiyon ni Zara kay Vitale:

She glanced up just as a man appeared in the doorway and her breath tripped in her throat. Sunshine flooded through the windows, gleaming over his black hair and dark curling lashes while highlighting the stunning lines of his classic bone structure and beautifully modelled mouth. He was smoking hot and that acknowledgement startled her—it was rare for Zara to have such a strong, immediate response to a man (Graham 2012, 14).³

Ito naman ang salin sa Filipino ng sipi sa itaas: “Pag-angat niya ng tingin sa lalaking nasa pintuan ay nahigit niya ang kanyang hininga. Kuminang ang buhok ng lalaki sa tama ng araw mula sa mga bintana. Hindi niya sukat-akalain na magkakaroon siya ng ganoong reaksiyon sa isang lalaki” (Graham 2015).⁴ Sa salin, nawala ang mga erotikong deskripsiyon ng mga bahagi ng katawan, kasama na ang pag-amin ng babae sa sarili na “smoking hot” ang lalaki. Hindi rin malinaw sa salin kung ano ang naging reaksiyon ni Zara (ano ang tinutukoy na “ganoong reaksiyon”?). Ipinakikita sa orihinal na

³ Bersiyong ebook ng mga orihinal na nobelang Harlequin ang ginamit sa pagsusuri, kaya ang bilang ng mga pahina sa digital na kopya ang gagamitin. Ang taon kung kailan lumabas ang bersiyong ebook ang gagamitin.

⁴ Hindi na isasama ang pahina kung saan lumabas ang sipi dahil walang tiyak na bilang ng pahina ang bersiyong ebook ng salin sa Filipino ng mga nobelang roman-sa na mababasa gamit ang app na iReader ng Precious Pages. Ang taon kung kailan lumabas ang bersiyong ebook ang gagamitin.

aktibong seksuwal na ahente ang babae, samantalang makikita sa salin ang konstruksiyon ng babaeng wala o kulang sa seksuwalidad. Sa umiiral na dikotomiyang santa-puta, dinadakila ang mga babaeng di-seksuwal, habang hinihiya ang mga babaeng nagpapahayag ng o kinikilala ang kanilang libog.

Sa *A Convenient Bridegroom*, dalawang linggo na lang at ikakasal na sina Ayesha (Aysha sa orihinal) at Carlo para magsanib na sa wakas ang dalawang makapangyarihang pamilya. Sa unang kabanata, magkikita ang dalawa para mag-*dinner*. Bumilis ang pintig ng puso ni Ayesha nang makita si Carlo. “Wala talagang kupas ang kaguwapuhan ng lalaki.” Hinalikan ni Carlo ang babae at kakaibang sensasyon ang idinulot nito kay Ayesha:

Orihinal

Dear God, he was something. The clean male smell of him teased her nostrils, combining with his subtle aftershave.

Her stomach executed a series of somersaults, and her pulse hammered heavily enough to be almost audible. Did she affect him the way he affected her? (Bianchin 2011, 7).

Salin

Tigagal pa rin siya nang ilayo ni Carlo ang ulo sa kanya. Parang may mga maharot na paruparo sa sikmura niya nang mga sandaling iyon. Ganoon din kaya ang epekto niya kay Carlo? (Bianchin 2015).

Hindi nailipat sa salin ang erotismo ng orihinal na teksto. Sa pagtanggap ng ekspresyong “Dear God,” hindi natapatan ang tindi ng pagnanasa ni Ayesha sa lalaki. Hindi rin naisalin ang detalye tungkol sa epekto kay Ayesha ng kombinasyon ng “male smell” at “subtle aftershave” ni Carlo, na isa sa maaaring dahilan ng pagiging “tigagal” ng babae matapos siyang halikan ng *fiancé*. Ginamit ng tagasalin ang “mga maharot na paruparo sa sikmura” bilang panumbas sa idyomatikong ekspresyon na “butterflies in the stomach,” na naglalarawan sa pagkabalisa ni Ayesha. Pero hindi lang simpleng pagkabalisa o kilig ang naramdaman ni Ayesha nang halikan siya ng lalaki. Sumirko-sirko ang kaniyang sikmura at halos marinig na ang pintig ng kaniyang pulso; nakaramdam ang babae ng seksuwal na pagnanasa, ng libog. May ilang bahagi pang hindi na isinalin. Halimbawa, patapos na silang kumain nang matawa si Carlo, na may erotikong epekto na naman kay Ayesha: “His soft laughter sent shivers over the surface of her skin, raising fine body hairs as all her nerve-endings went haywire” (Bianchin 2011, 15).

Sa prologo ng *Not a Marrying Man*, isinulat ni Amber sa *diary* niya ang nangyari nang una siláng magkita ni Warren (Warwick sa

orihinal), ang bagong may-ari ng hotel na pinagtatrabahuhan niya. Kabilang sa isinulat niya ang libog na naramdaman niya habang nag-uusap at nagkakatinginan silá at ang sa palagay niya na maidudulot na problema nito sa relasyon niya sa kasalukuyang nobyong si Carlo (Cory sa orihinal):

Orihinal

On the surface our conversation was strictly business, but all the while those piercing blue eyes of his never left mine. Not for a second. And it wasn't just the way he stared at me. There was something else. I know it wasn't just me. It wasn't my imagination. Something was there, zapping back and forth across the desk that separated us. An electric charge that was both exciting and enervating. When our discussion was over and I had to stand up, I found that my legs had almost gone to jelly. Somehow I made it out of the office and back to the front desk where I slumped down into my chair. I felt faint. I still feel faint thinking about it. And all I've done this evening is think about it. My whole world has been tilted on its axis. How can I get engaged to Cory now when I know that I don't love him? I mean, how could I love him but want to sleep with another man? And I do. I want to have sex with Warwick Kincaid. I can't believe I just admitted that, but what's the point of keeping a diary if you lie to it? So, yes, I want to sleep with Warwick Kincaid. But that isn't love, is it? That's just lust. Can you be in love with one man and in lust with another? Maybe you can. What do I know? I've never felt anything like this before (Lee 2011, 7).

Salin

Kung titingnan, strictly business lang ang naging usapan namin. Pero sa buong panahong iyon ay hindi ako nilubayan ng mga matang iyon na nanunuot kung tumingin. Hindi lang iyon imagination ko. Ramdam ko ang koryenteng iyon sa pagitan namin. Nang matapos ang pag-uusap at kinailangan ko nang tumayo ay naramdaman ko ang panlalambot ng mga tuhod ko. Nang marating ko ang front desk ay pasalampak akong naupo sa isang silya at para akong hihimatayin. Wala akong ibang magawa kundi isipin iyon. Bigla ay nagulo ang mundo ko. Paano ko hahayaang ma-engage kay Carlo kung alam kong hindi ko siya mahal? Ibig kong sabihin, puwede bang mahalín ko siya habang mayroong ibang lalaking gusto kong makapiling? Gusto kong makaniig si Warren Quintas. Diyos ko! Hindi ako makapaniwala na inamin ko iyan. Pero ano pa ba ang silbi ng diary kung hindi ako magpapakatotoo sa isinusulat ko rito, hindi ba? (Lee 2015).

Dahil nasa anyong entry sa personal na diary ang sipi, masasabing totoong may matinding pagnanasa si Amber kay Carlo. Ipinapalagay na “anatomically secretive” ang mga babae–karaniwang itinatago ang seksuwal na pagnanasa, kaya madalas na di-mapagkakatiwalaan ang mga senyal ng libog ng babae, tulad ng pagsinghap, pagpapawis, panginingin, pagliyd, at iba pa (Dederer 2014)—at sa pagsusulat ng mga saloobin sa diary, ipinapalagay na nagpapakatotoo sa sarili ang nagsusulat. Sa *Not a Marrying Man*, isinisiwalat ni Amber ang totoong nararamdaman niya. Sabi nga niya, “what's the point of keeping a diary if you lie to it?” Maituturing na radikal at mapagpalaya para sa babae ang pagsasabi ng katotohanan

tungkol sa sariling seksuwalidad at pagtanggap dito.

May ilang bahagi sa salin na nagpahina sa seksuwal na ahensiya ng bidang babae. Isinulat ni Amber na “Wala akong ibang magawa kundi isipin iyon” na para bang dinidiktahan siya ng naramdaman niya kay Carlo. Sa orihinal na “And all I’ve done this evening is think about it,” ipinahihiwatig na maraming maaaring gawin si Amber, pero pinili niyang isipin nang magdamag ang nangyari. Hindi na rin isinalin ang huling mga pangungusap na kumpirmasyon na gusto talagang makatalik ng babae ang lalaki. Dahil sa omisyon ng mga pangungusap na ito, hindi naipakita ang pagtatalo sa isip ni Amber kung ano ang pag-ibig at kung ano ang libog, at kung maaari siyang magmahal sa isang lalaki at malibugan sa iba pang lalaki. Mapapansing mas nag-iisip tungkol sa kaniyang nararamdaman ang Amber sa orihinal kaysa sa Amber sa salin.

Sa *Dating the Rebel Tycoon*, humangos si Cameron sa isang *botanical garden* at pumasok sa madilim na planetarium. Pinalalabas siya ng namamahala ng *planetarium*, si Rosie, dahil hindi pa magsisimula ang palabas. Hindi niya mamukhaan ang babae dahil sa dilim, samantalang agad na nakilala si Cameron ng *astrophysicist* na si Rosie na nasanay na sa dilim. Dati silang magkaeskuwela sa hay-iskul at may pagtingin noon ang babae sa lalaki. Inilarawan sa orihinal kung paano natawa si Cameron sa sinabi ni Rosie at kung ano ang naging reaksiyon ng babae. Pinaikli ang tagpong ito sa salin at naging simpleng pagtawa na lang ang “a deep, dry, rumbling, masculine sort of laugh” (Blake 2009a, 15). Hindi rin nahuli sa salin ang pagkislot ni Rosie at ang paggapang ng kung anong kiliti mula sa tuhod na nauwi sa pagbaluktot ng mga daliri niya sa paa dahil sa nadamang sensasyon. Tinanggal din sa salin ang bahaging naalala ni Rosie ang ngiti at ilang erotikong detalye ng mukha ng lalaki.

Marami ring tinanggal na detalye sa salin ng *Marchese’s Forgotten Bride*, at may kinalaman ang malaking bahagi nito sa erotikong deskripsiyon ng katawan ng lalaki sa punto de bista ng babae. Sa unang kabanata ng nobela, nagkaroon ng salusalo ang kompanya nina Cassie para salubungin ang bago niláng managing director, si Alessandro Marchese. Nagulat si Cassie pagkakita sa lalaki dahil kilala niya ito noon bilang Sandro Rossi, ang ama ng kaniyang kambal. Galit si Cassie dahil iniwan silá nito. Sa kabila nito, hindi niya maikakaila sa sarili na may pagnanasa pa rin siya sa lalaki. Detalyado sa orihinal ang bahaging hinagod ng tingin ni Cassie ang “bronzed throat,” malapad na balikat, at matitigas na kalamnang pumuputok sa damit ni Alessandro/Sandro (Reid 2010, 7). Sa salin,

sinabi lang na galít ang babae sa lalaki pero hindi niya mapigil ang sarili na pagpiyestahan ng tingin ito. Hindi na ipinakita kung paano humagod ng tingin ang isang babaeng masama ang loob pero nilalaman ng pagnanasa.

Sa sinuring mga teksto, nagiging problema ng mga bidang babae ang pagkakaroon ng pakiramdam ng libog. Nagdudulot ito sa kanila ng kalituhan at pagkabalisa. Madalas din niláng hindi kinikilala ang seksuwal na pagnanasa o pinipigilan ang sarili na ipahayag ito. Sa konteksto ng Katolisismo sa Pilipinas, nananatiling konserbatibo ang pananaw ng mga Pilipino sa seksuwalidad. Nalilikha sa kontekstong ito ang madiskarteng lalaki at disenteng babae—ang lalaki ang unang gumagawa ng hakbang para ipahayag ang kaniyang interes sa babae, samantalang kailangang itago ng babae ang kaniyang seksuwalidad at panatilihin ang pagiging disente (Delgado-Infante at Ofreneo 2014).

Sa kalakhan ng sinuring mga salin, tinatanggal ang seksuwal na pagnanasa ng mga bidang babae, kaya hindi lubos na nakikita ng mga mambabasa kung paano dinadanas ng mga babae sa nobelang romansa ang sarili bilang aktibo, nag-iisip, at seksuwal na tao. May mapanganib na implikasyon sa mga babaeng mambabasa ang deseksuwalisasyong ito ng representasyon ng mga babae sa mga salin ng mga nobelang romansa, lalo na at kinakasangkapan ang anyong ito ng panitikan bilang isa sa mga hanguan ng mga kaalaman sa seks, pakikipagrelasyon, o pag-aasawa. Ayon sa isang babaeng mambabasa, “Puwede mo siyang i-apply sa buhay mo, e...Alam mo ‘yon, kung paano iva-value ang sarili mo para sa taong mapapangasawa mo...Mas magiging ano ka, mas ipe-preserve mo ang sarili mo para sa tingin mong right man para sa ‘yo...” (Crael 2020). Itinataguyod ng pahayag na ito ang kaisipang pasibo ang babae at nakadepende ang kaniyang halaga sa lalaking mapapangasawa; wala siyang kalayaan sa kaniyang seksuwalidad dahil kontrolado ito ng mapanikil na kaisipan na ang katawan at kaluluwa ng babae ay nakalaan sa “right man.”

Ang Pagkahumaling sa/Pagsasalin ng Marahas na Lalaki

Nagreresulta rin ang deseksuwalisasyon ng teksto sa neutralisasyon ng marahas na tendensiya ng mga bidang lalaki o *alpha male* sa mga nobelang romansa. Sa kabila ng emosyonal na kalupitan at pisikal at emosyonal na pang-aabuso ng mga bidang lalaki sa mga babae, tila walang idinudulot na pagkabahala sa mga mambabasa ang karahasang ito. Masasabi pa ngang ang

mismong karahasang ito ang nagbibigay ng kasiyahan, sa halip na pagkabalisa, sa mga mambabasa ng popular na nobelang romansa. Ayon sa isang mambabasa, gusto niya ng misteryosong bida, “Shet, sarap. Hindi siya nag-e-exist sa mundo ko, pero parang totoo siya. Pa-hero, ‘tsaka ‘yong tipo ng tao na hindi mo aakalain na mabuti pala siya. Parang ang dating niya is, napakaantipatiko, pero iba pala ‘yong character niya.” Bagaman sa una ay naiinis siya sa pagpapamalas ng tinatawag na *toxic masculinity*,⁵ “Kinikilig ako afterwards. Lalo na when they start to show care sa partners nila” (Lyra 2020).

Sa katunayan, isa sa mga kumbensiyon ng nobelang romansa ang gawing kaaya-aya at kaibig-ibig ang marahas at makapangyarihang lalaki. Hindi maikakaila na romansa, kilig, at seksuwal na pagnanasa, hindi takót, ang hatid ng mga alpha male, ng mga lalaking bully, sumpungin, mapangutya, mapaghiganti, at mainitin ang ulo sa mga mambabasa (Taylor, 2012). Sabi nga ng isa pang mambabasa, mas kinikilig siya sa mga bidang lalaki na suplado, masungit, marahas, sumpungin, pero ang totoo ay may itinatagong kabaitan, kaysa sa mga bida na sa una pa lang ay ipinapakita na ang kabutihan (Crael 2020). Para sa kaniya, mas kaabang-abang ang kuwento dahil sa misteryong bumabalot sa mga lalaking marahas.

Sa *The Master Player*, ang film at TV mogul na si Maximo (Maximilian sa orihinal) ang lalaking iniibig at pinagnanasaan ng aktres na si Chloe. “Sinagip” ng lalaki ang babae mula sa abusadong asawa at ina nito. Sa unang malas, masasabing malinis ang hangarin ni Maximo dahil gusto niyang magkaroon ng kalayaan si Chloe. Ang totoo, pinaikot ng lalaki sa kaniyang palad ang babae (na pinangalanan niyang “Mary” dahil sa tingin niya ay mas simple at angkop ito sa babae). Pinalalabas niyang may kalayaanng magpasiya si Chloe, pero ang lalaki ang talagang gumagawa ng mga pagpipilian ng babae. Sa unang kabanata, pinagdududahan na ni Chloe ang mga ikinikilos ni Maximo, pero hindi niya mapigilang magnasa rito. Inilarawan sa isang tagpo sa orihinal na teksto ang lalaki sa punto de bista ng nagnanasang babae:

He was a strikingly handsome man, though
that was a totally inadequate description of him.
The dark good looks—black hair, strongly chiselled

⁵ Tumutukoy ang *toxic masculinity* sa mga mapaminsalang katangiang ikinakabit sa mga lalaki. Sa padrong ito, ang lalaki ay “dapat” na malakas at matapang, hindi nagpapakita ng emosyon, agresibo, dominante, at uhaw sa kapangyarihan. Karaniwan itong sanhi ng homophobia at karahasan laban sa kababaihan, at maging ng karamdaman sa pag-iisip ng lalaki.

face, deeply set brown eyes, tanned skin, perfectly sculptured mouth—added to his air of distinction, but it was the aura of indomitable power that gave him a charismatic impact, which made all the rest seem merely a fitting outer framework for the dynamic person who could take over anything and make it work.

Somehow it heightened his sexuality, almost to the point of mental and physical assault on everything that was female in Chloe. She wanted to recoil from it, yet could not switch off the magnetism he exerted, tugging out feelings she shouldn't have with this man. It was alarming to find herself alone with him (Darcy 2009, 10).

Hindi komportable si Chloe sa lalaki at nababahala siya kapag siláang dalawa lang ang magkasama. Gusto niyang lumayo, pero hindi niya magawa dahil may kakaibang pang-akit si Maximo, ang “aura of indomitable power that gave him a charismatic impact.” Sa orihinal, naging karismatiko ang *manipulative* at *controlling* na lalaki. Ngunit tinanggal sa salin ang bahaging ito. Sa omisyon ng mga paglalarawang nagpapakita ng seksuwal na pagkahumaling ng bidang babae, napahihina ang kapangyarihan ng mapang-abusong lalaki sa salin.

Isa pang nobelang nagtatampok ng toxic masculinity ang *The Innocent's Dark Seduction*. Sa unang pagkikita nila, pinaratanan ni Roark na *gold digger* si Lia at sinabihang, “Soon I'll have you in my bed [...] You'll be mine [...] I'm the man who's taking you home with me tonight” (Lucas 2009, 11-12). Sa kabila ng pambabastos at panghahamak ng lalaki sa babae, may kung ano kay Roark na nagpapalibog kay Lia. Marami ang tinanggal sa salin at may ilan namang detalyeng idinagdag. Bagaman lantad pa rin ang kabastusan at kagaspangan ng ugali ng lalaki sa salin, hindi ito gaanong naitanghal kung ihahambing sa orihinal. Tinanggal ang mga detalyeng nagpapakita ng mga senyas ng matinding pagnanasa ni Lia kay Roark: muling pag-init at “pagkatunaw” ng nanlalamig niyang katawan at nakapapasong sensasyon sa kaniyang mga daliri, kamay, suso, at kaibuturan nang hawakan siya ng lalaki. Binawasan din ang batuhan ng mga linya ng mapaglaro at walang pakundangang lalaki at ng babaeng nagpipigil sa nadaramang pagnanasa—bahagi ng kumbensiyon ng nobelang romansa na may potensiyal na magpakilig. Sa deseksuwalisasyon ng teksto, napahihina ang kapangyarihan ng *alpha male*.

Katanggap-tanggap para sa mga mambabasa ang karahasan sa nobelang romansa kung kontrolado at ikinakabit ito sa matinding selos, maling pagkaunawa, at maalab na pagmamahal ng mga bida (Radway 1991). Sa nobelang romansa, kapag sinaktan o minaltrato ng lalaki ang babae dahil sa selos o maling pagkaunawa sa ikinilos ng babae, asahan nang matatauhan ang lalaki sa bandang huli. Kapag nalaman niya ang kaniyang pagkakamali, ipakikita niya agad sa babae kung gaano niya ito kamahal. Binibigyan ng formulang ito ng idea ang mga mambabasa na ang mga karahasang kinakaharap nilá sa araw-araw ay resulta lang ng miskomunikasyon o selos sa konteksto ng tunay na pag-ibig (Radway 1991). Kung gayon, may tendensiya ang romansa na bulagin ang bidang babae at maging ang mambabasa sa mga kasamaan ng lipunang humahamak at nang-aapi sa mga babae (Modleski, 2008). Sa pamamagitan ng deseksualisasyon ng teksto sa pagsasalin, maaaring mapahina ang tendensiyang ito.

Pagsasalin, Pagnanasa, at ang Politika ng Titig

Sa kaniyang sanaysay na “Visual Pleasure and Narrative Cinema,” sinuri ni Laura Mulvey ang inter-aksiyon ng imahen ng katawan sa pelikula at kung paano ito tingnan ng tumitingin, partikular ang pagpoposisyon ng “male gaze” sa katawan ng babae. Sa interaksyong ito ang lalaki ang aktibong tumitingin at ang babae ang *exhibitionist* na tinitingnan at ibinubuyangyang sa paraang erotiko (Mulvey 1989, 19). Nagiging *fetish* ang katawan ng babae sa prosesong tinatawag ni Mulvey na “fetishistic scopophilia,” kaya ang katawang dating nagbabanta at nagdudulot ng pagkabalisa ay nagbibigay na ngayon ng kasiyahan sa mga lalaking tumitingin. Mailalapat ang teoryang ito hindi lang sa produksiyon at pagkonsumo ng pelikula, kundi sa panitikan, telebisyon, dula, potograpiya, painting, at iba pang mga kultural na produkto.

Tipikal ang male gaze sa mga nobelang romansa kahit pa mga babae ang karaniwang nagsusulat at nagbabasa nito. Sa *Ikaw Muna ang Magpantalón, Mahal* (1991) ni Marissa Pascua I, halimbawa, iniharap sa mga mambabasa ang babaeng tauhan sa punto de bista ng lalaki: “Kay ganda kasi ni Sol. Dalawa na ang anak ay maganda pa rin ang dodo. Wala kang itatapon kay Sol. Pati mga kuko ng daliri ay maganda. Kung maganda ang labas ni Sol ay lalong maganda ang loob. Ang puti, ang kinis. Ang husay sa kama. Kasing init niya” (Encanto 1996, 173). Pansinin na may erotikong dating ang kodipikasyon ng katawan at kakayahan o ng “to-be-looked-at-

ness” ng babaeng tauhan (Mulvey 1989, 19). Lalong napatitibay ng produksiyon ng ganitong uri ng teksto (paglikhang pinahahalagahan ang tingin ng lalaki) ang mga estereotipong hindi nakatutulong sa pag-unlad ng mga babae.

Dahil sa pag-usad ng kilusang feminismo, nagkaroon ng tuon sa mga paraan ng mga babae ng pagbawi ng sarili nilang seksuwalidad. Isa sa mga ito ang “female gaze” na, bilang “antidote” sa male gaze, bumabaklas sa tradisyonal na imahen ng mga babae (Bowers 1990, 218). Ang seksuwalidad at erotismo ng babae, na inilalarawan sa punto de bista ng babae, ang isa sa mga tuon ng mga feministang pag-aaral ng panitikan. Layunin dito ang pagsasakapangyarihan ng babae sa pamamagitan ng paglunas ng di-pantay na kapangyarihan ng mga kasarian at pagsulong ng pagkakapantay-pantay ng mga babae at lalaki sa usapin ng kultural na representasyon (Abdolmaleki 2013).

Sa mga nabasa ng mananaliksik na mga nobelang Harlequin, madalas na ilarawan ang mga bidang lalaki sa punto de bista ng mga bidang babae. Kapag tinitingnan o iniisip ng babae ang lalaki, napapansin niya kahit ang maliliit na detalye ng mukha at katawan nito. Erotiko ang deskripsiyon ng paghagod niya ng tingin sa buhok, mata, ilong, labi, panga, balikat, braso, bukol ng ari, at iba pang mga bahagi ng katawan ng lalaki—at higit pa rito, itinatampok din ang babae na iniisip ang sariling iniisip at ikinikilos habang tinitingnan ang lalaki. Dahil nabibigyan ng akses ang mambabasa sa iniisip at nararamdaman ng bidang babae, sa pagnanasa nito, nagkakaroon siya ng idea tungkol sa seksuwal na identidad ng babae.

Makikita sa ilang *item* sa sinuring mga teksto ang dinamika ng kapangyarihan sa inter-aksiyon ng mga bida, partikular sa kung paano tingnan ng babae ang lalaki. Sa *Getting Red-hot with the Rogue*, lumabas ng gusali ang *tycoon* na si Dylan at pinuntahan ang nagpoprotestang si Wynn timer para patahimikin ito. Sa paghaharap na ito, si Dylan ang dominante at si Wynn timer ang puwersang humahamon sa dominasyon ng lalaki. Ibinandera ng lalaki ang kaniyang awtoridad sa harap ng babae nang ibulsa niya ang mga kamay niya sa kaniyang pantalon. Sa orihinal na teksto: “He slid his hands into the pockets of his trousers, drawing his shirt tight across his chest, and drawing her eyes to his zipper region in one clever move. ‘How’s it going?’” (Blake 2009b, 13). Ito ang salin: “Tumango si Dylan. He slid his hands into the pockets of his trousers. ‘Kumusta?’” (Blake 2014).

Sa orihinal, napansin ng babae ang paghapit ng damit ng

lalaki sa katawan nito at napatingin siya sa zipper ng pantalon ng lalaki. Tinanggal ang bahaging ito sa salin. Naging mas neutral ang teksto dahil sa pagkawala ng empasis sa seksuwal na reaksiyon ni Wynn timer. Sa namamayaning kaayusan, normal lang na hagurin ng tingin ng lalaki ang babae at magtuon sa suso o puwet nito, pero hindi katanggap-tanggap ang imahen ng babaeng tumitingin sa direksiyon ng ari ng lalaki, ang sentro ng kapangyarihan ng mga lalaki. Hindi na rin isinalin ang bahaging tumingin si Declan (pangalan ng lalaki sa orihinal) sa high heels ni Wynn timer “and she figured he planned to keep out of kicking distance. It was the move of a man who’d been in danger of being castrated before.” (Blake 2009b, 13). Ang resulta, hindi naipakita ang banta at panganib na dala ng babae sa posisyon ng lalaki.

Ganito rin ang nangyari sa salin ng *Worth the Risk*. Sa isang tagpo, magkaharap na nag-aagahan sina Sammie at Jackson na kagigising lang matapos magtalik. Nakangising tinititigan ng lalaki ang babae habang nagkakape si Sammie (Sands 2012, 14). Hindi komportable ang babae sa pagtitig sa kaniya ng lalaki kaya itinanong niya kung ano ang iniisip nito, pero wala itong ibinigay na malinaw na sagot. Bilang reaksiyon, mabilis na lumagok ng kape si Sammie at may pagkapilyang itinutok ang tingin sa direksiyon ng ari ng nakaupong lalaki. Tinanggal sa salin ang bahaging ito, gayong mahalaga ang imaheng nabubuo rito: nakatitig ang lalaki sa mukha ng babae, pero sinuklian ito ng babae sa pamamagitan ng “pataksil” na pagtingin sa ari ng lalaki (“Her traitorous eyes dipped below his waist.”) Sa pagsasantabi sa bahaging ito, napipilayan ang subersibong potensiyal ng ganitong pasulpot-sulpot na pagharap ng babae sa kapangyarihan sa nobelang romansa.

Maoobserbahan din sa sumusunod na halimbawa, mula sa *The Innocent’s Dark Seduction*, ang pamamayani ng male gaze, bagaman may pagtatangka sa salin na pahinain ito. Sa orihinal na teksto: “And even more powerful than his body was the way the man looked at her. His gaze never moved from hers. She found herself unable to look away from the intensity of his dark eyes” (Lucas 2009, 11). Ito naman ang pagkakasalin: “Hindi nito inaal is ang mga mata nito sa kanya na para bang silá lang ang tao sa lugar na iyon. Gusto niyang umiwas ng tingin ngunit hindi niya magawa at lalong hindi niya magawang humakbang palayo rito” Minamagneto siya nito (Lucas 2015). Sinasabi sa orihinal na mas makapangyarihan ang titig ni Roark kay Lia kaysa sa mismong katawan ng lalaki. Sa salin, nabura ang paghahambing na ito kaya napahihina kahit paano ang kapangyarihang taglay ng titig ni Roark. Pero nawalan ng bisa ang

tangkang ito nang idagdag ng tagasalin ang “Minamagneto siya nito,” na nagpapahiwatig na hindi malabanan ni Lia ang pang-aakit ni Roark.

Mahihiwatigan din ang tunggalian ng kapangyarihan ng mga bida sa kanilang tinginan o titigan. Sa *The Vintner's Bride*, iniwan ni Isabel ang kaniyang nakaraan at nagpunta sa La Union (Sicily sa orihinal) para magbagong-buhay. Siya na ang mamamahala sa bahay at ubasan na ipinamana sa kaniya ng isang di-kilalang kamag-anak. Sa unang kabanata, nawawala si Isabel sa paghahanap sa ubasan at dito niya makikilala si Dario, ang dating may-ari ng lupang pagmamay-ari na ngayon ng babae.

Orihinal

She was so excited she slammed on the brakes, and skidded to an abrupt halt.

He looked up. She grabbed the map, got out of the car and walked toward the field where he stood staring at her as if he'd never seen a stranger here before. Which made her feel better about staring at him. She stared at his blunt nose that looked like it might have been broken a few times. She stared into his eyes, impossibly blue in a suntanned face.

Then her gaze moved down. He was shirtless, and his jeans rode low on his hips. Very sensible in this kind of weather. And very sexy too. She swallowed hard and tried to tear her eyes away from his broad chest covered with a light dusting of dark hair, but couldn't. Perspiration broke out on her forehead. She couldn't seem to take a deep breath. Maybe this was her property. Maybe he worked for her already and she'd be making wine this fall with his help. No, she couldn't get that lucky (Grace 2009, 9).

Salin

Mabilis na pinaandar niya ang kotse patungo sa kinaroroonan ng lalaki. Nang makarating siya di-kalayuan dito ay bumaba siya ng kotse habang hawak-hawak ang mapa.

Napapihit ang lalaki sa gawi niya. Tinitigan siya na para bang noon lamang nakakita ng tagaibang lugar. Habang dahan-dahang lumalapit ang lalaki--na hindi kumukurap ang mga mata habang nakatingin sa kanya--ay naisip niyang titigan at kilatisin ito. Nakita niya ang natural na hugis ng ilong nito. Ang mga mata nito ay malalalim at ang balat ay parang bahagya nang nasunog ng araw.

Bumaba ang kanyang tingin. Wala itong pang-itaas at ang maong na pantalon na suot nito ay bahagyang nahuhulog sa bandang balakang. Makisig ang lalaki.

Napalunok si Isabel. Sinikap niyang iiwas ang paningin sa malapad na dibdib nito na may mga pino ngunit maiitim at kulot na balahibo, pero hindi na niya magawa.

Nagsimulang pagpawisan ang kanyang noo. Marahil ay naroon na siya sa kaniyang propiyedad at marahil ay isa sa mga trabahador doon ang lalaking nasa harap niya ngayon (Grace 2015).

Ilang bagay na may kinalaman sa ugnayan ng kapangyarihan ang nabago sa salin. Isa na rito ang pagtanggap ng “Which made her feel better about staring at him.” Sa orihinal, tinitigan ni Dario ang papalapit na si Isabel na para bang noon lang siya nakakita ng dayuhan, na nagpagana naman kay Isabel sa pagtitig sa lalaki. Sa hindi pagsasalin ng bahaging ito, bahagyang humina ang pahiwatig na may pakiramdam ang babae na mas makapangyarihan siya sa lalaking tumititig sa kaniya. Maihahalintulad ang titig ni Isabel sa titig ni Medusa, ang pantapat sa mapanakop na titig ng mga lalaki. Sa salin, parang naging bato ang hindi kumukurap na si Dario habang tumititig kay Isabel.

“Maybethiswasherproperty,” ang sabisa orihinal. Tumutukoy ito sa lupang pag-aari ni Isabel, pero dahil walang transisyon mula sa paglalarawan ng reaksiyon ng babae sa nakikitang detalye ng katawan ng lalaki, mapagkakamalang tumutukoy ito sa katawan ni Dario. Halos ganito rin ang epekto ng salin nitong “Marahil ay naroon na siya sa kaniyang propiyedad...” Isa pang nabago sa salin ang ginawang paglapit ng lalaki sa babae. Sa orihinal, ang babae ang lumapit sa lalaki; si Isabel na isang dayuhan at di-pamilyar sa pangingin ni Dario ang walang pasabing pumasok sa teritoryo ng lalaki.

Isa sa mga depensa ng patriyarkal na lalaki laban sa babaeng naglalantad ng kaniyang mga kahinaan at nanggugulo sa namamayaning kaayusan ang pagpatay kay Medusa o pagsira sa subhetibidad ng babae (Bowers 1990). Sa salin, idinagdag ang bahaging “naisipan” ni Isabel na “kilatisin” ang lalaki. Pero wala namang nangyaring pangingilatis. Sa halip, napalunok ang babae sa kakisigan ng lalaki at sinubukan niyang ilayo ang tingin sa matipunong dibdib ni Dario, “pero hindi na niya magawa.” Pinagpawisan siya sa noo. Sa bahaging ito ng orihinal at salin, tila kontrolado na ng lalaki ang katawan ng babae. Simula na ito ng pagkahulog ng loob ni Isabel kay Dario.

Sinasabing tinatrato ng mga lalaki ang mga babae depende sa kung ano ang nakikita nilá sa mga ito (Berger 1972). Minamatyagan ng mga babae ang sarili dahil nakasalalay ang tagumpay nilá sa kung paano silá tingnan ng mga lalaki. Para magtagumpay, kailangang sipatin ng babae ang sarili, ikubli ang mga bagay na hindi magugustuhan ng mga tumitingin (lalaki), at itanghal ang sa palagay niyang kaaya-aya o katanggap-tanggap para sa mga lalaki. Pansinin ang sumusunod na sipi mula sa *The Tycoon's Temporary Baby*:

Orihinal

Staring up into his green-brown eyes, she felt something unexpected pass between them. Some tension she'd never felt before. Or perhaps something she was too smart to let herself feel.

He swallowed. Fascinated, she watched the muscles of his throat shift mere inches from her face. She flattened her palm and pushed herself out of his arms.

She was all too aware of Jonathon's gaze following her every move. And even more aware that her outfit was inappropriate for work. He'd never seen her in jeans before. Certainly not topped with her favorite T-shirt, a retro Replacements concert T-shirt she'd bought online as her twenty-first birthday present to herself. It was old and ratty and she'd cut the neck out of it years ago. But somehow the shirt was all comfort. And today, she needed comfort more than she needed professionalism (McKay 2011, 11).

Salin

Nagtama ang mga mata nila. Pakiramdam ni Wendy ay may dumaloy na koneksiyon sa pagitan nila. Hindi niya maunawaan kung ano iyon. Tensiyon siguro iyon na hindi pa niya naramdaman kahit kailan—o isang pakiramdam na para sa kanya ay ayaw na niyang tukuyin kung ano.

Marahan niya itong itinulak para makalaya siya sa mga bisig nito. Alam niyang minamasdan ni Jonathon ang bawat pagkilos niya. Alam din niyang mali ang suot niyang damit; hindi iyon pang-opisina. Hindi pa siya nakita ni Jonathon na nakasuot ng retro na T-shirt at jeans. Lumang-luma na iyon na halos mukha nang basahan. Pero kumportable siya roon, lalo pa ngayon na mas kailangan niyang maging kumportable kaysa maging professional (McKay 2015).

Pumasok sa trabaho si Wendy para ibigay ang letter of resignation niya. Mahal niya ang trabaho, pero kailangan niyang alagaan ang anak na sanggol ng namatay niyang pinsan. Isinandal ni Wendy sa pinto ang kaniyang noo. Binuksan ng boss niyang si Jonathon ang pinto mula sa kabilang silid. Tumumba ang babae pero mabilis siyang nasalo ng lalaki. Madalas titigan ni Wendy ang boss niya, pero noon lang niya talagang napansin ang ilang detalye sa mukha at katawan ni Jonathon. Sa orihinal na teksto, may naramdaman siyang kung anong tensiyon, o isang bagay na iniwasan niyang maramdaman. Sa salin, ayaw niyang tukuyin kung ano ito. Kaharap ang lalaking nakatingin sa kaniya, may ikinukubling damdamin si Wendy at nag-iingat siyang hindi ito ipahalata sa lalaki.

Maláy si Wendy na mataman siyang minamanmanan ni Jonathon, tila tinatantiya ng lalaki kung paano niya pakikitunguhan. Paglalarawan ito ng paniniwalang papel ng lalaki ang kumilos at papel ng babae ang magpakita. Sa pagtitig ng lalaki sa babae, pinapanood din ng babae ang sarili na tinititigan ng lalaki (Berger 1972). Ito marahil ang dahilan kung bakit biglang nabanggit na alam din ni Wendy na hindi angkop sa trabaho ang suot niya. "Hindi pa siya nakita ni Jonathon na nakasuot ng retro na T-shirt at jeans." Si Jonathon ang unang sumagi sa isip niya kaugnay sa T-shirt niyang

“lumang-luma” na at “halos mukha nang basahan.” Kung susundan ang paliwanag ni Berger, hinihingi ng babae sa lalaki na tratuhin siyang basahan. Pero sa partikular na tagpong ito, binalewala ni Wendy ang gusto ng “surveyor of woman in herself,” ang pagsusuot ng propesyonal na kasuotang angkop sa kaniyang posisyon sa trabaho, at mas pinili niya ang kailangan ng sarili: kasuotang makapagpapaginhawa sa kaniya.

Sa *The Innocent's Dark Seduction*, bahagi ng plano ni Roark na akitin si Lia para ipagbili sa kaniya ng babae ang lupang matagal na niyang inaasam. Sa orihinal, aroganteng sinabi ni Roark kay Lia na ibibigay niya ang gusto nito. Hindi na kailangang itanong kung ano ang gusto ng babae dahil alam na ng lalaki kung ano. Nakikita ni Roark ang hindi makontrol na seksuwal na pagnanasang idinudulot niya kay Lia, at ito ang batayan kung paano niya tatratuhin ang babae. Sa salin, tinanggal ang bahaging nilapitan, tiningnan, at may pagmamataas na nginitian ni Roark si Lia. Nawala rin ang detalye tungkol sa hirap ni Lia na itago ang kaniyang libog, bagaman idinagdag ang “Were his eyes trying to undress her?” (Lucas 2015). Sa pamamagitan nito mas nagkakaroon ng kontrol si Lia sa sitwasyon at sa sarili.

Ang Dikta ng Komersiyo

Layunin ng *Precious Pages* na lumikha ng mga akdang magugustuhan sa mga mambabasa: nakakikilig, may happy ending, simple at madaling maunawaan, maikli at mabilis basahin, gumagamit ng Taglish at pang-araw-araw na wika, tuon sa aksiyon sa halip na paglalarawan, at tunog-orihinal. Bahagi ito ng tinatawag na tatak-Precious na ilang dekada nang tinatangkilik ng mga Pilipinong mambabasa ng nobelang romansa. Kapag natugunan ang mga pangunahing layuning ito, posibleng mahikayat ang mga mambabasa na bilihin ang mga produktong salin, na maaaring magresulta sa malaking kita ang kompanya.

Nagkaroon ng dalawang yugto ng pagsasa-Filipino ng mga nobelang Harlequin. Sa unang yugto na nagsimula noong 2009, preskripsiyon sa mga tagasalin na paikliin ang salin. Sa katunayan, ang omisyon ang itinuturing na pangunahing estratehiya sa pagsasalin ng nobelang romansa at iba pang mga popular na *genre* (Capelle 1996). May pahintulot ito ng Harlequin. May istandard na habang 192 pahina ang orihinal na nobelang Harlequin, samantalang naglalaro sa 126, 127, at 128 pahina ang salin ng mga ito sa Filipino,

o tinatayang mas maikli nang 34 %.⁶ Ang espesyal na edisyon naman na mga salin ay umaabot sa 144 at 160 pahina.⁷ Sa pangkalahatan, tumutugon ang ginamit na estratehiya ng omisyon sa layuning may kinalaman sa pagpapasimple at pagpapabilis ng takbo ng kuwento.

Sa ikalawang yugto, hinihingi ng gabay sa pagsasalin (Garcia 2018b) na maging higit na tapat ang mga tagasalin sa orihinal na teksto. Ibig sabihin, iwasan ang talamak na omisyon na nangyari noong unang yugto. Hindi malinaw kung kailan mismo nagsimulang magsalin ang Precious Pages sa oryentasyong ito o kung kailan unang lumabas ang mga produkto ng ikalawang yugtong ito ng pagsasalin—bagaman sinasabing nagsimula ang bagong lapit sa pagsasalin kasabay ng pagsasalin ng Precious Pages sa Pilipino ng mga nobelang *young adult* noong 2012. Kakatwa na gamit na gamit pa rin ang omisyon sa mga sinuring salin na nalathala simula sa taóng ito. Maaaring naging malakas ang hatak sa mga tagasalin ng layuning iangkop sa sinasabing tatak-Precious ang pagsasalin. Bahagi ng tatak na ito na ilang dekada nang tinatangkilik ng mga mambabasang Pilipino ang simple at walang ligoy na pagkukuwento.

Sa nangyaring pagpapasimple at pagpapaikli, nasakripisyo ang mga paglalarawang magbibigay sana ng mas mas malalim na pagtingin tungkol sa seksuwalidad ng mga babae. Sa obserbasyon ng isang masugid na mambabasa ng PHR at may ilang akda na ring nalathala sa Wattpad, mas nakatuon sa aksiyon ang romansang Pilipino kaysa mga romansang banyaga. Ayon sa kaniya: “Pagdating kasi sa Pilipino romance, mabilis ang pacing. Unlike kapag foreign, meron pa ‘yang pagdadaan na kung ano-ano hanggang sa ma-realize na in-love siya, ganon. Sa Pilipino, first na pagkikita pa lang ng mga bida, iaano na kaagad ng writer na, meron na silang connection sa isa’t isa” (Saballe 2020). Bahagi pa rin ito ng intensiyon ng Precious Pages na lumikha ng kapana-panabik na mga produktong salin na madali at mabilis basahin, kahit na ang resulta ay deseksuwalisadong babae.

⁶ Nangyayari rin ang pagpapaikli ng mga salin sa iba pang mga wika ng mga nobelang Harlequin, tulad ng salin sa Dutch, Swedish, French, at Greek (Capelle 1996; Wirtén 1998; Paizis 1998).

⁷ May inilabas din ang Precious Pages na espesyal na edisyon na mga salin na 256 pahina ang haba, ngunit kung sisipatin ang nilalaman, malalamang mas malalaki ang font at spacing na ginamit kung ihahambing sa regular na edisyon.

Mahalagang salik din sa deseksuwalisasyon ng mga babae sa mga salin ang wikang ginamit ng tagasalin. Taglish at wikang pang-araw-araw ang mabenta sa mga mambabasa ng nobelang romansa, ngunit may pananaw pa rin na bulgar, kung hindi man ay katawa-tawa, ang ilang salita nitong may kinalaman sa sex. Kaya hindi komportable ang ilang mambabasa “Lalo kung ano, ‘yong pagkakadetalye nila, Tagalog masyado. Masyadong bold kaysa kung English siya. Kasi ‘pag English, ano lang, okay-okay” (Crael 2020). Sa salin ng *Fifty Shades of Grey*, halimbawa, may mga naasiwa sa paggamit ng “bulgar” na mga salita; sa kabilang banda, may mga natawa sa paggamit ng mga asiwang eufemismo. Sa mga salin ng mga nobelang Harlequin, naiwasan ang mga problemang ito sa pamamagitan ng omisyon, ngunit kasabay nito ang pagkitil sa seksuwal na kalikasan ng bidang babae.

Maaari din namang ang mga estratehiyang ginamit sa pagsasalin ay pag-angkop sa kagustuhan ng mga mambabasa kaugnay sa mga seksuwal na tagpo sa mga nobelang romansa. Para sa ilang mambabasang nakapanayam ng mananaliksik, wala siláng problema sa mga paglalarawan ng mga seksuwal na tagpo, basta hinihingi ito ng kuwento (Alfonso 2020). Ayon sa isa pang mambabasa ng PHR, walang kaso sa kaniya ang pagtatanggal ng ilang detalye ng mga erotikong tagpo sa mga salin. “Parang mas pina-light lang nila yung kuwento. Okay naman siya” (Crael 2020). Sabi naman ng isa pa, “As much as possible, parang gusto kong mas less ‘yung sexual description...Kasi parang, hay, ayoko nang magbasa masyado ng bastos...” (Lyra 2020).⁸

Sa pagsasalin sa Filipino ng mga nobelang Harlequin, maaaring pinanatili ng Precious Pages ang *wholesome* na *branding* ng PHR. Nakabandera sa isang online forum ng PHR ang paglalarawan ng kanilang mga nobelang romansa: “The novels reinforce traditional values of commitment and a happy ending. It is an eternal escape fantasy of living out adventures and for romance readers it addresses the fantasy of falling in love with Mr. Right.” May ibang tatak ang Precious Pages para sa erotiko at mas mapangahas na mga akda, ang Red Room.⁹ Kung pagbabatayan ang binaryong pagtatakda ng pagkababae, mga deseksuwalisadong santa ang mga babae ng PHR at mga seksuwalisadong puta naman ang mga ng Red Room. Sa PHR maaaring makahugot ng mga kaalaman sa dalisay na pag-ibig ang mga mambabasa, samantalang sa Red Room naman maaaring

⁸ Hiniling ng kalahok na huwag banggitin ang kaniyang apelyido.

⁹ Sa panahong isinagawa ang pag-aaral, wala pang produktong salin ang Red Room.

makahugot ng mga kaalamang seksuwal ang mga mambabasa.

Sa unang malas, masasabing ang omisyon ng mga seksuwal na tagpo ay dulot ng pangangailangang mapaikli ang salin alinsunod sa istandard ng Precious Pages. Maaari din namang nakaapekto rito ang kakayahan ng tagasalin at editor (at iba pang responsable sa pagbuo ng produktong salin) na nakadepende naman sa ilang salik tulad ng dedlayn. Dahil karaniwang maikli ang ibinigay na panahon sa mga tagasalin at editor, may tendensiyang magmadali silá kaya maaaring makompromiso ang kalidad ng salin. May *pressure* sa mga tagasalin at editor ng mga popular na akda na bilisan ang kanilang trabaho sa pagsasalin dahil sa pagdagsa ng mga materyal na kailangang isalin at ilathala. Dahil sa kakulangan ng panahon, maaari siláng pumalya sa kanilang pagpapasiya kaugnay sa kung ano-anong mga bahagi ang kakatayin at muling bubuoin. Kailangang isaalang-alang dito ang katotohanang napapagod din ang mga manggagawang intelektuwal, lalo na sa industriya ng paglalathala ng mga popular na akda.

Mahalagang usapin din ang remunerasyon. Ayon sa isa sa mga nag-edit ng mga salin, depende ang bayad sa haba ng salin: P8,000 kapag 128 pahina, P10,000 kapag 144 pahina, at P16,000 naman ang bayad para sa salin na may 256 pahina, na madalas ay matagal na hindi naibibigay (delos Reyes 2019).¹⁰ Ayon pa sa kaniya, iba-iba rin ang mga *rate* sa pag-edit ng salin depende sa haba nito. Sa isang salin na may istandard na habang 128 pahina, tinatayang P4,000 ang ibinabayad sa freelance editor. Karaniwan nang pinaniniwalaan na magkaugnay ang kalidad ng pagsasalin sa ibinabayad sa mga lumikha nito. Mas malaki ang bayad, mas mataas ang kalidad. Mas mababa ang bayad, mas mababa ang kalidad. Lumalabas sa mga resulta ng isang survey na 73% ng mga *language service provider* (LSP) ang naniniwalang may direktang ugnayan ang ibinabayad sa tagasalin at kalidad ng pagsasalin. Tinatayang 61% naman ng mga kliyente ang naniniwala sa ugnayang ito; ngunit kung magbabayad silá ng mas malaking halaga kaysa sa karaniwan, 90.54% sa kanila ang umaasang tataas ang kalidad ng pagsasalin (Capita Translating and Interpreting 2015).

Maaari din namang ang omisyon ng mga erotikong tagpo ay resulta ng maláy o di-maláy na pagtugon ng tagasalin sa namamayaning ideolohikong layunin na panatilihin ang konserbatibong pananaw sa mga babae. Kung praktikalidad ang

¹⁰ Sumubok din ang mananaliksik na magsalin ng isang nobelang Harlequin noong 2011. Inalok siya ng Precious Pages ng P6,000 para isalin ang buong nobela.

sinasabing dahilan ng pagtanggap sa mga erotikong paglalarawan ng pagnanasa ng bidang babae sa lalaki, bakit pinanatili at isinalin ang ilang detalyeng hindi gaanong mahalaga kung ihahambing sa mga eksenang nagpapakita ng libog ng babae? May ilang salin din na dinadagdagan ng mga detalyeng wala sa orihinal. Maitatanong, kung gayon, ano ang esensiyal at di-esensiyal na paglalarawan? Paano nagpapasiya ang mga tagasalin kung ano ang isasalin at kung ano ang tatanggalin? Ano man ang rason ng mga tagasalin, lumalabas na nagkakaroon ng deseksuwalisasyon ng bidang babae sa mga sinuring salin.

Ilang Direksiyon ng Pananaliksik

May malaking kakulangan sa pag-aaral tungkol sa kasarian at seksuwalidad sa pagsasalin ng nobelang romansa, na tinangkang punan ng patiunang pag-aaral na ito. Dahil mga babae ang kalakhan ng mga manunulat ng mga nobelang romansa, at mga babae ang karaniwang nagsasalin ng mga akdang ito (sa kaso ng *Precious Pages* at *Harlequin*), at mga babae rin ang target na mambabasa ng romansa at ng salin nito, mahalagang matalakay ang nangyayaring transpormasyon sa teksto, kabilang ang pagbabagong-anyo ng mga kasarian na sumailalim sa proseso ng pagsasalin.

Nagluluwal ng mga katanungan ang pag-aaral na ito. Isa rito ang papel ng babaeng tagasalin. Babae ang karamihan sa mga nagsalin sa Filipino ng mga nobelang *Harlequin*, at sa susunod na mga pag-aaral, maaaring siyasatin kung paano kinakatas ng tagasalin ang mga bahagi ng orihinal na akda at iniaangkop sa kaligiran ng mga target na mambabasa. Ano-ano ang mga personal at panlabas na salik na nakaaapekto sa kanilang pagpapasiya sa pagsasalin? Paano nagiging kasangkapan ang pagsasalin sa pagsusulong ng partikular na ideolohiya? Nagkakaroon ba ng *self-censorship* sa pagsasalin at bakit ito nangyayari?

Sinuri lang sa papel ang unang bahagi ng mga salin, kaya mahalagang masipat din ang dinamika ng relasyon ng mga bida sa iba pang bahagi ng nobela para malinaw ang tindig ng teksto sa usapin deseksuwalisasyon ng heroine. Kailangan ding palawigin pa ang pag-aaral sa iba pang mga titulo na walang markang *Gold Edition* at sa mga salin ng mga nobelang romansa maliban sa *Harlequin* (halimbawa, mga akda nina Barbara Cartland, Danielle Steele, Sidney Sheldon, at Nicholas Sparks).

Mainam kung sisiyasatin din ang seksuwal na danas ng bidang babae na may kinalaman hindi lang sa mga reaksiyon na libog, kilig, at pagkabalisa, kundi sa mga damdaming kaugnay sa pangungulila, lumbay, ligaya, suklam, poot, awa, at iba pa. Makatutulong ang mga ito sa higit na pagpapaunlad ng araling-salin at araling-kasarian sa Pilipinas. Ang pagsasalin ng popular na akda ay isang larangang bukal ng kaalamang maaaring magpaliwanag sa danas at magsulong sa kapakanan ng mga babae sa lipunan.

SANGGUNIAN (REFERENCES)

Primaryang Sanggunian (Primary Sources)

Orihinal na Nobelang Harlequin (Original Harlequin Novels)

- Bianchin, Helen. 2012. *A Convenient Bridegroom*. Ebook. Toronto: Harlequin Presents (Harlequin Treasury 1990s).
- Blake, Ally. 2009a. *Dating The Rebel Tycoon*. Ebook. Toronto: Harlequin Romance.
- Blake, Ally. 2009b. *Getting Red-hot With The Rogue*. Ebook. Toronto: Harlequin Presents.
- Darcy, Emma. 2009. *The Master Player*. Ebook. Toronto: Harlequin Presents.
- Grace, Carol. 2009. *The Sicilian's Bride*. Ebook. Toronto: Harlequin Romance.
- Graham, Lynne. 2012. *Roccanti's Marriage Revenge*. Ebook. Toronto: Harlequin Presents.
- Lee, Miranda. 2011. *Not a Marrying Man*. Ebook. Toronto: Harlequin Presents.
- Lucas, Jennie. 2009. *The Innocent's Dark Seduction*. Ebook. Toronto: Harlequin Presents.
- McKay, Emily. 2011. *The Tycoon's Temporary Baby*. Ebook. Toronto: Harlequin Presents.
- Reid, Michelle. 2010. *Marchese's Forgotten Bride*. Ebook. Toronto: Harlequin Presents.
- Sands, Charlene. 2012. *Worth the Risk*. Ebook. Toronto: Harlequin Desire.

Pagsasalin (Translations)

- Bianchin, Helen. 2015. *A Convenient Bridegroom*. Ebook. Salin ni Armine Rhea Mendoza. Quezon City: Precious Pages Corporation.
- Blake, Ally. 2015. *Dating The Rebel Tycoon*. Ebook. Salin ni Sumire Villegas. Quezon City: Precious Pages Corporation.
- Blake, Ally. 2014. *Getting Red-hot With The Rogue*. Ebook. Salin ni Sumire Villegas. Quezon City: Precious Pages Corporation.
- Darcy, Emma. 2015. *The Master Player*. Ebook. Salin ni Armine Rhea Mendoza. Quezon City: Precious Pages Corporation.
- Grace, Carol. 2015. *The Vintner's Bride*. Ebook. Salin ni Belle Ofalda, mula sa orihinal na *The Sicilian's Bride*. Quezon City: Precious Pages Corporation.
- Graham, Lynne. 2015. *The Marriage Revenge*. Ebook. Salin ni Bettina, mula sa orihinal na *Roccanti's Marriage Revenge*. Quezon City: Precious Pages Corporation.
- Lee, Miranda. 2015. *Not a Marrying Man*. Ebook. Salin ni Xia Virgo. Quezon City: Precious Pages Corporation.

- Lucas, Jennie. 2015. *The Innocent's Dark Seduction*. Ebook. Salin ni Iris Anne. Quezon City: Precious Pages Corporation.
- McKay, Emily. 2015. *The Tycoon's Temporary Baby*. Ebook. Salin ni Juno. Quezon City: Precious Pages Corporation.
- Reid, Michelle. 2015. *Marchese's Forgotten Bride*. Ebook. Salin ni Sofia. Quezon City: Precious Pages Corporation.
- Sands, Charlene. 2015. *Worth the Risk*. Ebook. Salin ni Karen Dee. Quezon City: Precious Pages Corporation.

Sekundaryang Sanggunian (Secondary Sources)

- Abdolmaleki, Kara. 2013. "The Female Gaze in *The Blind Owl* by Sadeq Hedayat and *Lost Highway* by David Lynch." *Iranian Studies* 46 (6): 903-919.
- ABS-CBN News. 2012. "'Twilight,' 'Vampire Diaries' Translated to Filipino." <http://news.abs-cbn.com/lifestyle/09/17/12/twilight-vampire-diaries-translated-filipino>.
- Barrios, Joi. 2000. *Ang Aking Prince Charming at Iba pang Noveleta ng Pag-ibig (My Prince Charming and Other Novelettes of Love)*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Berger, John. 1972. *Ways of Seeing*. London: British Broadcasting Corporation and Penguin Books Ltd.
- Bowers, Susan R. 1990. "Medusa and the Female Gaze." *NWSA Journal* 2 (2): 217-235.
- Capelle, Annick. 1996. "Harlequin Romances in Western Europe: The Cultural Interactions of Romantic Literature." *Nasa European Readings of American Popular Culture*, pinamamagutan nina John Dean at Jean-Paul Gabilliet, 91-100. Westport, CT: Greenwood Press.
- Capita Translating and Interpreting. 2015. "The Conundrum of Quality, Time and Cost in the Language Services Sector." <https://www.capitatradingandinterpreting.com/wp-content/uploads/2015/09/White-Paper-Quality-Cost-and-Time.pdf>.
- Culla, Clarisse Ann Daryll Cruz. 2015. "All You Read is Love: The Contemporary Philippine Romance Novel from the 1990s to 2014." B.A. Thesis, College of Arts and Letters, University of the Philippines Diliman.
- De Vera, Ruel S. 2014. "'Twilight' Now in Filipino Translation," *Philippine Daily Inquirer*, Setyembre 17, 2014. <http://lifestyle.inquirer.net/167449/found-in-translation/#ixzz5P1VNo0sn>.
- De Vera, Ruel S. 2012. "Love in the Time of Paperback Romances." *Philippine Daily Inquirer*, Pebrero 4, 2012. <https://lifestyle.inquirer.net/33411/love-in-the-time-of-paperback-romances/>.
- Dederer, Claire. 2014. "Why Is It So Hard for Women to Write About Sex?" *The Atlantic*. <https://www.theatlantic.com/magazine/archive/2014/03/why-is-it-so-hard-for-women-to-write-about-sex/357574/>.
- Delgado-Infante, Margarita Lia at Mira Alexis P. Ofreneo. 2014. "Maintaining a 'Good Girl' Position: Young Filipina Women Constructing Sexual Agency in First Sex within Catholicism." *Feminism & Psychology* 24 (3): 390-407.
- Encanto, Georgina Reyes. 1996. "The Development of the Filipino Romance Novel as Written by Women (1922-1992)." Ph.D. Dissertation, College of Mass Communication, University of the Philippines Diliman.
- Fernandez-Diaz, Paz. 1995. "Mythologizing Woman in Romansa Komiks." M.A. Thesis, College of Mass Communication, University of the Philippines Diliman.
- Lucero, Rosario Cruz. 1991. "Romancing the Otherness of Woman." *Nasa Reading*

- Popular Culture*, pinamatnugutan ni Soledad S. Reyes, 137-146. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Masallo, Apple. *How to Write a Tagalog Romance Novel*. Quezon City: Bookware Publishing Corporation.
- Modleski, Tania. 2008. *Loving with a Vengeance: Mass-Produced Fantasies for Women*. Ikalawang edisyon. New York: Routledge.
- Mulvey, Laura. 1989. "Visual Pleasure and Narrative Cinema." *Nasa Visual and Other Pleasures*, pinamatnugutan nina Stephen Heath, Colin MacCabe, at Denise Riley, 14-26. New York: Palgrave.
- Paizis, George. 1998. "Category Romances: Translation, Realism and Myth." *The Translator* 4 (1): 1-24.
- Radway, Janice. 1991. *Reading the Romance: Women, Patriarchy and Popular Literature*. Chapel Hill, NC: University of North Carolina Press.
- Raymundo, Sarah Jane S. 2004. "In the Concrete Now: Investigating Feminist Challenges to Popular Romance Production." *Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society* 1 (2): 91-118.
- Regis, Pamela. 2007. *A Natural History of the Romance Novel*. Philadelphia: University of Pennsylvania Press.
- Reyes, Soledad S. 1991. *The Romance Mode in Philippine Popular Literature and Other Essays*. Manila: De La Salle University Press.
- Reyes, Soledad S. 1980. "Values of Love and Marriage in the Tagalog Novel." *Philippine Studies* 28: 284-304.
- Reyes, Soledad S. 1975. "Traditions and Themes in the Tagalog Novel." *Philippine Studies* 23: 243-292.
- Santaemilia, Jose. 2005. "The Translation of Sex, The Sex of Translation." *Nasa Gender, Sex and Translation: The Manipulation of Identities*, pinamatnugutan ni Jose Santaemilia, 117-136. New York: Taylor & Francis.
- Taylor, Jessica. 2012. "Romance and the Female Gaze: Obscuring Gendered Violence in The Twilight Saga." *Feminist Media Studies* 14 (3): 388-402.
- Wirtén, Eva Hemmungs. 1998. *Global Infatuation: Explorations in Transnational Publishing and Texts. The Case of Harlequin Enterprises and Sweden*. Uppsala: Uppsala University.

Interbyu at Personal na Komunikasyon (Interviews and Personal Correspondence)

- Alfonso, Themarie. Interbiyu ng mananaliksik, Facebook Messenger Video Call, Marso 3, 2020.
- Canale, Salve. Mensahe sa mananaliksik sa Facebook Messenger, Hulyo 17, 2019.
- Crael, Cheng Parcon. Interbiyu ng mananaliksik, Facebook Messenger Video Call, Marso 1, 2020.
- Delos Reyes, Janis. Mensahe sa mananaliksik sa Facebook Messenger, Hunyo 6, 2019.
- Delos Reyes, Janis. Mensahe sa mananaliksik sa Facebook Messenger, Hulyo, 2019.
- Garcia, Edith. Interbiyu ng mananaliksik, Punong Tanggapan ng Precious Pages Corporation, Oktubre 8, 2018a.
- Garcia, Edith. Email sa mananaliksik. Oktubre 11, 2018b.
- Lyra. Interbiyu ng mananaliksik, Facebook Messenger Video Call, Marso 4, 2020.
- Saballe, Shirley Anne. Interbiyu ng mananaliksik, Facebook Messenger Video Call, Marso 5, 2020.

ANG BOY LOVE SERIES
 BILANG DISKURSO: ISANG
 KOMPARATIBONG ANALISIS
 NG *2GETHER THE SERIES*
 NG THAILAND AT *HELLO*
STRANGER NG PILIPINAS
 (BOY LOVE [BL] SERIES AS A DISCOURSE:
 A COMPARATIVE ANALYSIS OF *2GETHER*
THE SERIES OF THAILAND AND *HELLO*
STRANGER OF PHILIPPINES)

Marvin R. Reyes, Ph.D.

ABSTRAK

Napag-uusapan na ang tinatawag na *Boy Love (BL) Series* sa mundo ng digital entertainment o aliwang dihital sa Pilipinas pati na rin sa buong mundo. Nagsimula sa bansang Thailand ang ganitong serye na minsan ding tinatawag na Y series (yaoi) dulot na rin ng impluwensiya ng mangá ng mga Hapon at ng Korean Hallyu sa South Korea. Nang iere nito ang isa sa mga BL series nito na *2gether* ng GMMTV, kumalat ito na tila apoy sa larangan ng pandaigdigang pantelebisyon. Isa ang Pilipinas sa sumunod sa ganitong kalakaran. Marami nang naproduk ang Pilipinas na mga BL series at isa sa mga ito ang *Hello Stranger* ng Black Sheep. Tumutukoy ang pag-aaral na ito sa komparatibong analisis ng *2gether* at *Hello Stranger* upang mapagtibay ang pag-usbong ng BL at ang kabuluhan nito sa pagtanggap sa kasarian at sexual na oryentasyon sa lipunan. Babagtasin din dito ang posisyon ng BL sa industriya ng aliwan sa pamamagitan ng pagpapahayag ng dalawang lalaki, kapuwa may hitsura, kumikilos bilang mga tunay na lalaki na nahuhulog ang damdamin sa isa't isa upang

magmahalan. Anim na salik ang inilista upang maipaliwanag ang impluwensiya at impak ng mga BL series. Sa pamamagitan ng paghahambing, mabibigyan ng pakahulugan ang BL iba sa mga nakagawiang diskursong pambakla. Marami nang naisagawang pag-aaral tungkol sa mga usaping bakla subalit ang ipinagkaiba ng BL sa mga ito, nabuo ito sa perspektiba ng mga babae at para sa mga tagapagtangkilik na mga babae rin subalit nasasaklaw na rin nito ang lahat ng mga kasarian dahil sa taglay nitong impak at bagong perspektibo. Iba't ibang salik, pagkakatulad at pagkakaiba ang tatalakayin upang makita ang kinalalagyan ng BL bilang diskurso ng pagsusuri, kritisismo o interpretasyon. Maaaring maging paraan ang pag-aaral nito sa pagtanggap ng kultura ng kasarian, bakla man, o pagiging isang lalaki (sa usaping heterosexual o homosexual man) bilang isang bagong lapit.

Mga Susing Salita: *BL series, Homonormativity, Heteronormativity, LGBTQiA+, Bakla*

ABSTRACT

The genre referred to as the *Boy Love (BL) Series* is currently a hot topic of discussion in the Philippine digital world and in other countries as well. This genre, also referred to as *Y (yaoi)* series, emerged from Thailand owing to influences from Japanese mangá and the Korean Hallyu of South Korea. Following the broadcast of one of its main BL series, *2gether* in GMMTV last February 2020, BL spread like wildfire in the global television arena. The Philippines soon followed suit in the production of an array of BL series following this craze, including Black Sheep's *Hello Stranger*. This study focuses on the comparative analysis of the two BL series, *2gether* and *Hello Stranger*, to establish the emergence of BL and its current significance in gender and sexual orientation and appreciation in Philippine society. It will also situate BL within the entertainment industry as an alternative means of catharsis of two good-looking straight-acting men falling in love with each other. Six factors have been identified to explain the influence and impact of these BL series. The comparative analysis will also manifest the BL brand or trademark that distinguishes it from the more common and customary gay discourses. Various studies and critiques have been conducted on gay discourses, and what sets BL apart is that

while the genre was created and conceptualized from women's perspectives and intended to cater to female audiences, it ended up encompassing all genders due to the impact of its progressive perspective. Various factors, similarities and differences are discussed to locate BL series as a discourse for analysis, criticism, or interpretation. The study could serve as a bridge towards accepting gender, queer, or masculinity (heterosexually and homosexually speaking) culture as a new approach.

Keywords: *BL Series, Homonormativity, Heteronormativity, LGBTQiA+, Gay*

Isa sa malakas na bentaha sa *digital world* sa kasalukuyan ang tinatawag na *BL series* o *Boy Love Series* hindi lamang sa Pilipinas kung hindi sa ilang panig ng mundo. Interessante ang usapin pagdating sa paksang seksuwalidad at kasarian at mas lalo pang nakaagaw-pansin ang ganitong usapin simula nang maging bahagi ng aliwan ang mga pelikula o seryeng may temang Boy Love. Bagaman hindi na bago sa industriya ng telebisyon at pelikula ang usapin ng lalaki sa lalaki o bakla, nagkaroon ng bagong putathe ang aliwan dahil sa pagpasok ng mga temang ganito. Hindi na lang ito bahagi ng istorya bagkus ito na ang sentral na usapin sa kabuoan. Mula sa tipikal na ipinagbabawal na pag-ibig ng mayaman at mahirap, hinahanap na anak, away-pamilya na hinaluan ng politika, relihiyon, sakit at kung ano-ano pa, nabuhay at pinaigting ang kamalayan ng pagmamahalan sa LGBTQiA+. Napatunayan ito ng mga teleseryeng tulad ng *My Husband's Lover* (2013) ng GMA 7 at *Till I Met You* (2016) ng ABS-CBN.

Ganoon pa man, iba ang atake ng mga seryeng may temang *Lalaki at Lalaki* sa mga serye na ipinapalabas ngayon. Nahulmahan na ito ng termino na *BL*. Sa konteksto ng panonood ng mga Pilipino sa seryeng pantelebisyon, maaaring bago ang termino, luma na ang konsepto, subalit iba ang paraan ng pagsasagawa.

Pinagmulan ng mga BL Series

Nagsimula sa bansang Japan ang paggamit ng terminong BL. Buhat ito sa kanilang kulturang popular na mangá o *danmei* (na siyang tawag naman sa China) at may salin bilang *kagandahan* o *paghahangad sa kagandahan* (Uglycan 2020). Nagamit ang mga kuwentong erotikang ito ng nasabing bansa sa pagitan pa lang ng mga dekadang 1960-1970. Yaoi ang tawag sa mga ito na

tinatangkilik naman ng mga *fujoshi* o *napag-iiwanan* (*rotten girls*) (Tian 2020, 104). Noong mga panahong iyon, ipinanganak na ang ilang manunulat na babae pagkatapos ng giyera at nakakapagsulat na silá ng mga kuwento na may tema hinggil sa romantikong relasyon ng lalaki at babae.

Kalimitan, pangunahing karakter ang mga babae subalit dala na rin ng limitasyon sa karapatang pambabae sa lipunan noong mga panahong iyon, naisip ng mga manunulat na bumuo na lamang ng mga kuwento na lalaki at lalaki ang mga sentral na karakter. Silá ang mga hahalili sa pagpapahayag ng mga romantiko-erotikong ekspresyon.

Ang pag-ako bilang mga *tagapagtangkilik na napag-iiwanan* ay isang hakbang upang ipakita ang kanilang kultural na pagkakakilanlan at madalas niláng hindi pagsang-ayon sa hindi matibag na pang-unawa sa seksuwalidad at kasarian dulot ng *heteronormativity*. Bukod pa rito, dahil sa paglaganap ng kultura ng mga kabataan na bantog sa China, ang pagtingin ng mga *tagapagtangkilik na napag-iiwanan* bilang mga *napag-iiwanan* sa kulturang *napag-iiwanan* ay pursigidong tumanggap ng mga babaeng manonood upang magamit ng kanilang kapangyarihan. (Tian 2020, 105) (salin)

Naging malaganap ang pagbuo ng mga ganitong klaseng daloy ng kuwento at naisulat ang kauna-unahang mangá na tinatawag na *shōnen-ai* o ang pagmamahalan ng mga nagbibinata (Yukari 2020). Hindi lamang sa mangá nabubuo ang pagkonsepto sa mga BL series. Napapanood din ito sa mga maiiksing nobela, animé, mga video games, *fan art* at mga kathang-kuwento para sa fans (Zhao at Madill 2018, 436). Sa buong daloy ng pagsasalaysay nabubuo ang pagpapakahulugan nito bilang *pangkalahatang pagtukoy sa kagandahan, romansa at erotisismo na may kagyat na buhos ng pagkamaliw* (Uglycan 2020). Lumaganap ito hanggang dekada '80 hanggang sa marating na nito ang ilan pang bansa sa Asya. Hindi pa rin nawawala ang pagbuo ng mga ganitong tema ng kuwento sa kabila na may limitasyon pa rin pagdating sa usapin ng *homosexual*. Halimbawa na lamang sa bansang China, bawal ang mga *love scenes* ng lalaki sa lalaki sa kanilang mga dramang pantelebisyon. Mahigpit din sa South Korea na kulang pa sa mga batas hinggil sa diskriminasyon at seksuwal na representasyon.

Samantala, bumuo rin ng mga sulatin at kuwento ang mga grupo ng mga bakla at/o lalaki sa parehong tema at tinawag naman itong *Bara*.

“Rosas” ang ibig sabihin ng *Bara* sa Japan at matagal na itong salita ng pagyurak para sa Ingles na salitang “pansy” na direktang tumtukoy sa mga bakla. Muling inayos naman ng Japanese gay media ang salitang ito noong mga dekadang 1960–1970’s sa pamamagitan ng pelikulang *Funeral Parade of Roses (Bara no Soretsu)* na naging tanda ng mga pelikulang pambakla noong 1969 at higit pang sumikat ang salitang Bara dahil sa gay magazine na *Barazoku* (Rose Tribe) na nilikha ng isang lalaki na si Ito Bungaku noong 1971 (Peralta 2020). (salin)

Kung ihahambing sa Yaoi na mas romantiko at emosyonal, maliit lamang ang pagtanggap sa Bara na tinatalakay naman ang mga realidad sa tunay na buhay sa sitwasyon ng mga baklang lalaki partikular sa kanilang relasyon. Kung titingnan ang pinagmulan ng Yaoi, isang pagtakas ito sa malayang pagpapahayag noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig kaya’t napalitan ang paggamit ng mga sentral na karakter mula sa mga babae patungo sa mga lalaki. Naging matagumpay ang naratibo ng Yaoi dahil bukod sa ekspresyon, nakakabuo ito ng pantasya sa daloy ng mga kuwentong romantiko na normal lamang ang relasyong lalaki at lalaki o lalaki at bakla o bakla sa bakla at isang pagtakas naman ito buhat sa mga nangyayari sa lipunan. Kung gayon, isang matatag at malinaw na pundasyon ang Yaoi ng mga BL series na napapanood na sa kasalukuyan.

Isang paraan ng pagpapalakas ng puwersa ng pagkatao at identidad ang pagpapalabas ng mga ganitong tema sa lente o pananaw ng iba’t ibang kasarian, oryentasyon at pagkatao. Nagmimistulang instrumento ang mga BL series upang makamit ng mga babaeng manunulat at mambabasa o manonood ang kanilang pantasya sa ugnayang romantiko o seksuwal ng mga lalaki.

Umiiral din sa mga slash practice ang pagbibigay kritisismo mula sa mga samahán ng mga bakla pati na rin sa mga fan mismo ang pantasya sa mga ugnayang romantiko ng lalaki sa lalaki. Isang *subgenre* ng *fan fiction* ang slash. Ang ibig sabihin ng slash ay paggigiit na may namamagitan erotika

at romansa sa mga pangunahing lalaking bida.
(Tian 2020, 106) (salin)

Ganoon din ang pagpapatibay pa ng mas higit na ugnayang romantiko sa mga kalalakihan dahil mas napaiigting pa ang kuwento sa likod ng sa tingin ng iba kakaiba at hindi normal. Ganoon pa man, sa dami ng mga nagawang BL series noon o ngayon, nakasulat man o pinapanood, nailalarawan nito ang ekspresyon na nakakubli man noon subalit naitatampok na ngayon na sinusuportahan ng mga kababaihan at maging ng mga itinuturing na *straight* na mga kalalakihan. May talab ang bawat kuwento at nabuo ang higit na pagkilala at pagtanggap sa sitwasyong pag-iibigan ng lalaki sa lalaki.

Kaya't sa puntong ito, masusuri ang dalawang makabago sa kasalukuyang henerasyon ng mga BL series, ang *2gether The Series* ng Thailand at *Hello Stranger* ng Pilipinas bilang mga subjek sa pamamagitan ng komparatibong analisis sa nilalaman at pagsasagawa nito na nagkakamalay na sa homo-erotikong relasyon ng mga lalaki. Titingnan din ang mga seryeng nabanggit alinsunod sa kaugnayan nito sa kontemporaneong panahon mula sa mga salik ng kultura, teknolohiya, at adbokasiya.

Ang Pag-usbong ng mga Bagong BL Series

Mas higit na nagkaroon ng kamalayan sa disenyo ng BL series ang mga Pilipino nang i-upload ng GMMTV, isang kompanyang pantelebisyon sa Thailand ang kanilang *2gether The Series* na kinatatampukan nina Vachirawit Chivaaree bilang Sarawat at Metawin Opas-iamkajorn bilang Tine noong Pebrero 21, 2020. Hindi na bago sa industriya ng telebisyon sa Thailand ang pagpapalabas ng mga BL series. Kasabay ng mainit na pagtanggap sa Hallyu ng South Korea noong 1990's, binuhay muli ng Thailand ang kanilang sariling BL series. Binase rin ang konseptuwalisasyon sa Flower Four (F4) kaya't mas higit pang nakilala ang pagsulong ng genre ng BL series nang ipalabas ang mga pelikulang *Love of Siam* (2007) at *My Bromance* (2010). Sa pamamagitan ng mga ito, mas nabago pa nang higit ang *media landscape* ng naturang bansa. Naging isang malaking bentaha sa merkado ang pagkakaroon ng mga pelikula o seryeng may temang Boy Love subalit higit na mas lumawak ang pagtangkilik dito sa pamamagitan ng seryeng *Love Sick: The Series* (2014) at tuluyan nang naging bahagi ng Kulturang Popular sa Thailand ang mga ganitong serye (Lim 2020).

Anumang kultura ang pag-usapan, bahagi na ng sistema nito ang pagtanggap o hindi sa pagiging bakla. Sa kabila ng pagiging konserbatibo pa rin ng bansang Thailand, may bahagi sa kulturalisasyon nito ang pagiging bukas pa rin sa homoseksuwalidad lalo na at malawak ang industriya ng kanilang bantog na *red light district* sa Patpong. Noong Hulyo 2020, naaprobahan ng Thai cabinet ang panukalang *single partnership* na pumapayag sa mga magkakarelasyon sa parehong kasarian na mag-ampon ng mga bata na inaasahang maisasabatas ng Parliyamanto (Yukari 2020). Sa popularisasyon ng mga BL series, napaigting pa ang ugnayang romantiko ng kalalakihan. Ayon sa isang Thai political scientist na si Poowin Bunyavejchewin (2018), maituturing nang isang *bagong normal* ang ugnayang lalaki sa lalaki sa nibel ng romantikong pagkakaulayaw na sa kaniyang pagtatáya ay nagsimula pa noong 2008. Nang simulan ang mga seryeng *SOTUS* (2016) at *Together with Me* (2017), napapansin na nagiging malaya na ang ugnayang lalaki sa lalaki at nagiging bukás na ang kamalayan ng mga Thai sa romantikong aspekto ng lalaki at lalaki dahil nakikita nang naghahawakan ng mga kamay ang mga ito sa publiko nang wala nang pag-aalinlangan pa (Watson and Kirk 2018). Mas lalo pang lumakas ang ganitong obserbasyon dulot ng pagpapalabas ng seryeng *Dark Blue Kiss* (2019) dahil sa pagtalakay sa mga temang pagtanggap sa mga anak na lalaki na nagkakagusto sa kapuwa lalaki (pansinin na ito ang ginamit na pagtawag at hindi anak na *bakla*), pagtanggap ng pamilya sa pagkakaroon ng ganoong klaseng anak na malimit na hindi natatalakay sa mga tahanan, at ang pagkabit pa rin sa isyu ng *harassment* sa ugnayang lalaki sa kapuwa lalaki. Dahil sa tagumpay ng paglalalahad ng mga ganitong tema, mas naging komersiyal pa ang produksiyon ng Thailand ng BL series hanggang sa maitawid na sa aliwang Pilipino ang *2gether The Series* na malaon naging *Still 2gether*.

Batay sa streaming platform na GagaOOLala (2020), buo ang layunin ng mga BL series na targetin ang kamalayan ng mga tagapagtangkilik na makaminsan naikokonsidera pa rin bilang Yaoi.

Hindi na iba sa kulturang Pilipino ang pagkahalina sa mga banyagang panoorin na may iba't ibang tema. Nasimulan ito ng *Marimar* (Mexico noong 1994), *Meteor Garden* (Taiwan noong 2001), *Jewel in The Palace* (South Korea noong 2003), at *Lovers in Paris* (South Korea noong 2004). Iba't ibang putahe na ang dumaan sa panlasa ng mga Pilipinong manonood dahil maaaring mula sa kanilang nakasanayang tipikal na soap opera o teleserye, nabibighani silá ng istorya, teknikalidad/produksiyon at kultural na impak na nakikita nilá sa mga umusbong na seryeng ito. Subalit sa

pag-unlad ng teknolohiya sa panahong ngayon, malaking bagay muli ang pagtangkilik sa pagpasok ng mga seryeng buhat naman sa Thailand para sa telebisyonang Pilipino. Noong 2018, sumugal ang GMA 7 sa pagpapalabas ng isang Thai romantic comedy na *You're My Destiny* subalit hindi ito gaanong naging matagumpay. Nang dumating ang unang bahagi ng 2020, nabaling ang atensiyon ng mga manonood lalo na ang mga netizen sa pagkilala sa isang bagong seryeng BL sa Thailand, ang *2gether The Series*.

Buod ng 2gether The Series at Still 2gether

Istorya ito ng dalawang estudyanteng sikát dahil sa kanilang hitsura sa kanilang unibersidad. Ang isa, *chickboy*, si Tine at ang isa naman, misteryoso ang pagkatao, si Sarawat. Dahil may nangungulit na isang bakla kay Tine, naisip niyang maghanap ng isang magpapanggap na boyfriend upang matigil na ang pangungulit nito. Noong una, hindi pumayag si Sarawat subalit nang lumaon, hindi lamang pagpayag ang nangyari. Iyon pala, lingid sa kaalaman ni Tine, nakita na siya ni Sarawat noong panahon na sila'y junior highschool pa lamang nang magkonsiyerto ang Scrubb, ang paboritong band ni Tine sa kanilang unibersidad. Mula noon, hinanap na ni Sarawat si Tine hanggang sa dumating ang pagkakataon na lumapit na nga ito sa kaniya para sa isang pabor. Noong una, asiwa pa si Tine sa pagpapahayag ng tunay na nararamdaman ni Sarawat sa kaniya subalit hindi na rin niya namamalayan na nahuhulog na rin pala ang kaniyang kalooban dito. Humantong sila sa *live-in* subalit hinamon ang kanilang halos perpektong relasyon nang makita ni Tine na tila magkasama at magkayakap sina Sarawat at ang kaniyang ex-girlfriend na si Pam. Dahil dito, bumagsak ang mundo ni Tine at nakipaghiwalay kay Sarawat. Subalit nang magkaroon ng isa pang konsiyerto sa kanilang campus na kumanta si Sarawat, muli itong nagpahayag ng damdamin kay Tine hanggang sa sagutin na niya muli ito at naging sila muli.

Sa *Still 2gether* naman, ipinakita lamang ang pamumuhay ng magkasintahan bilang magka-live-in partner subalit muli itong hinamon dahil sa pag-alis ni Sarawat ng mahigit dalawang linggo upang magsanay para sa kanilang konsiyerto. Labis na ikinalungkot ito ni Tine subalit inisip na lamang niya na para rin ito sa kaniyang minamahal na si Sarawat. Nang matapos ang konsiyerto, muling pinagsaluhan ng dalawa ang init ng pagmamahalan sa isa't isa.

Ang impluwensiya ng *2gether The Series* sa mga manonood na Pilipino

Napanood ang *2gether* sa Pilipinas sa pamamagitan ng *streaming application* na iWant at *cable channel* na Kapamilya Channel ng ABS-CBN. May iba't ibang sangkap kung paano masasabing matagumpay ang mga BL series. Isa rito ang pagluklok sa mga sentrong tauhan bilang mga *Cute Boys*, *Sexy Boys* o *Cool Boys* (Prassanam 2019, 64). Matibay ang suporta sa ganitong mga serye ng mga manonood at kung paano nito nabubuo ang kanilang pantasya pagdating sa romantikong aspekto na siyang pangunahing tema ng kuwento. Nabibigyan silá ng inspirasyon ng mga tauhang guwapo at naghahayag ito ng kilig kapag nagpapakita na ng kanilang nararamdaman ang bawat karakter. Wala rin namang pagkakaiba ang ganitong klase ng pagturing noong kasagsagan ng F4 ng *Meteor Garden*, sa bersiyon man ng Taiwan o South Korea (2018). Iyon nga lamang, *straight men* ang karakter ng mga ito na nahuhumaling sa mga simpleng babae. Tinitingnan nilá ang bentaha ng hitsura ng mga bida bilang malaking salik kung bakit nilá nasusundan ang mga ganitong serye. Iyon ang sumasagi sa kanilang kamalayan at nagbibigay-kulay sa imahinasyon nilá sa kanilang sariling pagpapakahulugan ng pag-iibigan. Sa kaso ng *2gether*, guwapo ang mga bidang lalaki na sina Tine at Sarawat, at ito marahil ang malaking salik kung bakit naging matagumpay ito dahil nabibigyan ng sapat na pantasya ang mga manonood na ang wagas na pagmamahalan hindi lamang sa mga magandang lalaki at babae kundi pati na rin sa sa mga lalaki at lalaki.

Ang paglitaw ng mga Pinoy BL series

Nang nagkaroon ng pagkakataon ang mga manonood na Pilipino na matunghayan ang mga BL series, naging malaking bentaha ang *2gether The Series* sa kabila na hindi ito naiere sa lokal na network ng telebisyon. Sa YouTube Channel lang ito ng GMMTV na-upload at pinanood subalit unti-unting nakakuha ng maraming views at naging trending sa Twitter. Subalit nabili naman ng ABS-CBN ang karapatang-sipi para maipalabas ang dalawang seasons nito at sabay na ipinapalabas ang *subtitled* at *dubbed* sa Filipino sa kanilang cable channel at streaming applications. Mula pa noong Mayo 2020, marami nang nagawang BL series tulad ng *Gameboys*, *Sakristan*, *My Day*, *My Extra Ordinary*, *In Between*, *Quanranthings*, *Oh Mando!*, *Ben X Jim*, *Amore*, *Gaya sa Pelikula*, *Lockdown Series* at ang seryeng susuriin sa pagtalakay na ito, ang *Hello Stranger*. May mga ginawa ring pelikula tulad ng *My Lockdown Romance* (2020) at *The Boy Foretold by the Stars* (2020) na gagawin na ring isang serye.

Marami pang nakalinya na lalabas sa iba't ibang digital platforms dala na rin na ito ang genre na tinatangkilik ngayon. Napili ang nasabing serye sapagkat ito ang isa sa may pinakamalawak na sakop simula nang iere ito noong Hunyo 2020 sa pamamagitan ng Black Sheep, isang subsidiary ng ABS-CBN Digital. Napanood ito sa pamamagitan ng YouTube, Facebook at iWant TFC. Ito rin ang itinuturing na may pinakamaraming views na umaabot sa 15 milyon, kombinasyon ng YouTube at Facebook. Sa unang dama sa *Hello Stranger*, direkta itong pagsunod ng genre dulot ng *2gether The Series*. May mga tinatawag ding *gay-themed movie* na direktang inilalahad hindi lamang ang romantikong aspekto ng relasyong lalaki sa lalaki kundi pati na rin ang sexual na kaugnayan ng mga ito. Ilan sa mga halimbawa nito ang mga sinaunang digital movie noong 2000's tulad ng *Ang Lalaki sa Parola* (2007), *Daybreak, Serbis*, at *Ang Lihim ni Antonio* (2008). Mapangahas ang mga nabanggit sapagkat naituturing ito bilang mga *indie movies* at higit pa sa temang ugnayang lalaki at/sa lalaki dahil sa mga masidhing eksplorasyong seksuwal nito. Samantala, mapangahas na ring maituturing ang *My Husband's Lover* na bagaman hindi gaanong katapang, iniba naman nito ang inaasahan ng mga manonood buhat sa mga estereotipikong banghay ng mga teleserye bukod pa sa katotohanan na una ang ganitong tema para sa isang *prime time television series*.

Buod ng Hello Stranger

Simple ang atake ng nasabing serye, tumakbo lamang ito ng 25 minuto sa 8 episodes. Istorya ito ng mga magkakaibigan na sina Kookai, Seph, at JunJun sa pangunguna ni Mico na isang scholar at may pagka-*nerd* ang datingan na naghahanda sa kanilang online project sa eskuwelahan. Subalit nag-iba ang kanilang plano nang biglang lumapit sa grupo nilang magkakaibigan/magkaklase si Xavier, isang varsity player. Siya ang ipinaris kay Mico ng kanilang propesor upang matulungan itong maiahon ang kaniyang nababagsak nang mga marka. Tinulungan naman siya ni Mico subalit naging paraan din ito upang mamuo ang kakaibang ugnayan ng dalawa. Naging malapit silá sa isa't isa at nag-uusap hindi lamang para sa school project kundi pati na rin sa iba pang mga bagay lalo na ang pagiging konsern at sweet nilá sa isa't isa. May girlfriend si Xavier, si Crystal, subalit unti-unting nagkakalamat na ang kanilang relasyon kasabay ng pagkakahulog ng kaniyang damdamin kay Mico at si Mico sa kaniya. Umaasa si Mico na susuklian din ni Xavier ang kaniyang nararamdaman kaya humantong na rin ito sa pag-amin niya sa kaniyang mga kaibigan na hindi siya *straight* na lalaki kahit gustong-gusto siya ni Kookai.

Nakikiramdaman silá sa isa’t isa hanggang sa magdesisyon si Xavier na putulin na ang kanilang relasyon ni Crystal. Dahil dito, nagkasundo siláng magkita na nang tuluyan sa tulong ng kaibigan ni Mico na si JunJun. Nang magkita, nagkaaminan at doon binuksan ang kanilang tunay na nararamdaman sa isa’t isa. Naging silá sa kabila ng pag-aalinglangan. Pagkaraan lamang ng ilang buwan, nito lamang Pebrero 2021, nagdesisyon ang prodyuser ng serye na i-extend ito bilang isang pelikula.

Komparatibong Analisis ng 2gether at Hello Stranger

Sa laki ng bentaha na nagagawa ng mga BL series sa industriya ng aliwan sa kasalukuyan, unti-unting namumulat ang mga manonood sa mundo at sikolohiya ng mga temang lalaki at/sa lalaki. Sa pagtunghay sa mga subjek na serye, lumalabas ang ilang sitwasyon at salik na nakapaloob sa dalawang ito:

	2gether The Series	Hello Stranger
1. School-based ang setup	Nasa campus	Online (nasa konteksto ng pandemya)
2. Katauhan ng mga Karakter	Straight na lalaki ang pakilala sa bawat sentral na karakter. Si Tine, chickboy. Si Sarawat, campus crush subalit introvert.	Straight na lalaki ang pakilala kay Xavier dahil isa siyang varsity basketball player (estereotipiko). Sa una, hindi pinag-uusapan ang katauhan ni Mico at straight na lalaki pa ang pagkakaalam sa kaniya ng ibang tauhan (umamin sa kaniya ang kaibigan niyang babae na gusto siya) subalit sa huli nahulog na rin siya kay Xavier.
3. Konsepto ng pag-tanggap sa pagkatao at relasyon	Hindi isyu ang relasyong lalaki sa lalaki nina Tine at Sarawat. Kahanay lamang nito ang pakikipagrelasyon ng isang lalaki sa isang babae.	Bagama't noong una, itinatago ni Mico ang kanyang pagkatao. Nang ihayag niya ito, maluwag itong tinanggap ng kanyang mga kaibigan at wala man lang kuwestiyon o pagkagulat.
4. Role-playing	Si Sarawat ang may gusto mula pa sa umpisa kay Tine na napakaraming girlfriend ang pagpakilala. Subalit nang magkarelasyon na sila, maihahambing ang konsepto ng pag-aalaga ni Sarawat kay Tine sa pag-aalaga ng isang lalaki sa babae. Siya ang sumusuyo lalo na sa mga eksenang nagli-live-in na sila.	Malinaw ang ugnayan kina Xavier at Mico. Si Mico ang may personalidad na malambot at mahina at si Xavier ang dominante sa pagpapakilala sa kaniya bilang isang varsity player.

5. Instrumento ang teknolohiya sa pakiki-pagrelasyon	Maigting ang paggamit ng mga social media bilang pangunahing ugnayan ng posisyon ng mga karakter sa pagpapakilala sa kanilang pagkatao o nararamdaman. Halimbawa na ang Instagram.	Sa Group/Video Chat nabuhay ang daloy ng pag-uusap ng mga karakter. Sa online chat din nagsimula ang pagkakahulog ng damdamin nina Xavier at Mico. Natuldukan lamang ang online setup nang personal na magkita nang personal ang dalawa sa dulo ng serye.
6. Ugnayan	Musika ang naging daan o tulay sa pag-iibigang Tine at Sarawat.	Panulaan ang naging dahilan sa pagkakahulog ng damdamin nina Xavier at Mico.

School-based ang Setup

Sa unang paghahambing, hindi na ganong kahirap unawain kung bakit may komon na school setup sa dalawang nabanggit na BL series. Hindi na bago ang pananaw ng mga GenZ sa kasalukuyan sa oryentasyong seksuwal. Siláng mga nag-aaral ang may pinakamalikot na imahinasyon at pagtanggap sa ibang seksuwalidad maliban pa sa nakagisnan. Isa sa mga katangian ng mga GenZ ang pagiging mapaglaro hindi lamang sa mundong kanilang ginagalawan kundi pati na rin sa kanilang pagkatao. Nagiging mapusok silá at mapamaraan. Hindi isyu ang seksuwalidad o ang pagtanggap o kaalaman sa seksuwalidad. Mas maluwig ang kanilang pananaw sa ibang kasarian.

Ayon sa ulat ng isang ahensiya tungkol sa mga pagtetrend sa social media, ang J. Walter Thompson Innovation Group, 48% lamang ng mga GenZs and umaaming heterosexual sila kung ihahambing sa sa 65% ng mga Millenials na nása edad na 24-31. Sa pagitan ng 0-6 kung saan ang 0 ang maituturing na “ganap na *straight*” at 6 ang maituturing na ganap na “homosexual”, higit sa 1/3 ng mga sumagot ang namili sa pagitan ng mga bilang na 1-5 na ang ibig sabihin, maituturing sa ibang banda silá bilang mga bisexual. (Tsjeng 2016) (salin)

Maaaring malaking impluwensiya ang kasalukuyang *generation setup* sa pagtanggap sa katauhan ng isang tao. Sa pag-unlad ng panahon, nagiging mas maluwig at katanggap-tanggap taliwas sa nakasanayan. Sa mga GenZ, ang eskuwelahan ang alternatibong mundo at dito nahuhulma hindi lamang ang kaalaman kundi ang kamulatan sa pagkatao. Sa isa pang pag-aaral isinasaad ang ganito:

Sa panahong nagbabago ang mga Generation Z, may mga patuloy na pagbabago rin sa lipunan na maluwag nang tinatanggap ang iba't ibang mga gawi at identidad. Isa sa mga salik na higit na nagbago ay ang tumataas na bilang ng pagtanggap ng mga magkakarelasyon sa parehong kasarian lalo na sa mga bansa sa Silangan. (Duffy et al. 2018) (salin)

At dahil patunay nga na mga nag-aaral ang karamihan sa mga GenZ, nagiging kanilang mundo kung hindi man, alternatibo ang eskuwelahan upang higit pa niláng makilala ang kanilang pagkatao. Ito ang lumabas sa kuwento nina Sarawat at Tine. Ang mga *school activities* ang naging daan upang magkakakilanlan silá. Bagama't sa una, hindi ito batid ni Tine, naniniwala silá na ang pagkakataon na ang gumawa ng paraan upang magkrus muli ang kanilang landas. Malaya ang paggamit sa mga tagpuan sa *school campus* lalo na ang pagiging aktibo sa mga *student organizations*. Hindi na kailangang patunayan pa subalit bukod sa pag-aaral at makakuha ng diploma, ang *co-curricular* at *extra-curricular activities* ang nagiging daan upang mas makilala pa ng mga estudyanteng GenZ ang kani-kanilang mga sarili. Sa sitwasyon naman nina Xavier at Mico, kung hindi pa dahil sa lockdown, hindi magkakaroon ng mas maigting pang ugnayan ang grupo nina Mico (Young Padawans kung tawagin) at ang pagpasok ni Xavier sa kanilang mundo hindi bilang isang nakabibiglang pangyayari kung hindi isang pangkaraniwan lamang dahil masasabing isang katangian din ng mga GenZ ang akomodasyon sa kanilang espasyo.

Ilan pa sa mga BL series na na may school setup bukod sa mga nauna nang *SOTUS* (2016) ang *The Shipper* (2019), *Dark Blue Kiss* (2019), *Come To Me* (2019), at *Theory of Love* (2019). 2021 nang maglabas ang Thailand ng isang non-campus based BL sa pamamagitan ng *A Tale of Thousand Stars*. Sa kaso naman ng Pilipinas, bukod sa *Hello Stranger*, naririyang ang pelikulang *The Boy Foretold by the Stars* (2020) na gagawin nang serye sa 2021, *Oh, Mando* (2020), *My Extraordinary* (2020), at iba pa. Pero nauna na rito ang isang pelikula noong 2016 ang *2 Cool 2 be 4gotten*.

Katauhan ng mga Karakter, Konsepto ng Pagtanggap sa Pagkatao at Relasyon at Role-playing

Sa ikalawa, ikatlo, at ikaapat na paghahambing, may

estereotipikong pagpapakilala na sa mga tauhan ng mga bakla sa mga seryeng pantelebisyon o pelikula. Inilalarawan silá bilang mga maharot o parlorista (*faggot*), kinukutya ng magulang o ng lipunan, kaibigan ng bida o tampulan ng komedya. Sa Pilipinas, isa ang pagkabakla sa mga elemento ng komedya o pagpapatawa sa entertainment. Ilan sa mga elemento pang ito ang katangahan (*ignorance*), kabalintunaan (*ironic situation*), at pisikal na anyo (*body and face shaming*). Makikita ang mga elementong ito sa mga *toilet humor/slapstick comedy* ng mas maraming pelikula o serye sa Pilipinas. Sa pagpasok ng mga BL series, unti-unti nang nabibigyan ng ibang bihis ang paggamit sa pagkatao nito sa mga karakter. Marahil, impluwensiya na rin ng kapangyarihan ng LGBTQiA+. Dahil sa udyok nito, nagiging matapang ang mga manlilikha ng mga BL series at ang palagiang exposure ng mga palabas o serye nito sa lahat ng anyo ng aliwan o media. Nagkakaroon ng kaganapang pagtanggap, kung hindi man, pangkaraniwang tanawin na lamang ng mga pagiging homoseksuwal. Dito pumapasok ang tinatawag na *Cultivation Theory*.

Sinusuri ng *Cultivation Theory* ang mga epekto ng isang pangmatagalang pagbababad sa telebisyon. Ang katotohanan sa mga representasyong homoseksuwal, ang pagiging homoseksuwal sa positibo o negatibong pamamaraan sa telebisyon ay nakakapagpanibago sa kaisipan ng mga manonood na isa itong normal, kakaiba, may dulot na problema o wala, madalas o hindi na tanggap sa nilalaman. (Gonta, *et al.* 2017, 24) (salin)

Dahil sa talamak na paggamit na ng tema ng BL na pagbibigay-fokus sa mga lalaki na umiibig sa kapuwa lalaki, nagdudulot ito ng normal na pagsagap na maaari pa lang mangyari ang ganoon bilang representasyon ng isang realidad kahit nakakubli ito sa pamamagitan ng isang palabas lamang. Nagiging adbokasiya na rin ang mga palatuntunang ito upang ihatid ang mensahe na hindi lamang ng kultura ng pagtanggap kundi sa kultura na rin ng pagyakap sa kung ano pa ang tinatawag na likás. Sa lawak ng impluwensiya ng media at social media na gumagamit ng mga temang BL, unti-unti nang lumuluwag ang pagtahak sa pagpapatatag ng mga seryeng ganito ang tema.

Iminumungkahi ng *Cultivation Theory* na ang panonood ng telebisyon ay nakakapang-impluwensiya sa mga pag-uugali o paniniwala ng

mga manonood sa pamamagitan ng pagpapaniwala sa mundo ayon sa ipinapalabas ng media na napapanood ng higit na nakakarami bilang totoong repleksiyon ng realidad. Iminumungkahi ang palagiang panonood nito upang makalikha ng mga pinagsamang pananaw at mga inaasahan hinggil sa tunay na pangyayari sa lipunan maliban na lamang sa mga hindi pumapansin dito. (Fisher, *et al.* 2007, 3) (salin)

Nangyari na ito sa *2gether*. Dito makikita na kung paano mistulang isang normal na hain na lang ang ugnayan ng dalawang lalaki na malaon nagiging magkarelasyon na.

Bakit sikat na sikat ito ngayon nang ganon na lamang? Ang seryeng *2gether* at iba pang BL series ay nagpapakita sa mga bakla kung ano ang wala sila noong panahon na nag-aaral sila; mga kaibigang lalaki at bakla nang ganoon na lamang ang suporta sa kanila. Ito, at ang mga nakapalibot dito na tinitingnan ang mga gawaing homoseksuwal bilang kakaiba o sa isang Katolikong bansa tulad ng Pilipinas bilang isang kasalanan. Ipinapakita ng serye na ang homoseksuwalidad ay normal lamang tulad ng paghinga at masarap ang mabuhay kung gagawa ka ng kakaiba. At itong seryeng ito na ang mga baklang tauhan ay hindi kailangang mamatay o maghirap dulot ng trahedya. (Remoto 2020) (salin)

Dahil sa ganitong mga indikasyon, maiintindihan na kung gayon kung bakit ganoon na lamang inilarawan ang mga tauhan na kumikilos na parang lalaki at babae lamang na nagmamahalan. Mapapansin na sa una, tila isang pagkukunwari lamang ang paghahanap ni Tine ng isang *boyfriend* subalit lumaon, hindi niya alam na siya pala ang hinahanap ni Sarawat nang magkita silá sa unang pagkakataon sa isang school concert noong high school pa lamang silá. Sa estereotipikong paniniwala, si Sarawat ang matatawag na *bakla* dahil siya pala ang may pagnanasa kay Tine. Sa unang bahagi ng serye, iba't ibang babae ang idine-date ni Tine. Subalit nag-iba ang pagpapakilala sa bawat tauhan nang mag-*live in* na silá. Si Tine ang may pag-ako na inaalaan (na karaniwang papel ng mga babae) at si Sarawat ang dominanteng nag-aalaga (na karaniwang papel ng mga lalaki). Maaari ring tingnan ito sa aspekto na kaya nagkaroon ng ganoong estilo sapagkat si Sarawat

naman talaga ang unang may gusto kay Tine kaya't nang nabigyan siya ng pagkakataon, ibinuhos na niya ang lahat para rito. Sa usapin naman ng *role-playing*, masasabing si Tine ang nása papel ng isang babae sa kabila ng unang pagpapakilala sa kaniya bilang isang babaero. Lubos ang pag-aalaga ni Sarawat sa kaniya dahil siya ang unang nakapansin kay Tine. Sa ganitong presentasyon lumalabas na natatalakay ng BL ang ugnayang ng mga lalaki sa/at lalaki nang may kalayaan.

Sa pangkalahatan, tintingnan ang relasyon ng mga bakla at ng mga heteroseksuwal bilang magkapareho lamang ng nararating pagdating sa usapin ng masidhing pakikipagrelasyon. Karagdagan pa, higit na mas nagkakaroon ng kaligayahan sa pakikipagrelasyon, ayon sa mga nakalap na ebidensiya, ang mga relasyong malaya sa isa't isa o *egalitarian* kaysa sa mga may papel sa relasyon na kinabibilangan. (Merecek, et al. 1982, 48) (salin)

Isang lalaki na gusto rin ang kapuwa lalaki ang konsepto ng pananaw ng relasyon sa mga BL series. Ganon pa man, makikita pa rin ang posisyon na kinabibilangan ng bawat tauhan at kanilang papel sa kanilang relasyon. Sa konteksto ng *2gether*, nagkataon lamang na malakas ang pagpapakilala sa katauhan ni Sarawat subalit si Tine na isang babaero ang siyang kaniyang inaalagaan. Sa usapin naman ng *Hello Stranger*, bagaman matatag ang pagpapakilala kay Xavier bilang estereotipikong lalaki dahil isa siyang varsity player, hindi maipagkakaila na nahulog pa rin ang kaniyang damdamin kay Mico. At si Mico, hinintay pa niya na mahulog siya sa kaniyang nararamdaman kay Xavier bago niya ihayag nang buo ang kaniyang pagkatao lalo na sa kaniyang mga kaibigan. Iyon nga lamang, kung mapapansin, walang halong pagkagulat o pagkuwestiyon man lang ang naging reaksiyon ng mga kaibigan nito sa kaniyang pag-amin. Hindi naging parusa para sa kaniya ang pag-amin. Sa katunayan, gusto pa nga siya ng isa niyang kaibigang babae na si Kookai. Kabaligtaran ito sa mga nakasanayang mga serye dahil isang malaking isyu ang pagtanggap at pag-amin ng isang bakla sa kaniyang pagkatao. Dito ngayon makikita na hindi ganoon sa mga GenZ. Paglalarawan ito kung anong uri ng pagkatao ang mayroon silá.

Lumalabas ang usapin dito ng *Homonormativity* o ang pagtingin sa argumentong mahalintulad ng mga homoseksuwal ang kanilang estado sa estado ng mga heteroseksuwal. May tatag na ng loob ang mga homoseksuwal na angkinin ang kanilang posisyon sa lipunan at mabigyan ng puwang o espasyo sa makitid na mundo na ginagalawan ng mga heteroseksuwal.

Nagbibigay ng isang kapaki-pakinabang na paraan upang mapuna ang nakasanayang heteronormativity ang homonormativity. Sa umpisa, iba-iba talaga ang pakahulugan sa mga pagkakaiba-iba ng homonormativity. Ganon pa man, nagbibigay pa rin ang homonormativity ng puwang upang punahin ang heteronormativity sa mundong ating ginagalawan. (Bolen 2016, 543) (salin)

Ganoon ang perspektiba ng mga BL series. Wala nang isyu sa paghagilap o pagpapahirap sa pagtanggap. Sa halip, iyong koneksiyon na lamang kung paano mapag-iisa ang kanilang mga nararamdaman. Tapos na ang isyu kung suliranin pa ba ito sa lipunan o hindi. Hindi na external ang pinag-uusapan. Mas hayag ito sa *2gether* na talagang mararamdaman na wala kahit na anumang pag-aalinlangan ang nararamdaman sa paligid ng mga sentral na karakter. Mula sa pamilya, kaibigan, kaklase o sa mga ordinaryong taong kanilang nakakasalamuha. Sa katunayan, sa seryeng nabanggit, makikita na hindi lamang sina Sarawat at Tine ang may relasyon, ganoon din ang kani-kanilang mga kapatid at kaibigan. Walang patlang at iisa ang linyang itinatahak. Doon marahil sinasabi na panalo nga ang pagmamahalan.

Malakas ang loob ng grupo ng mga bakla at tomboy na pinagkaitan sa pagpahayag ng kanilang karapatang seksuwal gaya ng mga heteroseksuwal maliban na lamang sa kanilang pagkaulayaw sa kapuwa nila nagugustuhan o sa kanilang karelasyon. Nais ipaglaban ng mga grupong ito ang kanilang mga nais gawin, nakasanayan, pananatili sa isang kinakasama lamang, kasal, pamumuhay sa isang bubong at pagkakaroon ng anak. (Robinson 2016, 1) (salin)

Instrumento ang Teknolohiya sa Pakikipagrelasyon

Sa ikalimang paghahambing, lubos na masasabi kung paano nagamit ang teknolohiya sa teknikal na aspekto at daloy ng kuwento. Dahil na rin sa kasalukuyang sitwasyon, nagmistulang migrasyon mula sa nakasanayang mga teleserye ang paglipat sa *digital viewing* partikular na sa *YouTube* at sa iba pang *streaming applications*. Nagiging di-hital man subalit naroroon pa rin ang sinaunang nakasanayan ng pagsubaybay o paghihintay ng susunod na mga kabanata o pangyayari tulad ng sa komiks noon. Hindi titigil hangga't hindi nararating ang wakas. Kung sa mga nakasanayang teleserye na inaabot ng taon bago umabot sa kongklusyon, sa sitwasyon ng *digital viewing*, hindi alintana ang *one time payment* o puyatan matapos lamang ang mga *canned* na BL series. Kung gayon, ang kaparaanan lamang ang nagbago at hindi ang pagsuporta at pamamaraan sa panonood dito.

Sa kuwento ng *2gether*, mapapansin, sa unang season, naging simple lamang ang naging komplikasyon. May elemento pa rin ng selosan kung saan dumating sa buhay nina Tine at Sarawat ang *higschool friend* ng huli na si Pear. Nagkaroon ng hindi pagkakaunawaan, nagkahiwalayan subalit nagkaayos at nagkabalikan. Sa ikalawang season, walang matinding suliranin, pinahaba lamang ang pagpapakita ng tamis ng pagmamahalan ng dalawang lalaking nag-iibigan. Sa katunayan, simple lamang ang naging problema nilá, nagkahiwalay silá ng halos dalawang linggo upang magsanay si Sarawat ng kanilang tutugtugin sa isang *music fest* sa malayong lugar. Lyon lamang at na-miss na nilá ang isa't isa. Ganon lamang. Nagkaroon din ng mahabang *exposure* ang mga karakter na may karelasyon ding iba. Napagtibay nito kung paano pinanindigan ng *2gether* ang pagiging BL nito.

Sa panig naman ng *Hello Stranger*, nasa konteksto ang produksiyon sa *new normal* dahil sa pandemya. Kinuha lamang ang eksena sa kani-kanilang mga bahay at ginamitan ng mahika ng editing at nabuo na ang 8 episodes. Sa pag-ere naman, kung sa pamamagitan ng GMMTV ng Thailand napapanood ang *2gether*, sa pamamagitan naman ng pag-upload nito sa *YouTube* ang *Hello Stranger*. Kinonteksto talaga ang serye una bilang pagsunod sa genre ng *2gether* at pangalawa bilang sagot sa pagkabagot dulot ng pandemya.

Sa usapin ng daloy ng istorya, mas tumindi pa ang pagpupursigi ni Tine kay Sarawat na magpanggap na kaniyang

boyfriend dahil sa pagkakaroon nito ng fan page na maraming babaeng *followers*. Mistulang isa siyang artista na sinusundan ang bawat kilos, binabantayan ang mga galaw kahit personalan na. Dahil dito, mas lalong tumindi ang kaniyang kagustuhan na makuha ang loob ni Sarawat dahil hindi siya pinapansin nito. Subalit nang lumipas na ang mga araw, napapansin ni Tine na nakabubuo na ng kaniyang sariling Instagram account ang dating wala na si Sarawat. Sa pamamagitan nito, doon ipinopost ni Sarawat ang kaniyang emosyon at ligaya para kay Tine. At ito ang naging paraan upang ipahiwatig ni Sarawat ang tunay niyang nararamdaman hanggang sa magkatuluyan na silá. Napilitan naman siláng mag-*vlog* sa ngalan ng pagpo-*promote* ng kani-kanilang mga student organizations. Music Club para kay Sarawat at Cheering Team naman para kay Tine. Nagiging bahagi ang ganitong aspekto ng pagbuo ng pantasya ng mga tagapagtangkilik tulad ng sa *Meteor Garden* noon na bumalikwas lamang at naging BL na ngayon. Naihahatid ng BL series ang ninanais na mangyari ng mga manonood sa kabila na hindi lalaki at babae ang mga sentral na karakter.

Sa *Hello Stranger* naman, dahil naka-lockdown ang eksena, sa online video conference nakabase ang lahat ng ugnayan lalo na ang pagkakamabutihan-loob nina Xavier at Mico. Malinaw na sa pamamagitan lang ng video chat or video conference, nahulog, nagkamabutihan, nagkatampuhan, nasaktan at tuluyang nagmahalan ang mga tauhan.

Nagdudulot ang internet ng walang anumang paghuhusga at kadalasan ito ang nagsisilbing kanlungan ng mga grupong naghahanap ng kalayaan sa pagpapahayag ng isang lipunang bukás sa mga puna ng mga nakalakihang paniniwala sa buhay. Totoo ito sa kaso ng mga bumubuo ng LGBT. Isang ligtas na paraan ang internet para sa pakikipag-ugnayan sa iba na katulad nilá, kung gayon, pinalalakas nito ang paraan ng mga LGBT na maghanap ng mapag-uugnayan. (Curry 2012, 3) (salin)

Maaaring daan lamang ang teknolohiya o ang internet upang higit na mapaigting pa ang nararamdaman ng bawat isang sangkot sa pag-iibigan sa serye. Maraming social media applications ang ginagamit ngayon upang masidhing magkakakilanlan ang dalawang tao, lalaki at babae, lalaki at lalaki o babae at babae man. Sa ganitong paraan nagiging madali ang kilanlanan, pagkahulog at pagkabuo ng mga emosyon. Nagiging unang hakbang ang

social media sa pagkakamabutihan ng bawat isa. Ito kasi ang paraan ngayon, ito ang daan sa mas matibay na komunikasyong nakikilala ang bawat isa. Sa mga seryeng BL, ito ang pangunahing instrumento na nag-uugnay sa ibang nibel ng unawaan. Ayon sa pagpapakahulugan, isa itong *puwang kung saan nagsisimula ang mga homosexual relationship* (Curry 2012, 5).

Ugnayan

Sa panghuling korelasyon, nagamit ang mga manipestasyon ng sining upang mas maging makulay pa ang mga kuwento ng BL. Malinaw na malinaw sa *2gether* kung paano nagamit ang musika sa ugnayan ng dalawang lalaking nagmamahalan. Sa isang concert nabuksan ang pagkakataon ni Sarawat upang makita si Tine. Nawala. Hinanap. Lumipas ang ilang panahon, akala niya hindi na niya muling makikita ito hanggang sa dumating ang araw na si Tine na ang gumawa ng paraan upang muli silang magkita. Sa umpisa, walang motibo si Tine kundi upang takasan lamang ang inis niya sa baklang nangungulit sa kaniya subalit lumipas ang panahon, umamin na rin siya sa kaniyang nararamdaman. Nang maging silá na ni Sarawat, musika ang pundasyon ng kanilang relasyon. Ito ang kanilang koneksiyon. Ito ang kanilang komunikasyon. Kapag naglalambingan ang isa't isa o nagkakatampuhan, musika ang kanilang nagiging ugnayan. Malaki ang paghanga ni Tine sa lokal na bandang Scrubb. Ito ang nagpabago ng kanyang pananaw sa pakikipag-ibigan.

Sa punto naman ng *Hello Stranger*, panitikan o tula ang ugnayan ng dalawa. Dahil naging online ang moda ng klase dulot ng pandemya, isa sa mga naging kahingian sa subjek niláng Panitikan ang pagpapares sa bawat isa at presentasyon ng interpretasyon para sa isang tula. Makailang linggo din ang kanilang pag-uusap at pagsasanay kung kaya't umabot ito sa pagkakamabutihang-loob. Sa kanilang binasang tula hango kay Benilda Santos inilarawan nito ang kanilang nararamdaman sa isa't isa. Naging daan ang pagpapares nilá sa interpretasyon ng tula upang mahulog sa isa't isa.

Sa dalawang BL series na ito, makikita ang tingkad ng romantismo sa pamamagitan ng paggamit ng sining ng musika at panitikan. Ito marahil ang nagiging panghatak ng mga BL maliban sa mga paggamit ng mga may hitsurang tauhan upang matangkilik silá ng kanilang mga manonood. Ito ang isa sa mga landas na tinatahak ng mga BL series sa kabila na hindi pa ganito ang nangyayari sa realidad.

Ginagamit madalas ang genre ng mga batang kababaihan mula sa kanilang pagdadalaga hanggang sa pagsapit ng edad na 20. Kung gayon, tumutuon ang bentahe sa nosyon (tama man o mali) na nakakapagdulot ito sa mga manonood ng kilig sa mga naguguwapuhan at lalaking-lalaking kumilos na mga artista. Dahil sa gayon, sa kabila na representasyon ng mga BL series ang relasyong lalaki at/o lalaki, hindi pa rin ito nangyayari sa mga tunay na karanasan ng mga bakla sa tunay na buhay. (Carreon 2020) (salin)

Paglalagom

Marahil hangga't tumatagal ang panahon, nagkakaroon ng iba't ibang pamamaraan ng pagpapahayag ang bawat isang nasa bahagi ng tinatawag na LGBTQiA+. Nagkataon lamang na sa panahon ngayon, ang paglitaw ng mga BL series ang naging trend dahil una, mas malawak ang sakop nito dulot ng digital na platform at pangalawa, ibang putahe ng pag-atake sa katauhan ng isang lalaki kung hindi man, isang bakla ang tinatalakay ng mga BL series. Napatatatag nito ang oryentasyon ng isang tao pagdating sa pagtanggap ng kaniyang identidad at maging sa pagtanggap ng lipunan. Hindi nito nililito ang pagkilala ng iba bagkus mas napapalinaw pa ang kamalayan sa pag-iibigang taglay na mayroon sa lalaki at/sa lalaki.

Nabibigyang kapangyarihan ng mga BL series ang minsang alternatibo lamang na pagpoposisyon ng mga bakla sa lipunan. Hindi man ganong kalapit sa katotohanan ang nasisilayan dito, nabibigyan naman ng pagkakataon ang bawat isa ng puwang na sa kabila ng kahit anumang oryentasyong seksuwal, kasarian o pagkatao, hindi hadlang ang umibig at magmahalan.

Mga Sanggunian (References)

- Bolen, Derek. 2016. "Homonormativity". *The Sage Encyclopedia of LGBTQ Studies*. New York: Sage Publications.
- Carreon, Allan. 2020. "What Are Thai 'BL' Series and Why Are They Suddenly Exploding in Popularity in the Philippines?". *Esquiremag.com*, April 27, 2020. <https://www.esquiremag.ph/culture/movies-and-tv/why-thai-bl-series-popular-in-the-philippines-a2298-20200427-lfrm>. Inakses noong Agosto 24, 2020, 02:30pm.
- Curry, R. 2012. "Relationship Between Usage and Perception of Behavior:

- How LGBT Individuals Use Online Social Networking Applications For Personal Relationships". LGBT Online Social Networking Applications. Tennessee. <https://trace.tennessee.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1041&context=ccisymposium>. Inakses noong Agosto 24 , 03:40pm.
- Duffy, Bobby., Hannah Shrimpton, Michael , Ffion Thomas, Hannah Whyte-Smith & Tara Abboud. 2018. Beyond Binary: The Lives and Choices of Generation Z. London: Ipsos MORI Social Research. https://www.ipsos.com/sites/default/files/2018-08/ipsos_-_beyond_binary_-_the_lives_and_choices_of_gen_z.pdf. Inakses noong Agosto 26 , 09:30pm.
- Fisher, Deborrah. A., Douglas L. Hill., Joel W. Grube & Enid L. Gruber. 2007. "Gay, Lesbians and Bisexual Content on Television: A Quantitative Analysis Across Two Seasons". Journal of Homosexuality. February 2007. NIH Public Access.
- Futekiya. 2020. "What is Danmei?" Published June 19, 2020. <https://futekiya.com/what-is-danmei/>. Inakses noong Agosto 28 , 10:00pm.
- GagaOOLala. 2020. "Broken Fantasy". Inakses noong August 28, 2020, 10:22pm.
- Gonta, Gabby., Shannon Hansen., Claire Fagin & Jennevie Fong. 2017. "Changing Media and Changing Minds: Media Exposure and Viewer Attitudes Towards Homosexuality". *Pepperdine Journal of Communication Research*, Vol. 5, Article 5. California: Pepperdine Libraries. <https://www.philstar.com/opinion/2020/05/30/2017480/thailands-boys-love-series>. Inakses noong August 30 , 10:30am.
- Lim, Michael Kho. 2020. "Mapping the Boys' Love Fandemic". Inilabas noong June 01, 2020 sa ganap na 01:20am. <https://tribune.net.ph/index.php/2020/06/01/mapping-the-boys-love-fandemic/>. Inakses noong August 30 , 02:00pm.
- Merecek, Jeanne., Stephen E. Finne., Mona Cardell. 1982. "Gender Roles in the Relationships of Lesbians and Gay Men". Journal of Homosexuality. Vol. 8. No.2. NIH Public Address.
- Peralta, Edralyn. 2020. "By Gay Men, for Gay Men: Why Bara Manga Deserves to Be as Popular as Yaoi". July 06, 2020. <https://www.cbr.com/gay-men-bara-manga-vs-yaoi/>. Inakses noong Agosto 30 , 05:00pm.
- Prassanam, Natthanai. 2019. "The Yaoi Phenomenon In Thailand and Fan/Industry Interaction". *Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media and Society*. Vol. 16, Issue 02. December 02, 2019. Quezon City: Office of Research and Publication, College of Mass Communication.
- Remoto, Danton. 2020. "On Thailand's Boy Love Series". *The Philippine Star*, May 30, 2020.
- Robinson, Brandon Andrew. 2016. Heteronormativity and Homonormativity. *The Wiley Blackwell Encyclopedia of Gender and Sexuality Studies*, First Edition. New Jersey: John Wiley & Sons, Ltd.
- Tian, Xi. 2020. *Homosexualizing By Love in China: Reflexivity, Genre Transformation and Cultural Interaction*. *Prism: Theory and Modern Chinese Literature*. Vol. 17, Issue 1. Lingnan University.
- Tsjeng, Zing. 2016. "Teens These Days Are Queer AF, New Study Says." https://www.vice.com/en_us/article/kb4dvz/teens-these-days-are-queer-af-new-study-says. Inakses noong Agosto 29, 2020, 10:30pm.
- Watson, Joey and Kim Jirik. 2018. Boys' love: The unstoppable rise of same-sex soapies in Thailand. <https://www.abc.net.au/news/2018-06-16/boys-love-same-sex-dramas-in-thailand/9874766> . Inakses noong Marso 07, 2021, 3:50pm.
- Yukari, Fujimoto. 2020. "The Evolution of "Boys' Love" Culture: Can BL Spark Social Change? <https://www.nippon.com/en/in-depth/d00607/>. Inakses noong Marso 07, 2021, 2:35pm.

Zhao, Yao and Anna Madill. 2018. "The Heteronormative Frame in Chinese Yaoi: Integrating Female Chinese Fan Interviews with Sinophone and Anglophone Survey Data". *Journal of Graphic Novels and Comics*. Volume 9, Issue 5. London: Routledge.

TALA UKOL SA KONTRIBYUTOR (ABOUT THE CONTRIBUTORS)

Mary Angelica Bonifacio

Si Mary Angelica Bonifacio ay nagtapos ng Batsilyer ng Agham sa Sikolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman noong 2019 at kasalukuyang isang *HR officer* sa isang *IT Firm* sa Quezon City. Sa kanyang pag-aaral sa UP ay naging miyembro siya ng UP Bukluran sa Sikolohiyang Pilipino. Nasa proseso siya ngayon ng pagtatayo ng isang *Learning Resource Center* sa Pandi, Bulacan bilang pagsusulong sa pagkakapantay-pantay sa edukasyon, pagtutuon ng pansin sa mga *out of school youth*, at pag-aangat ng kalidad ng bukas na edukasyon para sa kabataang Pilipino. Ang kanyang libreng oras ay inilalaan niya sa pag-aalaga ng kanyang anak, pagsusulong ng kalusugang pangkaisipan sa pamamagitan ng *bullet journaling* at *mindfulness*, pagpipinta, pagsusulat, at pagbabasa ng mga nobela.

Ang pananaliksik ng kanilang grupong pinamagatang, “Maginoo Kahit Pa Niloko? Pagbibigay-Kahulugan ng mga Lalaki sa Pangangaliwa ng Kanilang Karelasyon” ay bahagi ng mga pangangailangan sa kanilang klase na Psych 118 o Field Methods in Psychology sa ilalim ng gabay ng kanilang gurong si G. Jay Yacat. Ang nabanggit na papel ay inilahad sa Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino noong 2018 at itinanghal bilang pinakamahusay na pananaliksik sa Psynergy Trese sa taong 2019.

Mar Anthony Simon dela Cruz

Tubong Isabela, nagtapos si Mar Anthony Simon dela Cruz ng Ph.D. sa Filipino (Pagsasalin), MA Filipino (Malikhaing Pagsulat), at BA Art Studies sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Professorial Lecturer siya ngayon sa Kolehiyo ng Sining at Komunikasyon ng UP Baguio at sa Paaralang Gradwado ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Nagturo siya ng Humanities at Philippine Art sa UP Los Baños at ng Filipino sa Unibersidad ng Santo Tomas, kung saan naging resident fellow siya ng UST Center for Creative Writing and Literary Studies.

Inilathala ng Komisyon sa Wikang Filipino noong 2017 ang salin niya na *Espasyo at Identidad: Mga Ekspresyon sa Kultura, mga Sining, at Lipunan ng mga Muslim sa Filipinas* ni Abraham Sakili. Siya ang awtor ng mga koleksiyon na *Isang*

Gabi sa Quezon Avenue at iba pang Kuwento (UP Press, 2015) at *Pasakalye* (National Commission for Culture and the Arts at Ateneo Institute of Literary Arts and Practices, 2010) na bahagi ng Ubod New Writers Series II. Kabilang ang kaniyang mga akda sa mga antolohiya tulad ng *Dx Machina*, *Piglas*, *Saanman*, *Wagi/Sawi*, *Like/Unlike*, *ANI 37*, *ANI 38*, *Kalas*, at iba pa.

Sumubok siya sa pagsulat ng maikling dula, at naitanghal sa Cultural Center of the Philippines ang kaniyang Hayop bilang bahagi ng Virgin Labfest 8. Naparangalan siya sa Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, naging finalist sa Madrigal-Gonzales Best First Book Award, at nagawaran ng Ph.D. Dissertation Award, 2019 NCCA Research Grants Pogram. Nalathala ang kaniyang mga artikulo sa Malay Journal ng DLSU at Hasaan Journal ng UST. Nakatuon ang kaniyang pananaliksik sa pagsasalin ng mga popular na akda, na may tuon sa pagsusuri ng mga usapin sa kasarian. Bukod sa pagtuturo at pagiging freelaancer bilang tagasalin, abala rin siya sa pagiging tatay sa kanilang asong si Pogi at mga pusang sina Ganda, Alab, Liyab, Ningas, at Finley.

msdelacruz@up.edu.ph

Mary Dorothy dL. Jose, Ph.D.

Si MARY DOROTHY dL. JOSE ay Associate Professor sa Department of Social Sciences, University of the Philippines Manila. Nagtapos siya ng BA in History, MA in Asian Studies at Ph.D. Philippine Studies mula sa University of the Philippines Diliman. Naglingkod siya bilang tagapayo ng GABRIELA Youth-UP Manila at tagapag-ugnay ng UP Manila National Service Training Program (NSTP) mula 2005-2011. Nakapaglathala siya ng mga pananaliksik sa iba't ibang dyornal at aklat, gayundin ng mga teksbuk sa Araling Panlipunan at Agham Panlipunan para sa elementarya hanggang senior high school. Kasama rin siyang patnugot at manunulat ng aklat na "*Kababaihan sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino*," koleksyon ng mga akda tungkol sa papel ng kababaihan sa kasaysayan mula sa sinaunang bayan hanggang sa panahon ng Batas Militar. Madalas din siyang maimbitahan bilang resource speaker sa mga palabas sa telebisyon katulad ng History with Lourd, Pilipinas HD, ReAksyon, Aksyon sa Umaga, State of the Nation with Jessica Soho, IJuander, at Matanglawin, gayundin sa ilang dokumentaryong ipinalabas ng National Historical Commission of the Philippines (NHCP), upang magbahagi ng kaalaman tungkol sa kasaysayan.

Kabilang sa mga parangal na natanggap niya ang Gawad Likasayan para sa Pagpapalaganap ng Kasaysayan mula sa UP LIKAS noong 2013; UP Manila-PGH Gender Advocate para sa taong 2013 at 2014; research grant mula sa ENITAS (Empowering Network for International Thai and ASEAN Studies), Institute of Thai Studies, Chulalongkorn University, Thailand noong 2016; Hughes Research Fellowship mula sa University of Michigan, Ann Arbor, USA noong 2018; at 2021 One UP Faculty Grant Award in Women Studies for Outstanding Research and Public Service in UP Manila. Pangunahing interes niya sa pananaliksik ang kababaihan sa kasaysayan at araling pangkababaihan. Noong Marso 2018, nagkamit ng unang gantimpala ang kaniyang sanaysay na "Race, Gender, and Photography: Images of Filipino Women at the 1904 St. Louis Exposition" sa 1st Virginia B. Licuanan History Writing Contest na inisponsor ng Ateneo Library of Women's Writings (ALiWW) ng Ateneo de Manila University. Kasalukuyan siyang Convenor ng Manila Studies Program at Coordinator ng Office of the Gender Program ng College of Arts and Sciences, UP Manila. mdjose@up.edu.ph

Rashia Andrea Lubuguin

Si Rashia Andrea Lubuguin ay isang registered psychometrician at kasalukuyang nagtatrabaho bilang *HR Officer* sa isang *non-governmental organization*. Siya ay nagtapos ng Batsilyer ng Sining sa Sikolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman noong 2019. Siya ay *alumna* ng UP Bukluran sa Sikolohiyang Pilipino, isang organisasyon na nagsusulong ng pag-aaral at paglinang ng nasabing larangan sa sikolohiya. Ilan sa kanyang mga adbokasiya ay ang pagkakapantay-pantay at pagsulong sa karapatan ng mga kababaihan at ng *LGBTQIA+ community*, pagprotekta sa karapatan ng mga kabataan, at katarungang panlipunan. Sa kaniyang libreng oras, siya ay nanonood ng mga pelikula at palabas sa *Netflix*, nag-aaral mag-*bake*, at nagbabasa ng mga libro.

Ang pananaliksik ng kanilang grupong pinamagatang, "Maginoo Kahit Pa Niloko? Pagbibigay-Kahulugan ng mga Lalaki sa Pangangaliwa ng Kanilang Karelasyon" ay bahagi ng mga pangangailangan sa kanilang klase na Psych 118 o Field Methods in Psychology sa ilalim ng gabay ng kanilang gurong si G. Jay Yacat. Ang nabanggit na papel ay inilahad sa Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino noong 2018 at itinanghal bilang pinakamahusay na pananaliksik sa

Psynergy Trese sa taong 2019.

Princess Lovella Maturan

Si Princess Lovella Maturan ay kasalukuyang gradwadong mag-aaral ng departamento ng Sikolohiya sa UP Diliman, kung saan Sikolohiyang Pilipino ang kaniyang *area of interest*. Gaya ni Rashia, siya ay nagtapos ng Batsilyer ng Sining sa Sikolohiya sa nasabing unibersidad. Kabilang sa kaniyang mga interes sa pananaliksik ang tunggalian ng kapangyarihan, feminismo, kultura at tradisyon, at relasyon ng mga babae at lalaki. Sa kaniyang libreng oras, si Ella ay nag-aaral ng mga wika, kumukuha ng larawan, nakikinig sa OPM at hip-hop (at marami pang ibang *genre*), at nagtatanghal bilang miyembro ng Kontra-GaPi, isang *traditional Philippine music and dance ensemble*. Bilang pagbabalik-biyaya, nagsisilbi rin siya bilang *volunteer* at nag-oorganisa ng *service projects* para sa mga komunidad na nangangailangan ng suporta sa iba't ibang parte ng bansa.

Ang pananaliksik ng kanilang grupong pinamagatang, “Maginoo Kahit Pa Niloko? Pagbibigay-Kahulugan ng mga Lalaki sa Pangangaliwa ng Kanilang Karelasyon” ay bahagi ng mga pangangailangan sa kanilang klase na Psych 118 o Field Methods in Psychology sa ilalim ng gabay ng kanilang gurong si G. Jay Yacat. Ang nabanggit na papel ay inilahad sa Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino noong 2018 at itinanghal bilang pinakamahusay na pananaliksik sa Psynergy Trese sa taong 2019. pgmaturan@up.edu.ph

Marvin R. Reyes, Ph.D.

Kasalukuyang Prefect of Student Activities ng College of Arts & Sciences ng San Beda University, Mendiola, Manila. Nagtuturo siya ng mga subjek sa Filipino, Kultura, Pagsasalin, at Pananaliksik. Nagtapos ng Ph.D. in Translation (Ladderized) sa De La Salle University noong 2007 at Bachelor of Arts in Philosophy sa University of Santo Tomas noong 2001. Hinggil sa pag-aaral ng telebisyon at Kulturang Popular ang kanyang hilig bukod pa sa disipina ng Pagsasalin at pag-aaral ng pangkalahatang pagsusuri sa Kultura.

Isa siya sa nagpasimula ng pag-aaral ng Korean Hallyu sa Pilipinas nang kaniyang gawin ang disertasyon nito na umiikot sa paksang dubbing ng teleseryeng Jewel in The Palace noong 2007 sa ilalim ng paggabay ni National Artist for Literature na si Dr. Bienvenido Lumbera. Dahil dito,

iprinesenta niya ito sa Gangnam, Seoul, South Korea noong 2012 bukod pa sa pagbabasa ng mga papel at pananaliksik sa iba't ibang kumperensya sa bansa na may kinalaman sa mga usaping Korean Hallyu at ang impak nito sa kulturang Pilipino. Naging tagapagsalin din siya ng Kama Sutra sa Filipino na may limitadong labas noong 2003 sa pamamagitan ng Red Pen Publishing sa ilalim naman ng paggabay ni Dr. Josephine Pasricha.

Nagsulat din siya ng ilang mga textbooks sa Senior Highschool at Kolehiyo sa subjek na Filipino. Isa siya sa mga tagapayo sa Filipino ng Student Publication ng San Beda University, ang The Bedan.

Nakatanggap siya ng Danding Cojuangco Jr. Professorial Chair in Languages noong 2017 sa pamamagitan ng kaniyang pananaliksik na Paggamit ng Metalinguistic Translation sa Interpretasyon ng mga Piling Advertisement ng San Miguel Corporation kung saan fumokus ang pagtalakay sa paggamit ng metalinguistics sa mga television commercial ads partikular na ang mga tv ads ng San Miguel Corporation.

Sakasalukuyan, tinatahakparin niya ang landasinsang malikhaing pagsusulat. Isa sa mga patunay nito ang pagkakasulat niya ng isang personal na sanaysay sa unang labas ng edisyon ng *Luntian Journal*, Journal ng Malikhaing Pagsulat para sa mga Guro at Gradwadong mag-aaral ng Departamento ng Filipino ng De La Salle University nito lamang Agosto 8, 2020. mrreyes@sanbeda.edu.ph

PANAWAGAN PARA SA MGA PAPEL

Tumatanggap ang DGR ng mga artikulo sa wikang Filipino at Ingles. Bukas ito sa anumang artikulong pangkababaihan at pangkasarian mula sa iba't ibang disiplina, at larangan tulad ng pagtuturo, pananaliksik, gawaing ekstensiyon at administratibo. Bukas din ito sa mga artikulo tungkol sa iba't ibang sektor, mga napapanahong isyu, mga rebyu ng aklat, tesis, disertasyon, pelikula mga produktong pangmidya, malikhaing akda kabilang na ang mga tula, dula, sining biswal, komiks at iba pa. Sumasailalim ang mga artikulo sa *double-blind review*.

Para sa mga susunod na isyu, ipangunguna ang mga artikulong may kaugnayan sa:

TEMA

1. *Kababaihan/kasarian sa panahon ng pandemic/COVID-19*
2. Sexual Orientation, Gender Identity and Expression (SOGIE)
3. Mga usaping pangkalalakihan (masculinities)
4. Mga karanasang pang-akademikong nilalapatan ng perspektibang pangkasarian
5. Edukasyon at serbisyong pampubliko
6. Pananaliksik (food and water security, health sufficiency, bio-diversity, sustainable community)
7. Social scripts: paniniwala, kumbersasyon, dayalog sa pagitan ng mga henerasyon, relasyon at kasarian
8. Karanasan sa GAD mainstreaming
9. Prostitusyon
10. Institusyong panlipunan: pamilya, barkada, simbahan, paaralan, midya, gobyerno
11. Misogyny
12. Migrasyon at pandaigdigang sitwasyon
13. Midya, *social media*, *fake news*, *fraud*, pabrikasyon
14. Kalusugan at isyung medikal, *reproductive health*, STDs, *mental health*
15. Simbahan, espiritwalidad, at relihiyon
16. Mga pananaliksik sa kababaihang Muslim at mga pangkat etniko
17. Mga isyung pangkabataan (*teenage marriage*, *teenage pregnancy*, mga isyung panseksuwalidad)
18. Mga batas at lehisasyon
19. Karahasang seksuwal, Violence Against Women and their Children, Sexual Harassment
20. Neoliberalismo at Pambansang Sitwasyon

21. Feminismo, Pakikipagtunggali, at Pagkilos ng Kababaihan
22. Mga Isyu at Pakikipagtunggali ng LGBT
23. Kalikasan, Kaligiran, at Kalamidad

PANUNTUNAN SA PAGPAPASA NG AKDA

1. Orihinal, hindi pa nailalathala sa anumang publikasyon;
2. May habang 25-30 pahina ang artikulo, *double-spacing* kasama ang mga larawan/ ilustrasyon at sanggunian o 6,000-8,000 salita;
3. Gamitin ang Chicago Manual of Style (sistemang awtor-petsa) sa buong dokumento;
4. Lagyan ng *caption* at *source* na ginamit sa bawat larawan o biswal ng artikulo;
5. Tungkulin ng awtor na kumuha ng informed consent kaugnay ng kaniyang akda, sa teksto man o sa mga larawan/ biswal na ginamit;
6. Walang pangalan ang artikulo. Isumite sa nakahiwalay na papel ang *bionote* ng may-akda na may 300-500 salita;
7. May abstrak na 300-500 salita. Kung ang artikulo ay nasa Filipino, magsumite ng titulo at abstrak sa Ingles. Kung ang artikulo ay sa Ingles, magpasa ng extended abstract sa Filipino (1-2 pahina, *single-spacing*);
8. May limang susing salita (*keywords*) kapuwa sa Filipino at Ingles;
9. Times New Roman ang font; 12 ang sukat;
10. May bilang ng pahina sa kanan, itaas na bahagi ng pahina;
11. May *margin* na 1" sa lahat ng gilid ng papel at justified sa kaliwa at kanan ang *format* ng teksto;
12. Gamitin ang Excel sa mga talahanayan.

IPADALA ANG KONTRIBUSYON AT MGA KATANUNGAN SA:

Patnugot, genderreview.updiliman@up.edu.ph;

Para sa iba pang katanungan, maaaring ipadala ito sa e-mail address sa itaas o kaya sa updgo@up.edu.ph.

DGR CALL FOR PAPERS

The Diliman Gender Review is accepting submissions (in both Filipino and English). We invite researchers, scholars, and academics to submit original papers on women and gender research from various disciplines within the fields of teaching, research, extension, and administration work. Articles on different sectors, current events, and timely issues as well as reviews of books, theses, dissertations, and media forms and products, creative works such as poems, plays, visual art, comics, among others are also welcome. All submissions to the DGR are required to undergo a double-blind review.

Articles on the following themes shall be given priority:

THEME

1. *Women/gender in the time of pandemic/COVID-19*
2. Sexual Orientation, Gender Identity and Expression (SOGIE)
3. Masculinities
4. Academic experiences and reflections on gender perspective
5. Education and public service
6. Researches (food and water security, health sufficiency, bio-diversity, sustainable community)
7. Social scripts: beliefs, conversations, dialogue in between generations, relationships, gender
8. Experiences in GAD mainstreaming
9. Prostitution
10. Social institutions: family, friends, church, school, media, government
11. Misogyny
12. Migration and the Global Situation
13. Media, Social Media, Fake News, Fraud, and Fabrication
14. Health and Medical Issues
15. The Church, Religion, and Spirituality
16. Research on Muslim Women and Indigenous Peoples
17. Teenage Issues and Problems (Teenage Marriage, Teenage Pregnancy, Sexuality)
18. Laws and Legislation
19. Sexual Violence, Violence Against Women and their Children, Sexual Harassment
20. Neoliberalism and the National Situation
21. Feminism and Feminist Movements and Struggles
22. LGBT Issues and Struggles
23. Nature, the Environment, and Calamities

AUTHOR INSTRUCTIONS

1. Submissions must be original and unpublished;
2. Papers should be double-spaced and up to 25-30 pages long (6,000 to 8,000 words);
3. Papers should be formatted following the Chicago Manual of Style (author-date system);
4. All photos/graphics must be captioned and properly attributed to their sources;
5. The author is responsible for securing informed consent and permissions required for all texts and/or graphics utilized in the submission;
6. Author names and affiliations shall not appear on papers submitted for review, and their 300-500 word author bionotes should be submitted separately;
7. Authors should provide English titles and 300-500 word abstracts for submissions in Filipino. For submissions written in English, an extended abstract in Filipino (single-spaced, 1-2 pages long) is required;
8. Abstracts should be accompanied by five (5) keywords in both Filipino and English;
9. Submissions must be in Times New Roman font, size 12;
10. Papers must be paginated at the upper-right corner;
11. Papers must have one-inch margins on all sides and text format justified / aligned on both left and right sides; and
12. All tables must be made using Excel.

EMAIL SUBMISSIONS TO:

The Editor, genderreview.updiliman@up.edu.ph;
 For inquiries, e-mail us at updgo@up.edu.ph.

**PUBLIKASYON NG UP DILIMAN GENDER OFFICE
(UPDGO Publication)**

UP Diliman Gender Office Website Downloadables
(<http://dgo.up.edu.ph>)




Situationers/Reports



Brochures



Law/Policy Primers



Monograph Series





DZUP GENDERadyo Podcast
Maaaring mapakinggan sa
Spotify, Apple/Google Podcast,
atbp podcast application



Diliman Gender Review



Social Media Accounts



UP DILIMAN GENDER OFFICE

2/F Benton Hall, M. Roxas Street,
UP Diliman, Quezon City; 1101
(8)985-8500 loc. 2467
updgo@up.edu.ph

UPDGO 2021

Kristel May Gomez-Magdaraog, RSW, MAWD
Coordinator

Cindy Cruz-Cabrera
Gender and Development Officer

Ma. Stephanie Joy A. Andaya
Research and Publication Officer

Giano Ray C. Potes
SOGIE and Training Officer

Regimer Jannine D. Duka
Campaign and Advocacy Officer

Concepcion T. Marquina
Administrative Assistant

Wilfran L. Dela Paz
Administrative Aide

Anna Myrishia Engraciadinia Magdalena R. Villanueva
Guidance Service Specialist

Atty. Alnie G. Foja
Legal Consultant

Maria Patricia Vito Cruz De Vera
Donn E. Gaba
Emergency Crisis Counselors

